Karapat-dapat ba ang Buhay mo sa Ebanghelyo?

Jeffersonville, Indiana, USA
Hunyo 30,1963

1 Manatili tayong nakatayo sumandali habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo at tumingin tayo sa Panginoon. Kung mayroong anumang kahilingan na nais ninyong iparating sa Diyos. Maaari bang sa pagkakataong ito ay itaas ninyo ang inyong mga kamay sa Kaniya nang paganito at hawakan n'yo sa inyong puso anuman ang nais n'yo. 2 Makalangit naming Ama, nagpapasalamat kami sa isa na namang araw. At ngayon, nagsisimula na itong tumaas; magiging bahagi na ito ng kasaysayan. Ang mga gawain kaninang umaga ay naganap na. Ang mga salitang naipangusap ay nasa himpapawid na, naka-tape, at kakatagpuin natin ito pagdating ng araw. Kung hindi tama ito ay mali ito. At tayo'y — nananampalataya tayong tama ito, sapagkat ito'y Salita Mo. Ngayon, dalangin namin na ipagkaloob Mo sa amin ngayong gabi ang mga kahilingan namin. 3 Nakataas ang aming mga kamay, humihiling sa Iyo, nalalamang batid Mo na ang mga pangangailangan namin at kung ano ang hinihingi namin. Kaya't dalangin namin na tugunin Mo nawa kami, Panginoon, at ibigay Mo sa amin ang nasa ng aming mga puso; iyon ay kung magagamit namin ito upang parangalan Ka. Itulot Mo po ito, Panginoon. 4 Pagalingin Mo po ang karamdaman sa aming kalagitnaan. Alisin Mo pong lahat ang kasalanan at kawalan ng pananampalataya. Ibigay Mo po sa amin ang Iyong — ang bahagi ng iyong pagpapala minsan pa, Panginoon, habang nagbubulay-bulay kami sa Salita at sa oras na kinabubuhayan namin. Nagkatipon kami, Ama, na walang ibang layunin kundi ang magsikap na matutong mamuhay nang mas mabuti at mamuhay nang higit na malapit sa Iyo. Sapagkat nakikita naming dumarating na ang araw, at kailangan naming magkatipon nang madalas at nang makakuha kami ng mga instruksiyon mula sa Iyo. Itulot Mo po ito, Ama, sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Maaari na kayong maupo.)

2 Alam kong napakainit at punung-puno ang lugar na ito; kaya't ikinalulungkot naming wa— wala kaming air condition. At ako'y . . . Marahil iyan ay . . . May dalawang bagay akong nais gawin para sa iglesia sa sandaling makabalik ako gaya ng nais ko, kung makakabalik ako nang maayos sa mga gawain. Gusto ko ng — ng piano, na ilalagay kong paganito, nang sa gayon ay nakaharap ang pianista sa kongregasyon. Gusto ko ring magkaroon ng organ dito sa kabila at ng air conditioner, kung magkakagayon ay nadarama kong ako'y — kumpleto na. Kaya't tayo'y . . . Umaasa tayo sa Panginoon at alam nating ipagkakaloob Niya ito sa atin.

3 Wari ko'y ang sabi nila sa akin ay pinilas ito ni Brother Hickerson sa isang magasin. Ipinatong niya ito sa ibabaw ng aking mesa doon sa likuran. Iyan ang konstelasyon ng mga Anghel na nalathala sa — sa magasin na ipinangusap natin. Nakikita ba ninyo ang hugis na piramid? Tingnan n'yo ang isang ito sa tabing ito, ang matulis na pakpak at nakaliyad ang dibdib niyang ganiyan sa gawing kanan ko, tulad ng ipinangusap ko sa pulpito ring ito maraming buwan na ang nakararaan. Kita n'yo? Hayan na. At ang "Look" magazine — o ang "Life" Magazine ang naglathala nito, ang — ang labas nila ng buwan ng Mayo, Mayo 17, sa paniwala ko (Tama nga ba?), ang labas nila ng Mayo 17. Ikinukuwento ni Mrs. Wood sa akin kanina na maraming tumawag sa kaniya at tinatanong siya . . . Iyan ay labas nila nung Mayo, Mayo 17. 7 Isa itong mahiwagang ulap. Ang ulap ay dalawampu't anim na milya ang haba at tatlumpung milya ang lapad. At iyan nga ang ipinangusap natin dito. At diyan bumaba ang Anghel ng Panginoon at nayanig ang lugar na iyon, at ang buong . . . Mas malakas ang tunog nito . . .

4 Alam kong may isang lalaking kung . . . Parang si Brother Sothmann — nakita ko pa lang siya kanina rito — narito siya nakatayo siya kanina (siyanga, heto siya sa gawing ito) naroon siya nang mangyari iyon. Wari ko'y hindi ako kalayuan sa kaniya nang mangyari iyon; nakita ko pa lang siya, kinawayan ko siya kanina (hawak ko kasi ang kaniyang binoculars), at ang — ang hayop na hinahanting namin ay — ay wala sa burol na ito. Nakita ko ang mga iyon nung makalawa pa at sinabi ko sa kanila kung saan dapat magpunta. At nagpunta ako sa gawing ito para kung dito sila daraan, babaril ako sa itaas at itataboy ko silang pabalik doon, para mabaril nila ang — ang — ang hayop nila. Kaya't Javelina ang tawag doon.

5 Kaya nga, nagpunta ako sa gawing ito, at wala sila — wala ang mga iyon sa magkabilang panig. Nakita kong naglalakad si Brother Fred, at wala rin ang mga iyon doon. Nagbalik siya at si Brother Norman naman ay tumawid ng burol. At lumiko ako, bumaba ako sa maliit na bangin at saka ako pumanhik, ako lang mag-isa, mga isang milya't kalahati ang tinahak kong totoong masukal na lalawigan. At naupo ako at nagpalinga-linga sa paligid. Magtatanghali na noon, at isa-isa kong inaalis ang mga iyon, ang tawag namin doon ay ulo ng kambing, parang amorseko iyon, inaalis ko

ang mga iyon sa binti ng aking pantalon, kung paano ko nakita ang aking sarili nung narito ako't ilahad ko sa inyo ang tungkol sa pangitain, mga anim na buwan bago maganap ang pangyayaring iyon. 10 At ang sabi ko, "Nakapagtataka. At tingnan n'yo kung paanong ako'y direktang nasa hilaga ng Tucson, parang hilagang silangan, kaya . . ." Ang Tucson, kung matatandaan n'yo ang sabi ko ay bahagyang timogkanluran. At ang sabi ko, "Nakapagtataka." At tinitingnan ko ang — sa amorsekong paganito, inaalis ko ang mga ito sa aking — marami sa mga ito — sa aking pantalon. Kung hindi pa kayo nakakapunta roon, disyerto ang lalawigang iyon. Ibang-iba kaysa rito. Mga dalawampung ulit na mas maliwanag doon, at wala roong mga punong-kahoy na gaya ng mayroon tayo rito, puro lang kaktus at buhangin. Kaya't tinitingnan ko iyong ganiyan. Tumingin ako sa itaas; at sa tantiya ko, mga kalahating

milya mula sa akin ay may nakita akong isang buong lupon ng — ng javelina, nakahiga — na patungo sa dulong bahagi kung saan ay nanginginain sila ng damo. At naisip ko, "Ngayon, kung mapapapunta ko lang sana sina Brother Fred at Brother Norman doon, iyon ang tamang lugar.

6 At sa gabing iyon bago tumindi ang Espiritu Santo sa kampo namin, may mga sinasabi Siya sa aking mga bagay-bagay na nangyari at naganap, kinailangan kong tumayo at lumakad nang palayo sa kampo. At kinabukasan ay umakyat ako roon, at nagsimula akong . . . Ang Sabi ko, "Ngayon, kung mapupuntahan ko si Brother Fred, palalapitin ko siya sa bundok na ito," at may isang milya ang layo nito sa direksiyong ito, doon sa lugar na kung tawagin namin ay hogback, paakyat iyong ganito, doon sa tuktok ng baku-bako, at mabanging kabundukan at saka bababang paganito, tatawid at paparito at saka lulusong sa direksiyong ito, at doon ko siya susunduin. At kailangan niyang lumusong sa pinakababa ng burol para masundo naman niya si Brother Norman, at marahil ay apat o limang milya ang layo noon, at pagkatapos ay pabalik pa. At maglalagay sana ako ng — ng kapirasong kleenex, na isasabit ko sa kapirasong tulos, para matandaan ko kung saang umbok ng bundok ako lalabas pagbalik ko.

7 At ka — katatawid ko lang sa munting burol kung saan ay napakaraming matutulis na bato, at mayroon doong landas ng usa sa kabilang panig nito, mga, oh, apatnapu, limampung yarda sa ibaba ng bangin. At noon ay mga, o, magtatanghali na noon. Masasabi kong alas-otso na o alas-nuwebe, hindi ba't para ng gano'n, Brother Fred? Marahil ay pasado alas nuwebe na iyon, ano? Mabilis akong tumakbo patungo sa panig na ito para hindi ako makita ng mga javelina. Mga baboy damo ang mga iyon, alam n'yo, at madaling mabugaw ang mga iyon.

Kaya't tumawid ako sa burol nang paganito at tumawid — at nagsimula akong tumakbong paakyat ng burol, at nagtatakbo ako roon na parang — ang tawag namin doon ay takbong aso; at bigla na lamang nayanig ang buong lalawigan. Noon lang ako nakarinig ng ganoon kalakas na pagsabog. Nayanig ang lupa, at nagsigulong ang mga bato. At ang pakiramdam ko ay umangat ako nang mga limang piye mula sa lupa, parang ganoon. Na — natakot talaga ako. At naisip ko, "Ay, naku . . ." ang akala ko ay nabaril ako, na may kung sinong . . . nakasuot ako noon ng itim na sumbrero. Naisip ko na baka napagkamalan akong javelina na nagtatatakbo sa bundok, may bumaril sa akin. Napakalakas ng pagsabog na iyon sa kinaroroonan ko. At bigla na lamang may nagsabi, "Tumingala ka." Hayun na nga. At noon Niya sinabi sa akin, "Ito na ang pagbubukas ng Pitong Tatak; umuwi ka na." Kaya naririto ako ngayon.

8 Nakatagpo ko si Brother Fred at Brother Norman pagkalipas ng mga isang oras nang mahanap ko sila, at masayang masaya sila at pinag-uusapan nila iyon. At hayun na nga. At ayon sa siyensiya ay imposible raw na — na mamuo ang anumang uri ng halumigmig sa gayong taas, ang fog, ulap. Kita n'yo, may naaabot itong takdang taas . . . Hindi ko alam. 15 Ako kasi — kami — kapag nangingibang bansa kami, naglalakbay kami sa taas na siyam na raang piye; lampas na iyon sa maaabot ng mga bagyo. Humigit kumulang ay apat na milya ang taas no'n. At ipalagay mo na, sabihin na lang natin na sa taas na labing limang milya ay wala nang makakapamuong halumigmig. Ngunit ito'y dalawampu't anim na milya ang taas, at nanatili iyon doon maghapon. Kita n'yo? Hindi nila alam kung ano iyon. Ngunit salamat sa Panginoon at alam natin. Salamat, Brother Hickerson. Ilalagay ko iyon sa aking mesa doon sa loob, at kapag isinulat na nila ang aklat, aba, magagamit natin iyon.

9 Mayroon ditong isang maikling sulat na inabot sa akin . . . Sa paniwala ko'y dumami na tayo sa bilang mula nang huli akong maparito. Wari ko ang pangalan niya ay . . . Ang alam ko, ang pangalan ng kaniyang ama ay David West. At may isang maliit na bata ritong nais nilang ialay sa Panginoon. Tama ba? Ngayong gabi ba o sa Miyerkules ng gabi? Hindi ko alam, mangyari'y . . . Ngayong gabi? Mabuti. Buweno, paano naman ang . . . Ikaw si David, hindi ba? Sabi ko na nga ba, eh. Sige, dalhin na nga ninyo rito ang bata, kung maaari lang ay sumampa na rito sa piano ang sister natin, at tugtugin ang awiting, "Bring Them In." Ang pastor, kung mamarapatin niya, ay pumanhik na rito, at iaalay natin ang batang lalaking ito sa Panginoon.

Ngayon, sinisikap nating panatilihin itong Iskriptural.

10 Apo mo ba ito, Brother West . . . Parang hindi ito posible, hindi ba? Sister West, ano'ng palagay mo, hindi ba't . . . Alam mo ba kung ano'ng iniisip ko'? Alam mo, lolo na rin kasi ako. Naaalala ko tuloy si Brother Demas Shakarian. Nakatayo siya sa harap ng napakaraming tao. At tulad ko rin siya na malituhin, alam n'yo. Nakatayo siya roon; ang sabi niya, "Alam n'yo," aniya, "Si — sinabi ko kay Rose na nadarama ko (Asawa niya iyon.)," ang sabi niya, "pakiramdam ko'y mas lalo akong tumanda mula nang maging lola ako." Ang sabi niya, "Oh, ang ibig kong sabihin ay lolo." 18 Alam mo, ako . . . Hindi ka nag-iisa, Brother West; maraming ganiyan dito. At mabuti iyan. Sa palagay ko'y totoong mapagpapahalagahan natin ang ating mga apo. Hindi ito — sana naman ay hindi ito masamang pakinggan, ngunit makagugugol tayo ng mas maraming oras sa piling nila, sa palagay ko, kaysa sa — sa ating mga anak. At tinanong ko iyan sa aking maybahay nung makalawa, ang sabi niya, "Siyanga, maaari mo silang mahalin sandali pagkatapos ay isasauli mo na sa nanay nila at makapagpapatuloy ka."

11 Buweno . . . 19 Mayroon akong munting apong lalaki diyan sa likuran. Ang sabi niya, "Pawpaw

mangaral ka, Pappaw mangaral ka." At nangolekta sila ng abuloy nung nakaraang Linggo ng gabi at inilapag nila iyon sa mesa, at ipinasok nila siya roon. At narinig niya akong nagsasalita sa mikropono; ang sabi niya, "Papaw mangaral ka, Pappaw mangaral ka." At ang sabi ni Billy, "Oo, hayun siya." At ang sabi niya, "Hindi." At sumambulat ang abuloy sa sahig. Gusto kasi niyang lumabas dito, alam n'yo. At lagi niya akong tinatawag, alam n'yo. Kapag nakita niya ako kahit saang kumbensiyon ay tiyak na sisigaw siya, "Pappaw mangaral ka." . . . ? . . . Kaya alam kong nakakatuwa talaga sila.

12 Hoy, puwede ba akong manghiram ng kaunting buhok sa iyo? Kita n'yo, hindi niya kailangan ito ngayon; ako ang nangangailangan. Ano'ng pangalan niya? David Jonathan, hindi ba't napakagandang pangalan niyan? Sana matulad ang buhay niya sa taong pinagpangalanan sa kaniya, si David, si haring David, sa trono niya luluklok si Cristo, at gayon din si Jonathan, ang mahal niyang kaibigan. Sinasabi ko sa inyo, kaibig-ibig ang mga batang ito. Malaki talaga ang pagpapahalaga natin sa kanila. Ngayon, gumigising na siya, at ma — malakas siyang sumigaw ng "Amen" singlakas ng lahat sa kanila, alam n'yo, kaya't hindi natin hahayaang makagulo sa atin iyan. Inaalay natin siya sa Panginoon. Sa tingin ko'y kagiliw-giliw ito, na may mag-asawang sa kanila inilagak ng Diyos ang pangangalaga ng munting batang tulad nito at naparito sila ngayon upang ialay siya sa Panginoon. At kapag ganiyan ang ginawa n'yo, nagpapakita ito na hindi kayo — na ibinabalik lang ninyo sa Diyos kung ano ang ibinigay Niya sa inyo. Pagpalain siya ng Diyos.

13 Ngayon, kung gusto mo siyang kargahin . . . Sa tingin ko mas mahusay kumarga ang ina kaysa sa akin. At ano kaya't patungan na lang natin siya ng kamay. Mas gusto n'yo ba iyan? Dang kasi, natatakot ako na baka mabitiwan ko siya — hindi naman sa mabibitiwan ko siya, baka mapilayan ko siya o ano, alam n'yo na. Lagi akong natatakot na baka mapilayan ko ang mga ito, alam n'yo. Ang — ang aking . . . Nariyan si Meda't nakaupo. Sa palagay ko, ito ang isang trabaho ko dito sa entablado na kinaiinggitan niya, alam n'yo. Gustung-gusto kasi niyang kinakarga ang . . . Buweno, tingnan n'yo ito, titingin siya sa akin. Gandang bata. Opo. Marahil ay maaari ko siyang kargahin. Puwede kaya? Oh, sister, huwag — sana hindi siya mahulog. Ika'y . . . Hindi ba ang cute niya? Salamat. Kumusta ka? Buweno, kagiliw-giliw siya.

14 Magsiyuko tayo. Panginoong Jesus, maraming taon na ang nakalipas ngayon nang isilang ang Cristianismo sa anyo ng isang Lalaking tinaguriang Cristo, ang pinahirang Mesiyas, Jesus ang Kaniyang Pangalan . . . Dinala ng mga tao ang kanilang mga mumunting sanggol sa Kaniya upang mapatungan Niya sila ng kamay at mabasbasan sila. At ang sabi Niya, "Hayaan ninyong magsilapit sa Akin ang mumunting mga bata, sapagkat para sa kanila ang Kaharian ng langit." Ang kagiliw-giliw na mag-asawang ito, ang kanilang mga lolo't lola at ang mga kasamahan nila ay mga tunay na tagasunod ng Salita. Panginoong Jesus, dinadala ko at itinataas ko sa Iyo ngayong gabi, kami ng pastor, ang kaibig-ibig na si David Jonathan West. Ibinibigay ko siya sa Iyo. Mula sa ina't ama niya, inaalay ko siya sa Iyo, Panginoon, para sa kalusugan, kalakasan, mahabang huhay ng paglilingkod upang parangalan ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat na Siyang nagdala sa kaniya sa mundong ito. Nawa ay sumakaniya ang mga pagpapala ng Diyos. Nawa ang Espiritu Santo ay mapasa batang ito; at kung mayroon pang bukas, dalhin nawa niya ang Ebanghelyong minahal nang husto ng kaniyang mga magulang at mga lolo't lola hanggang sa araw na ito. Itulot Mo nawa, Panginoon. Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo ay ibinibigay ko sa Iyo ang batang ito sa pagtatalaga ng kaniyang huhay. Amen.

15 Gusto yata nilang kunan ng litrato ang bata. Napalundag din ako. Pagpalain ka ng Diyos, sister. Nawa ay ibigin mo't mahalin ang Panginoong Jesus, at nawa ang mapalaki ang bata sa katuwiran ng Diyos, at magkaroon ka nawa ng isang kahanga-hangang batang lalaki, natitiyak ko. Sumaiyo nawa ang Diyos. Nalaglag niya yata ang kaniyang pacifier. Na — nakuha na ba nila? Ay, naku. Ngayon, awitin natin ang munting awiting iyon, "Bring

Them In." Sabay-sabay tayong lahat alang-alang sa bata. (Sige, sister.) ... hatid, na sila, Ihatid sila kay Jesus. 20 Wala akong ibang mga kamay na maaaring paglagakan sa kanila, kayo ba mayroon? Ang mga kamay ng Panginoong Jesus . . .

16 Ngayon, alam kong mainit doon sa labas. At nais kong sabihin sa janitor, ang, kapatid kong si Doc, o sa mga nangangasiwa nito, may mga sister tayo na nalalagyan ng grasa ang mga palda gawa ng — gawa ng grasang nasa upuan. Ilan ba sa inyo ang nalagyan ng grasa? Alam ko na nagrasahan ang asawa ko, ang dalawa kong anak, ang batang si Betty Collins, si Mrs. Beeler, ang iba sa kanila . . . May kung ano'ng grasa sa upuan. Kung maaari ay tingnan mo, Doc, kung magagawa mo. Ito'y . . . Sa tingin ko diyan yata sa . . . Grasa yata o pintura iyan na laging nadadaitihan, sa mga upuan. At hindi ba kanyo? Buweno, hindi ko alam kung ano yan kung gayon. Isang bagay iyan, na . . . may nagbanggit niyan sa akin at ang sabi ko'y babanggitin ko na lang kay — kay Doc. Mabuti. Ngayon, Miyerkules ng gabi ang pulong panalangin . . . [Kinausap ni Brother Branham si Brother Neville -Ed.] Mayroon pa bang iba . . . Nag-anunsiyo na ba kayo — nakapagpaanunsiyo na ba kayo, Brother Neville? Naipasok nang lahat ang paanunsiyo.

17 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ng umaga ay nais kong mangusap sa isang paksa tungkol sa pagsasakdal sa salinglahing ito sa salang pagpapapako sa krus kay Cristo. At

sasabihin n'yo, "Hindi naman ang salinglahing ito ang gumawa no'n." Malalaman natin kung ipinapako nga ba nila o hindi batay sa Salita. 23 Ngayon, sa susunod na Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon. Kung hindi . . . Kung — kung — kung sakaling may mangyari . . . Dapat sana ay nasa Houston ako sa linggong ito sa isa ring kumbensiyon, at aabutin na ako ng Linggo. Kaya't hindi ko alam kung magagawa ko o hindi. Ngunit may dalawang Linggo pa naman tayong natitira bago sumapit ito, at pagkatapos ay — pupunta na kami sa Chicago para sa kumbensiyon, o sa gawain sa Chicago sa huling Linggo ng buwang ito. Pagkatapos ay kailangan ko nang ibalik ang pamilya ko sa Arizona, para — bago matapos ang bakasyon nila, at kailangan na namang pumasok sa eskuwela ng mga bata. 24 Ngayon, ilan ba ang nasiyahan sa pagbasa ng Salita at sa pagpapala ng Panginoon. Lahat tayo ay totoong nasisiyahan.

18 Ngayon, maalinsangan, at alam kong ang iba sa inyo ay kailangang umuwi ngayong gabi. Alam kong sina Brother Rodney at Charlie at ang mga kasama nila ay kailangang magmaneho ng malayo. At, teka muna, nakabakasyon ka, diba? Buweno, nabalitaan kong mangingisda ka. Hindi nagbibigay ng oras ang Panginoon sa tao kung nangingisda siya; hindi ka tumatanda habang nangingisda ka. Kaya ngayon, kayong mga kababaihan, sasama kayo sa kanila. Kita n'yo? At — at pupuntahan ko kayo at sasamahan ko kayo kung magagawa ko. At alam n'yo, ang ating butihing Panginoon, ayon sa sabi nila, hindi Niya binibilangan ng oras ang tao habang nangingisda siya. Mangisda kayo nang mangisda kapag kayo'y — kapag masyado na kayong napapagod. Iyan ang pinakamainan na paraan ng pamamahinga na natuklasan ko sa buhay ko, ang pangingisda.

19 Mayroon akong munting tarheta minsan galing kay Mr. Troutman. May nakakaalala ba kay Mr. Troutman, sa kompanya ng yelo sa New Albany? Mayroon siyang munting tarheta; doon ay nakasulat, "Nangingisda." Tapos ang sabi niya, "Ang taong may . . . Lahat ng tao, ang kapatid niya ay nangingisda. Sa pamamagitan ng matulunging kamay, lagi silang laang tumulong mangisda." Mayroon pa siyang walo o sampung bagay na isinulat doon, at pagdating sa ibaba, ang sabi, "Mas malapit sa Diyos ang tao kung siya'y nangingisda." At lahat ay tungkol sa "pangingisda." 27 Buweno, sasabihin ko sa inyo ang ibang uri ng pangingisdang ginagawa ko may mga — sa loob nitong nakaraang tatlumpu't tatlong taon, nangingisda ako ng mga kaluluwa ng mga tao. Nawa ay tulungan tayo ng Panginoon upang maakay natin ang lahat ng masumpungan natin.

20 Ngayon, sa gabing tini-tape ito . . . Ngayon, sa umagang ito, kung naririto si Jim, o kung nagti-tape siya, pa — parang sa tape, may tumawag ng aking pansin tungkol dito, ang sabi ko, "Ang Ikalawang Exodo." Hindi ikalawa ang gusto kong sabihin; kundi Ikatlong Exodo. Ang Espiritu Santo sa anyo ng Haliging Apoy nang manaog ang Diyos at magpahayag isinagawa Niya ang unang exodo at — at doon sa — inilabas Niya ang Israel mula sa Egipto. Ang ikalawang exodo ay nang ilabas ni Cristo ang iglesia mula sa Judaismo. At ang ikatlong exodo naman ay ang pagpapalabas ng Haliging Apoy ding iyon sa Nobya mula sa iglesia. Kita n'yo? Ang paglabas pala ng espirituwal mula sa iglesia, at makukuha natin ang tatlong antas nito. 29 Ngayon, sa gabing ito ay nais kong gumawa ng isa pang tape, at ito'y tinaguriang: "Karapat-dapat ba ang Buhay Mo para sa Ebanghelyo?" Marahil ay hindi masyadong mahaba ito, dahil may ilan lang akong mga Kasulatan at mga talang hawak ko rito. Ngunit una sa lahat, nais nating basahin ang Salita ng Diyos. Bago natin gawin iyan, sumandali nating iyukod ang ating mga puso sa Kaniya.

21 Panginoon, sinumang lalaki sa pisikal, o babae man, o bata man, ay makabubuklat ng mga pahina ng mga pahina ng Bibliang ito, ngunit walang ibang makapagpapahayag Nito maliban sa Iyo. Dalangin ko, Panginoon — sa pagtalakay ko ng tekstong ito dahil nailagay sa aking puso na ipadala ito sa lahat ng mga bansa alang-alang sa mga tao, nang sa gayon ay malaman nila kung ano'ng uri ba ng buhay ang hinihingi sa kanila, pagkat napakarami nang nagtanong sa akin: "Ang buhay Cristiano ba ay isang buhay ng pagsisilbi sa simbahan? Ito ba'y pagtulong sa mga mahihirap at nangangailangan? O ito ba'y ang pananatiling isang miyembro? Ito ba'y katapatan — isang katapatan sa simbahan?" at ang iba pang tanong na tulad nito. At Ama, nawa — dumating nawa ang tamang sagot sa gabing ito sa pamamagitan ng mga salitang ito na pinagsisikapan naming i — ihatid sa mga tao. Sa Ngalan ni Jesus Cristo ay hinihiling namin ito. Amen.

22 Ngayon, buklatin ninyo ang inyong mga Biblia sa — sa Aklat ng San Lucas, at magsisimula tayo sa ika-14 na kabanata, sa talatang 16, babasa tayo ng ilang Kasulatan bilang batayan, bilang panlikod na larawan sa bagay na ito at sisikapin nating maglaan ng hindi magkukulang sa mga tatlumpung minuto. Ngayon, talatang 16 ng ikalabing apat na kabanata ng San Lucas . . . Datapuwa't sinabi niya sa kanila, May naghanda ng isang malaking hapunan; at marami siyang inanyayahan; At sa panahon ng paghapon ay sinugo niya ang kaniyang alipin, upang sabihin sa mga inanyayahan, Magsiparito kayo; sa — sapagka't lahat ng mga bagay ay nahahanda na.

At silang lahat na parang iisa ay nangagpasimulang nangagdahilan. Sa kaniya'y sinabi ng una, Bu- . . . bumili ako ng isang bukid, at kailangan kong umalis at tingnan; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. At sinabi ng iba, Bumili ako ng limang magkatuwang na bakang lalake, at paroroon ako upang sila'y subukin; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako.

... sinabi ng iba, Bago akong kasal, . . . kaya hindi ako makaparoroon. At dumating ang alipin, at

isinaysay ang mga bagay na ito sa kaniyang panginoon. Nang magkagayon, sa galit ng puno ng sambahayan ay sinabi sa kaniyang alipin, . . . (Pansinin n'yo na hindi sinabing mga alipin — alipin!) . . . Pumaroon kang madali sa mga lansangan at sa mga daang makikipot ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at mga pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay.

At sinabi ng alipin, Panginoon, nagawa na ang ipinag-utos mo, at gayon ma'y maluwag pa. . . . sinabi ng panginoon sa alipin, Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang aking bahay.

Sapagkat sinasabi ko sa inyo na alin man sa mga taong inanyayahan ay hindi makatitikim ng aking hapunan.

23 Ngayon, napansin ba ninyo, tatlong hatak iyon o tatlong ulit nang una silang humayo at tawagin ang mga inanyayahang dumalo, at hindi sila nagsidulog. Kaya't nagkaroon naman ng kampanya ng pagpapagaling, lumabas sila upang kunin ang mga bulag at lumpo. At maluwag pa rin, kaya't lumabas Siya upang himukin ang mabuti, ang masama, at ang mga nagwawalang bahala na magsipasok na sila. 33 Ngayon, may mababasa kayong isa pang talinhaga, parang kagaya rin nito, sa Mateo 22: 1-10, kung gusto n'yong basahin mamaya. Ngunit doon ko hinugot ang paksang ito: "Karapat-dapat ba ang Buhay Mo sa Ebanghelyo?"

24 Ngayon, ang sinasabi rito ni Jesus, lagi na lang may dahilan ang tao upang hindi niya matanggap ang Salita ng Diyos na nagpapaanyaya. Bagama't matibay nang napatunayan sa kanila na — na ito nga'y hapunan Niya at paanyaya Niya, ngunit lagi na lang gumagawa ng dahilan ang tao. At kung babasahin n'yo ang San Mateo 22, makikita ninyong nagsigawa rin sila roon ng mga dahilan. 35 At — at sinusubukan nilang . . . Nagbalik iyon sa lahat ng mga kapanahunan, at ang sabi'y inanyayahan sila ng isang tao at — at mayroon siyang ubasan, at makikita nating ang talinhagang iyon — at kung paanong isinugo niya ang kaniyang mga alipin upang maningil sa ubasang ito. Nang dumating ang unang alipin, ano'ng ginawa nila? Itinaboy nila siya. Nang dumating ang kasunod na alipin ay binato rin nila siya. At pinagtabuyan nilang lahat ang mga aliping nagsidating, ang mga malulupit na taong iyon. Nung huli ay isinugo ng hari ang kaniyang anak. At nang dumating ang kaniyang anak ay makikita nating sinabi nila, "Ito ang tagapagmana; patayin natin siya, kung gayon ay mapapasaatin ang lahat ng bagay." At sinabi ni Jesus sa kanila, nagsugo ang hari ng mga tauhan niya at ipinapatay niya ang mga mamamatay-taong iyon at sinunog ang kanilang bayan.

25 Ngayon, makikita nating kapag nagbigay ang Diyos sa tao ng imbitasyon at — kung gagawa siya ng isang bagay upang tanggapin ang imbitasyong ibinigay Niya sa kaniya, at tatanggihan niya ito, kung gayon ay wala nang natitira matapos tanggihan ang awa kundi kahatulan. Kung lalampas ka sa hangganan ng awa, isang bagay na lamang ang natitira, at iyon ay ang paghatol. At makikita nating iyan ang ginawa ng tao sa lahat ng kapanahunan. Ganiyan ang nangyari sa halos lahat ng kapanahunan sa Biblia. 37 Nang suguin ng Diyos si Noe, na Kaniyang alipin, at gumawa Siya ng daan — isang daan ng pagtakas para sa lahat ng mga taong nais ma — maligtas . . . Ngunit pinagtawanan lang at nilibak ng mga tao si Noe. Gayon ma'y gumawa ng daan ang Diyos, ngunit mayroon silang dahilan. Hindi kasi — hindi iyon umaayon sa kanilang — sa kanilang makabagong kaisipan. Hindi iyon — hindi kasi ganoon ang gusto nila. Kaya't nagsigawa rin sila ng mga dahilan sa mga kaarawan ni Noe.

26 Nagsigawa rin sila ng mga dahilan sa mga kaarawan ni Moises. May mga dahilan din sila sa mga kaarawan ni Elias. May mga dahilan din sila sa mga kaarawan ni Cristo, at may mga dahilan din sila sa araw na ito. 39 Ngayon, nangungusap Siya nang tahasan sa Israel, yaong mga inanyayahan sa piging, at iyan din ang sasabihin ko tungkol sa mga tao ngayon, ang iglesia na napadalhan ng paanyayang dumalo sa piging at ayaw nilang magsidalo, ang espirituwal na piging ng Panginoon . . . At ayaw nilang magsidalo; ayaw nilang dumalo. May iba silang gustong gawin. Naghahanap sila ng maidadahilan. 40 Ngayon, kung sana'y tinanggap ng Israel ang imbitasyon, dalawang libong taon na ngayon ang nakararaan, na ibinigay sa kanila, hindi sana sila ganito ngayon. Dalawang libong taon na ang nakararaan, tinanggihan ng Israel ang imbitasyong dumalo sa hapunan ng kasalan. At tinanggihan nila iyon at nasadlak sila sa paghuhukom. Ngunit tulad ng sabi ni Jesus, pinagbabato nila at pinagpapatay ang mga propetang isinugo sa kanila sa pamamagitan ng paggawa ng mga dahilan. 41 Ngayon, ang dahilang ginawa nila sa bawat kaarawan . . .

27 Makikita nating sa mga kaarawan ni Jesus ay hindi Niya — hindi Siya nakipisan sa kanino man sa kanila. Ang sabi nila, "Kailan ba nakuha ng taong ito ang kaniyang natutunan? Saan bang paaralan siya nagtapos? Hindi ba't anak siya ng karpintero? Hindi ba't ang pangalan ng ina niya ay Maria? Hindi ba't mga kapatid niya sina Jonas at Santiago, at ang iba pa? At hindi ba't kasama natin ang mga kapatid niyang babae? Kung gayon ay saan nakuha ng lalaking ito ang kapamahalaan para gawin niya ito?" Kita n'yo? Sa ibang salita, hindi Siya umanib sa kanila. Kaya't ang sabi nila, " Siya si Beelzebub; isa Siyang Samaritano. May demonyo siya, at nasisiraan siya ng bait. Siya'y — siya'y taong inaalihan ng masamang espiritu dahil sa relihiyon kaya nasiraan siya ng bait. Iyan ang dahilan kung bakit hayan siya at para siyang taong mabangis. Huwag n'yo siyang papansinin." At alam natin kung ano'ng nangyari sa Israel. At

nag — nagsigawan sila. Tiyak na tiyak sila na mali ang Taong iyon hanggang sa . . . Nang kundenahin nila Siya, ang sabi Niya — ang sabi Niya . . . "Sagot namin ang Dugo Niya, sampu ng aming mga anak," at iyon na nga ang nangyari magmula noon.

28 Sinisikap sabihin sa kanila ni Jesus na ang mga dahilan nila ang siyang pumatay sa mga propeta at sa mga taong matutuwid na nagsidating. Ang tinanggap nila ay ang mga kredong bigay ng tao sa kanila sa halip na Salita ng Diyos, at dahil dito ay winalan nila ng kabuluhan ang Salita ng Diyos. 43 Ngayon, ang sasabihin mo tungkol dito, ito nga'y kalooban ng Diyos at ang nasa ng Diyos, kung hindi ay ang ibang bagay na maaari mong likhain na mas mabuti kaysa dito. Ngayon, kailangan mong mamili ng isa. Hindi mo maaaring paglingkuran ang Diyos at si mamon. At kailangan mong sabihin, "Ito ang Katotohanan," o kaya naman ay, "Hindi tama ang pagkakabuo nito," o, "Hindi tama ang pagkakapaliwanag nito." At ang sabi ng Biblia'y hindi nagmula sa pansariling paliwanag ang Biblia. Walang ibang dapat magbigay ng paliwanag dito; nasulat Ito kung paanong nais ito ng Diyos na mapaliwanag. Kung ano'ng nakasaad, iyon — iyon na nga iyon. Tanggapin n'yo na lang kung paanong sinabi, kung paanong nakasulat. 44 Ngayon, tanggap nila ang mga kredo. Winawalang kabuluhan nila ang mga pangako ng Diyos. Nilalampasan nila iyon, nilalaktawan nila.

29 Ngayon, kung tinanggap lang sana ng Russia ang pagpapalang pentecostal pitumpu't limang taon na ang nakalilipas ngayon nang bumuhos ang Espiritu Santo sa Russia, disin sana'y hindi sila naging komunista ngayon. Ngayon, pitumpu't limang taon na ang nakalilipas ay nagkaroon ng dakilang revival sa Russia. Dumating ang Diyos sa kanila at nagkaroon sila ng mga dakilang revival na nakarating hanggang sa Siberia. At ano'ng ginawa nila? Itinakwil nila ito, at ngayon, wala na ang bansang iyon, at ni hindi makapanambahan ang mga iglesia kung walang pahintulot. At tiyak na ang tungo nila sa kahatulan at nalihis na sila sa magulong daigdig ng Komunismo, ipinagbili na nila ang sarili sa diablo. 46 Limampung taon na ngayon ang nakalilipas ay bumuhos ang Espiritu Santo sa Inglatera. Hindi naglaon ay dumating sina George Jefferies, at F.F. Bosworth, at Charles Price, Smith Wigglesworth, ang mga dakilang mandirigma ng pananampalataya, limampung taon na ngayon ang nakalilipas, at inalok sa Inglatera ang revival ng Espiritu Santo. Ngunit anong ginawa nila? Pinagtawanan nila sila. Pinakulong nila sila, tinawag silang baliw, inakala nilang nasisiraan sila ng bait. Pinagbawalan ng mga iglesia ang mga tao na makinig sa kanila. At nagpagaling sila ng mga maysakit at nagpalayas sila ng mga diablo, at nagsigawa sila ng dakilang mga gawa. At dahil ang Inglatera, bilang isang bansa, tinanggihan nito ang Ebanghelyo, ang ang kasalanan niya ay nabunyag sa buong mundo. Wala nang bansang mas malayo sa Diyos, kahit ibilang pa ang Roma at Francia, kaysa sa Inglatera. Siya ang ina ng apostasya. Sa lugar kung saan nangaral sina Finney sampu ng maraming iba pang mga dakilang kalalakihan sa — sa mga pamilihan ng dayami, a t sina Charles G. Finney, a t Wesley, at ang iba pa . . . At tinanggihan niya ito.

30 At ngayon; isa o dalawang linggo na ang nakararaan sa pahayagan, makikita ninyo kung paanong nanghina na ang kanilang mga magigiting na lalaki sa — sa mga kababaihan hanggang sa magsipasok ang mga tiktik. At nakahanap ng iba pa ang kanilang pinuno. Nilathala ito ng mga magasin. Ang iskandalong kasalanan mismo sa kanilang pamahalaan, ikinalat nito ang kahiya-hiyang pangalan nito sa buong mundo. Bakit? Tinanggihan kasi niya ang Katotohanan. Gumawa siya ng dahilan at tapos na siya. AngInglatera ay matagal na panahon nang nalayo sa Diyos. 48 Kung sana ang America, labinglimang taon na ang nakalilipas ngayon, nang magpatuloy ang dakilang revival ng pagpapagaling mula sa Pentecostes at lumaganap ito sa buong bansa, at nagkaroon ng — ng mga revival sa kapitolyo, sa Washington D.C. . . . Ang mga presidente, bise-presidente, mga malalaking tao, mga gubernador, mga dakilang bagay ang nangyayari . . . Mga gubernador at — at ang iba pang malalaking tao ay napagaling. Tulad ni Congressman Upshaw, na isang lumpo sa loob ng anim na pu't anim na taon, at hindi nila ito mapamalian. Nangyari iyon mismong sa harapan nila, ngunit tinanggihan nila.

31 At ngayong gabi, iyan ang dahilan kung bakit ang bansang ito ay nananatiling . . . Nakatakda na siyang mapahamak; wala na itong kapag-apagasa. Natawid na niya ang guhit sa pagitan ng kahatulan at kahabagan. At ibinoto na niya ang taong namumuno sa kaniya ngayon upang kontrolin ang bansa; at tagos na sa buto ang kabulukan niya. Ang moralidad ng bansang ito ay mas mababa pa sa anumang maaari kong isipin. At ang sistema ng relihiyon ay mas bulok pa kaysa sa moralidad nito. Mistula na siyang . . . Dahil sa ginawa niya, ngayon ay kasali na siya, lahat ng mga iglesia sa bansang ito, sa kapisanan ng mga iglesia at tinanggap na niya, ang tatak ng hayop. Gaano katindi ang bagay ito! Bakit? Binigyan sila ni Cristo ng pagkakataon, "Halikayo sa Aking piging," ang Pista ng Pentecostes na ang ibig sabihin ay "limampu."

32 Nang bumuhos ang Espiritu Santo sa Russia, inanyayahan sila sa isang Pista ng Pentecostes, isang espirituwal na pista, at tinanggihan nila Ito. Sa Inglatera, ang Espiritu Santo ay bumuhos sa kanila, at tinanggihan nila Ito. Sa America, bumuhos sa kanila ang Espiritu Santo at tinanggihan nila Ito. Tatlong ulit Siyang nagsumamo. Tatlong ulit Siyang nagpasugo, at hindi nila pinakinggan ang piging. At nagsugo Siyang muli, at ang sabi Niya, "Pilitin mong pumasok ang mga tao." Kailangang iayos na ang hapag-kainan. Handa na ang dulang; may lugar pa.

At naniniwala ako na marahil — marahil sa loob lamang ng isang buwan, o anuman iyon, isang taon

kaya, o gaano man kahaba ang panahon, muli na namang magpapadala ang Diyos ng isang malakas na pagyanig sa buong bansa, sapagkat mayroon pang isang naroon sa labas na nakatalagang binhi, na masisinagan ng Liwanag na iyon, saan mang lupalop iyon ng mundo. Ang bansang ito ay wala na.

33 Binabasa ko ang labas ng "Life" magazine sa linggong ito doon sa — saan nga ba — doon sa Little Rock nung makalawa, — o hindi pala, doon pala sa Hot Springs; at doon ay nakita ko — wari ko'y ang gubernador ng Estado ng New York na nakikipagsayaw sa isang babaeng malaswa. Ngayon . . . At sa ibaba ay isa pang kilalang lalaki ang gumagawa nito. Oh, laking kahihiyan nito. 53 Tingnan n'yo ang ating bansa ngayon. Tingnan n'yo ang kalagayan ng ating — ng ating bansa. Tingnan n'yo kung saan na siya nasadlak, kung gaano na siyang nalubog. Tingnan n'yo ang sistema ng ating relihiyon sa araw na ito. Paanong nangyari na ang mga iglesia ay napasadlak na sa kasalukuyang kalagayan ng mga ito ngayon? Ito'y dahil tinanggihan na nila at inayawan nila ang Mensahe ng Diyos, ang imbitasyon na dumulog sila sa piging. Matatawag ba ninyo ang ganiyang uri ng buhay na isang buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo? Matatawag ba ninyo ang buhay na nagpapahintulot sa — sa kanilang mga kababayan na gawin ang mga bagay na ito, ang paninigarilyo . . .

34 Nung makalawa dito, may isang iglesia . . . May isang koponan ng baseball na naglalaro dito sa parke, at ang anak ng bayaw ko ay pitcher ng isa sa mga koponan. Kaya't naroon siya at nagpi-pitcher, at may isang koponan ng iglesiang naglalaro roon. At naroon ang pastor kasama ng mga kabataang naglalaro sa palaruan, at sunud-sunod ang paniniganlyo ng pastor, ng kapitbahay nating iglesia na malapit lang dito sa atin. At maiisip ba ninyo na ang isang lalaki . . . At napansin iyon ng mga taong nanonood. Ngunit ang nangyayari ngayon ay hindi na pansin ito ng mga tao. 55 May alam akong isang malaking iglesia, isang iglesiang Baptist, na pinalalabas ang mga tao pagkatapos ng Sunday school at dinadagdagan ng labing limang minuto ang oras ng pahinga bago sila pabalikin sa simbahan, para ang pastor at ang kaniyang mga kasama ay makapanatili roon sa labas at makapanigarilyo bago sila bumalik upang ipagpatuloy ang panunungkulan nila sa Panginoon. Si John Smith, ang nagtatag ng iglesiang iyon, ay nanalangin nang masidhi upang magpadala ng revival ang Diyos hanggang sa mamaga at magsara ang mga mata niya sa gabi, at kailangan na siyang akayin ng maybahay niya sa hapag kainan at subuan sa pagkain. Kung . . . Babaligtad ang taong iyon sa kaniyang libingan kung malalaman niyang nasadlak na sa gayong kalagayan ang iglesiang iyon. Ano nga ba ito? Inanyayahan sila ngunit nagsitanggi sila. Iyon lang iyon. At alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus dito na yaong mga inanyayahan at nagsitanggi ay hindi makakasalo sa Kaniyang handang hapunan.

35 Kapag isinugo ng Diyos ang Espiritu Santo at kumatok Siya sa pintuan ng isang tao, at sadyaan siyang tatanggi, darating ang oras na tatanggi siya sa huling pagkakataon. At kung magkakagayon ay mawawala na sa iyo ang pribilehiyo. Maaari kang maupo sa isang iglesia at makinig sa Ebanghelyo. Maaari kang gumawa nang kaunti at sabihin mo, "Alam kong tama iyan," ngunit wala ka namang pagsisikap na sumunod. Kita n'yo? Pinakikinggan mo lang, pagkat ang sabi mo, "Naniniwala akong tama iyan." Iyan ay pagsisimpatiya lamang. Maari kong sabihin, "Naniniwala akong iyan ay sampung libong dolyar." Hindi nangangahulugang akin iyon. Kita n'yo? 57 Maaaring sabihin ko, "Iyan ay masarap, malamig na tubig," ngunit ayaw ko namang inumin. Alam n'yo ang gusto kong sabihin? At ito ay Buhay na Walang Hanggan. At kung tatanggi kang tuparin no, balang araw ay matatawid mo na ang guhit sa pagitan ng kahatulan at habag, at hindi ka na — mawawala na sa iyo ang pribilehiyo upang dumulog at tanggapin ito. Sa inyo na nagsisimba rito . . . Hindi ako mananagot doon sa mga — sa mga — sa mga taong kinakalinga ng ibang mga ministro. Ngunit kung ito'y tama, utang mo ang buhay mo rito. Ano pa ba ang maaari mong masumpungan na hihigit pa ang pakinabang mo kaysa sa malaman mong maaari kang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan?

36 Ano kaya't kung mamigay ako rito ng mga kapsula na napatunayan ng siyensiya — napatunayan ng siyensiya, na ang kapsulang ito ay makapagbibigay sa iyo ng buhay na tatagal ng isang libong taon? Buweno, ka — kakailanganin kong magpatawag ng mga sundalo rito at — at nang maitaboy sila palayo sa lugar na ito. Hindi mo na kailangan pang magtawag para dumulog ang mga tao sa altar, ang kailangan mo'y bugawin sila. Ang mabuhay ng isang libong taon . . . Gayon man ay napatunayan na ng siyensiya na ang Diyos na Eternal, lahat ng Kaniyang kapangyarihang ukol sa pagkabuhay na magmuli, na nangako Siya sa iyo ng Buhay na Walang Hanggan, at ihaharang ni Satanas ang laksa-laksang kampon niya upang hindi ka makalapit Dito. Kita n'yo? Gayon man ay maaari kang tumingin, at sapat ang pag-iisip mo upang tingnan ito nang mukhaan at maunawaan mong tama nga ito, ngunit tatanggihan mo ito. Kita n'yo?

Isang bagay ito — isang uri ng dahilan: "Masyadong mainit. Masyado akong pagod. Bukas na lang." Kung anu-anong dahilan, iyan ang ginagawa nila. Sa pamamagitan ng pagtanggi sa araw ng pagbisita, nahihiwalay ka sa Diyos.

37 Ngayon, mapapansin natin. At sa Lumang Tipan, mayroon sila noong kung tawagin ay taon ng Jubileo. Iyon ang taon kung kailan ang lahat ng mga alipin ay maaaring lumaya, sa pagtunog ng Jubileo. At kung ayaw lumabas ng tao, kung may maibibigay siyang dahilan kung bakit ayaw niyang magbalik sa kaniyang lupang tinubuan, kung gayon ay kailangan niyang matatakan sa tainga sa pamamagitan ng isang panusok doon sa poste ng templo. At kahit ilan pang Jubileo ang sumapit, ang taong iyon ay lubos

nang naipagbili. Hindi na siya maaaring makabalik bilang mamamayan ng Israel kailan man. Ano'ng ginawa niya? Tinanggihan niya ang paanyaya. Hindi na sana siya kailangang magbayad pa kahit magkano. Ang pagkakautang niya sa kaniyang pagkaalipin ay natapos na. Malaya na ang kaniyang pamilya. Maaari na siyang magbalik sa kaniyang lupang tinubuan upang magkaroon siya ng sariling pag-aari. Ngunit tinanggihan niya iyon, kaya hindi na siya ibinilang sa bayang Israel, at ang pagaari niya ay ibinigay na sa iba. 61 Ngayon ang pangyayari sa natural ay nangyayari rin sa espirituwal, na kung tayo ay mga tagapagmana ng Buhay na Walang Hanggan, at napakinggan natin ang Ebanghelyo, at alam nating ito'y totoo, pagkatapos ay tatanggihan natin ito, at ayaw natin itong gawin o pakinggan, matatatakan tayo ng tatak ng hayop.

38 Ngayon, may nagsabi, "Ngayon, magkakaroon ng — ng tatakan ng tatak ng hayop; darating ang araw at ito'y magaganap." Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo; dumating na nga. Kita n'yo? Sa sandaling magsimulang bumuhos ang Espiritu Santo, magsisimula na rin ang pagtatatak ng hayop. 63 Nakikita ba ninyo, dalawa lang ang pamimilian n'yo: Ang isa, tanggapin mo Ito, at tatanggapin mo ang selyo ng Diyos; pag tinanggihan mo, tatanggapin mo ang tatak ng hayop. Nauunawaan ba ng lahat? Ang pagtanggi sa Selyo ng Diyos ay katumbas ng pagtanggap sa tatak ng hayop. Nauunawaan ba ng lahat? Ang pagtanggi sa Selyo ng Diyos ay katumbas ng pagtanggap sa tatak ng hayop, sapagkat ang sabi ng Biblia, lahat daw ng hindi naselyuhan ng Selyo ng Diyos ay tumanggap ng tatak ng hayop. 64 Pagtunog ng pakakak, lahat ng nais lumaya ay makalalaya, ang mga ayaw ay minamarkahan. Ngayon, tingnan n'yo, ang tatak ng hayop, pag pinagusapan natin ang kaganapan nito sa hinaharap, iyon na ang manipestasyon nito, doon mo na mapapagtanto kung ano ang nagawa mo. Kita n'yo? Kaya't gayon din ang Espiritu Santo; maipapamalas ito kapag nakita na natin ang Panginoong Jesus na dumarating sa Kaniyang kaluwalhatian, at madarama natin ang kapangyarihang nagpapabago, at makikita natin ang mga patay na

nagbabangon sa mga libingan, at doo'y malalaman nating isang saglit na lang at mababago na tayo at magkakaroon tayo ng katawang katulad ng Kaniya. Maipapamalas ito. At makikita nating ang mga nagsitanggi, ay maiiwan sa ibaba — sa labas — sa labas.

39 Hindi ba't sinabi ni Jesus na nagsilabas ang mga dalaga upang salubungin si Cristo? Ang iba sa kanila ay nakatulog sa unang pagbabantay, sa ikalawa, sa ikatlo, sa ikaapat, sa ikalima, sa ikaanim, hanggang sa ikapitong pagbabantay. Ngunit sa ikapitong pagbabantay, ay narinig ang tunog, "Narito, dumarating na ang Nobyo, magsilabas kayo upang salubungin Siya." At yaong mga natutulog ay nagsigising; ang lahat ng nagdaang kapanahunan hanggang sa Pentecostes ay nagsigising. Kita n'yo, mula sa ikapitong kapanahunan pabalik hanggang sa una ay nagsigising; at itong mga nasa kapanahunang ito ng iglesia na nangabubuhay, nabago sila, at nagsipasok sila. 66 At sa sandaling makapasok sila, ang mga dalagang natutulog ay nagsidating at ang sabi, "Nais naming bumili ng kaunting langis n'yo." Ngunit ang sabi nila, "Sapat lang ito para sa amin. Doon kayo pumunta sa mga nagtitinda." At habang sinisikap nilang tanggapin ang langis, siya namang dating ng Nobyo. Hindi pa nangyari sa kasaysayan ng mundo na ang mga Episcopalian, ang mga Baptist, Metodista, Presbyterian . . . 67 Punung-puno ang mga pahayagan; ang mga pahayagang pangrelihiyon ay nagpupuri sa Diyos dahil ang mga nangatutulog na dalaga ay nagsisikap na ngayong tanggapin ang Pentecostes, nagsisikap silang tanggapin ang Espiritu Santo. At hindi kaya napapagtanto ng mga tao na hindi iyon mangyayari, ayon sa Salita ng Diyos? Habang nagsisikap silang makabalik ay dumating na ang Nobyo at kinuha Niya ang Nobya, at nabulid sila sa kadiliman sa labas para doo'y hatulan dahil tinanggihan nila ang paanyaya sa kanila. Lahat ng tao ay inanyayahang dumalo. Ang Diyos sa bawat kapanahunan ay nagsugo ng Kaniyang Liwanag, at tinanggihan Ito.

40 At ngayon, ang araw na ito ay hindi iba sa alin mang araw. 68 Ang tanggihan ang araw ng pagbisita . . . Kapag binibisita ng Diyos ang iglesia at ang bayan, tanggapin n'yo. Huwag n'yong ipagpapaliban ito sa susunod na taon o sa susunod na revival; ngayon na ang oras: "Ngayon ang araw ng kaligtasan." 69 At alalahanin n'yo, hindi pa nagsugo ang Diyos ng Mensahe kailan man na hindi Niya binindika sa pamamagitan ng sobrenatural. Sinabi mismo ni Jesus, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong sampalatayanan. Ngunit kung ginagawa Ko ang Kaniyang mga gawa, sampalatayanan n'yo ang mga gawa kung hindi n'yo Ako masampalatayanan." At kapag nakita n'yong nalilinaw ito at at naipapamalas . . .

Ngayon, dumating na ang oras ng kaniyang pagtanggi, kung kaya't bubutasan na ang kaniyang tainga ng panusok, kung magkagayon ay hindi na niya mapapakinggan iyon kailan man. Ngayon ay dadalhin niya ang sarili sa kapisanan ng mga iglesia upang sumali siya at tanggapin ang tatak ng hayop.

41 Ang isa sa mga dakilang ambisyon (May nag-abot sa akin ng pahayagang ito kanina lang.) ng — ng bagong papa na sinabi niya, ay ang pagkaisahin ang mga iglesia. Gagawin nga nila ito sintiyak ng ako'y nakatayo ngayon dito, at kakagatin ito ng mga Protestante (Kita n'yo?), sapagkat ang iglesia . . . Ang sabi ng Biblia, si Pablo, ang propeta ng Panginoon ay nagsabi, "Hindi darating ang araw na iyon malibang magkaroon muna ng isang pagtaliwakas, kung magkagayon, ang tao — bago mahayag ang taong makasalanan — yaong nakaupo sa templo ng Diyos na nagtataas ng kaniyang sarili, nang higit kaysa sa

Diyos, siya bilang Diyos, nagpapatawad ng mga kasalanan sa ibabaw ng lupa at iba pa . . .” Kung paanong ang bagay na ito ay naganap, ngunit hindi ito magaganap hanggang sa magkaroon ng pagtaliwakas, hanggang sa magsimulang layuan ng iglesia ang espirituwal na piging, lalayo siya at gagawing organisasyon ang sarili. At kung magkagayon ay hindi makakapanatili ang kapahayagan sa iglesia.

42 Alalahanin n'yo, lumakad ang Israel maghapon magdamag kasama ng Haliging Apoy. Pasulong ang Haliging Apoy, sumabay sila sa pagkilos Nito. At alalahanin n'yo, Apoy iyon sa gabi at Ulap sa araw. Kaya't naroon iyon araw man o gabi, anumang oras. Ngunit anumang oras iyon, laging may paraan upang huwag na hindi nila makita Iyon. Liwanag iyon kung gabi at Ulap kung araw, at sinundan nila Iyon. Opo. 73 Ganiyan din . . . Nakita Iyon ni Martin Luther. Ano'ng ginawa niya? Lumabas siya sa Catolisismo, ngunit ano'ng ginawa nila? Nagtayo sila ng bakod sa paligid nila, ang sabi, “Mga Lutheran kami. Ito na iyon.” 74 At nakita ni Wesley na kumikilos Iyong palayo roon. Humayo siya. Ano'ng ginawa nila? Nagtayo sila ng bakod sa kanilang paligid, ang sabi, “Ito na iyon.” 75 Ano'ng ginawa ng Liwanag? Nagpatuloy Ito sa pagsulong. Nakita Iyon ng Pentecostes. Ano'ng ginawa nila? Nagsilabas sila sa Wesleyan, at sa mga Nazarene, at sa iba pa. Ano'ng ginawa nila? Nagsipagbakod na naman sila at ang sabi, “Mga Oneness kami,” at, “Mga Trinidad kami,” at, “Kami naman ay United,” sampu ng lahat ng ito. 76 Ano'ng ginawa Niya? Kaagad na lumabas ang Diyos doon. Kita n'yo, hindi natin maaaring gawin iyan. Kailangan nating sumunod araw-araw, bawat oras ng maghapon, bawat hakbangin sa daraanan. Kailangan tayong akayin ng Panginoong Jesus Cristo. Kung hindi, ang tatanggapin natin ay buhay na maka-organisasyon. At ang buhay na hindi sumusunod kay Cristo araw-araw ay hindi karapat-dapat.

43 Ang isang lalaking Cristiano pag araw ng Linggo at nagsisimba, uupo siya roon at ang akala siguro niya ay pag-aari niya ang iglesia dahil ginagawa niya ang ganito, ganoon, at ang iba pa, at pagdating ng Lunes ay magnanakaw siya at magsisinungaling . . . At ang mga babaeng lalabas doon sa mga pampublikong paliguan sa tabing dagat at — at sa mga lansangan na ang suot na damit ay imoral . . . 78 Naisip ko ang — ang — ang unang ginang na hindi makaharap sa papa nang hindi nagme-make-up at pagbalik niya ay nagpauso siya ng gupit na water-head sa mga kababaihan ng bansa. At lahat ng mga damit na isinuot niya nang magdalang tao siya, lahat ngayon ng kababaihan sa bansa ay gusto na ring magsuot ng ganoong damit na pambuntis. Siyanga. 79 Ito'y mga halimbawa, at alam nilang gagayahin ito ng mga tao. May nakukuha silang espiritung galing sa sanlibutan, at hindi iyan nararapat sa iglesia ng Diyos na buhay. Dapat ay kay Cristo tumingin ang mga kababaihan. Dapat ay si Sarah ang pamarisan n'yo at ang iba pang mga babae sa Lumang Tipan.

44 Ngayon, humantong na sila sa . . . Nangangaral ako nung isang gabi, sa isang lugar, tungkol sa mga babae na dapat ay sundin nila ang kanilang mga asawang lalaki. Sundin? Siyanga. Matagal nang panahong wala iyan sa ritwal ng kasal. Ngunit . . . Ayaw nilang gawin iyon. Hindi po. Sa America sila nakatira at sasabihin talaga nila sa inyo. Hindi sila susunod. 81 Ngunit habang ayaw n'yong sumunod, huwag na huwag n'yong sasabihing Cristiano kayo, dahil hindi. Kahit pa magsayaw at magsalita ng ibang wika, kung hindi ka sumusunod sa iyong asawa, nasa labas ka ng kalooban ng Diyos. At ang babaeng nagsusuot ng syort at gumagawa ng mga bagay na ginagawa niya sa lansangan, huwag mong sasabihing Cristiano ka. Gusto mong mapasayo ang sanlibutan pagkatapos ay nais mo pa ring panatilihin ang iyong patotoo. Hindi mo maaaring gawin iyan sa Presensiya ng Diyos samantalang alam na alam mo na hindi mo dapat ginagawa iyan.

45 Pansinin n'yo. Butas na ang tainga, markado na, kung gayon ay hindi na kayo makaririnig pang muli. Alalahanin n'yo, iyan ang tanda ng pagsasara ng tainga. Hindi na ninyo ito mapapakinggan pang muli. Hindi na kayo makikinig; hinding-hindi na ninyo ma — magagawa itong muli. 83 Oh, hindi siya naniniwala riyan. Ay, naku. Huwag mong sasabihin sa kaniyang naniniwala siya roon. Hindi, Sasabihin niya agad sa iyo . . .

Hindi niya alam iyon. Paanong magagawa ng — ng isang binibini (tatanungin ko kayo) — paanong magagawa ng isang binibini . . . gaya ng ipinangusap ko nung nakaraang Linggo ng gabi, isang linggo na ngayon ang nakararaan tungkol sa Patay-sinding Pulang Ilaw, kung paanong ang — ang — ang mga babae ngayon ay naging mas magaganda kaysa . . . Ngayon, wala — wala akong laban sa kababaihan, ha, iyan ay sadyang . . . ngunit kontrolado niya iyan . . . Kita n'yo, ang . . . Nagkaganiyan siya upang malagay siya sa panunukso, tulad ni Eva na nalagay sa harapan ng puno.

46 Bawat tao, bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kailangang dumaan sa oras ng pagsubok. Ito ay kapanahunan ng babae, iyan ang bansang ito, kung saan kailangan niyang dumaan sa pagsubok. Kung isa siyang magandang babae at kikilos siya tulad ng isang kapatirang babae, pagpapalain siya ng Panginoon. Ngunit kung magagawa niya sa kaniyang sarili ang — kung alam niya ito at ilalantad niya ang kaniyang sarili, tahasan itong nagpapakita na — na may masamang espiritu sa kaniya. Hindi niya gustong magkagayon, sa palagay ko; marami sa kanila ang ayaw magkagayon, ngunit hindi nila napapagtanto na . . . 85 Pwede mo bang sabihin sa akin na ang isang disente, at babaeng nag-iisip, magagawa niyang magsuot ng mga kasuotang isinusuot nila ngayon sa lansangan? 86 Mayroon akong dalawang anak na babae na nakaupo rito. Hindi ko alam kung ano'ng kalalabasan ng mga batang ito; idinadalangin ko lang

sila. Ang mga kabataan ngayon, hindi ko — hindi mo masabi. Hindi ko alam. Hindi naman sila di tinatablan nito. Kailangan nilang tumayo sa sarili nilang dalawang paa sa harap ni Jesus Cristo upang managot. Hindi sila maaaring pumasok batay sa kung ano — ang — ang paniwala ko, o sa kung ano ang paniwala ng kanilang ina. Hindi ko alam kung ano'ng ginagawa nila, ngunit ang paniwala ko sa oras na ito, kung lalabas ang mga babaeng iyon sa lansangan suot ang ganoong uri ng damit at kung iinsultuhin sila ng lalaki dahil sa suot nila, sa paniwala ko, kahit magkaroon ako ng pagkakataon, hindi ko masisisi ang lalaking iyon. Tama. Ang mga babae ang sisisihin ko. Hindi kasi nila dapat ginagawa iyon.

47 Makinig kayo. Kung nag-iisip ang isang lalaki, at itinuturo nila na ang tao ay hindi kaiba sa hayop, galing kasi siya sa lahi ng hayop. At tingnan n'yo kung gayon . . . At ilagay mo siya roon sa labas na parang . . . 88 Dalhin mo ang aso sa babaeng aso sa isang pagkakataon . . . Tatalunin nila ang bakod at lahat dahil may babaeng asong naglalandi, baboy man, baka, lahat ng uri ng hayop . . . At kung tayo ay kabilang sa buhay-hayop, at gayon

nga tayo, ang pisikal na bahagi natin . . . At kapag inilalantad ng babae ang sarili niya nang ganoon, pinatutunayan lang niya na wala siyang pinagka-iba sa babaeng aso — pagdating sa bagay na iyon. Siyanga. Sapagkat hindi niya dapat ginagawa iyon. Alam kasi niya; ang kalikasan ang nagtuturo sa kaniya na titingnan siya ng lalaki. At ang sabi ng Biblia, "Ang sinomang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkasala na ng pakikiapid sa kaniya sa kaniyang puso."

48 Naglagay iyan ng oras ng pagsubok. At pinagaganda ng diablo ang babae, hinuhubaran sila, at pinalalabas niya sila roon para kayo subukin. Mga kalalakihan, iiwas ninyo ang inyong mga ulo; maging mga anak kayo ng Diyos. Mga kababaihan, magdamit kayo tulad sa mga anak na babae ng Diyos; huwag nawa kayong managot sa salang pakikiapid sa araw na iyon. 90 Kung ang babaeng iyon, gaano man siya kainosente . . . Marahil ay wala siyang nagawang anumang pagkakasala, ngunit kapag may makasalanang tumingin sa magandang hubog ng katawan ng babae, nalalaman niyang ang kasarian niya ay lalaki at siya naman ay babae, sa — sa isang (pambabae ang glandula ng isa at ang isa naman ay panlalaki), at ang makasalanang lalaking iyon ay dapat managot sa araw ng paghuhukom, sino nga ba talaga ang may sala? Sino ang nagkasala? Hindi ang lalaki kundi ikaw. Hayan. Imoral.

49 At tingnan n'yo ang bansang ito. Datirati kapag tayo'y — nauso noon sa kababaihan ang damit na hanggang tuhod ang haba, kailangan pa nating umangkat nito sa Paris. Ngayon ang Paris na ang umaangkat nito rito. Naging napakarumi na nito hanggang sa hindi na makaagapay ang Paris. Tama. Ito'y mas lalo nang . . . Bakit? Tinanggihan na kasi nila ang Ebanghelyo. Bakit? Wala iyon sa Paris; siyento porsiyento kasi silang Catolico. Ni hindi makapasok ang mga Catolico roon. Tingnan n'yo si Billy Graham. Wari ko'y anim na raan lang ang mga Cristiano sa buong Paris sa milyun-milyong mamamayan nito, anim na raang Cristiano, mga Protestante. Hindi pa nga sila puspos ng Espiritu Santo; kundi purong mga Protestante ang mga ito. Anim na raan lang sa milyun-milyong mamamayan nito. Hindi sila nagkaroon ng pagkakataong tanggihan ito. 92 Ngunit taglay ng mga ito ang Ebanghelyo, at kung lalayuan nila ang Mensahe at sa Ebanghelyong nakita nilang naipamalas, pagtatawanan nila ito dahil hinabi na sila ng kung anong aral ng patotot, at dahil sa pastor na nakatayo sa pulpito na mas iniisip pa ang dolyar at ang kaniyang suweldo kaysa ang kapakanan ng kaluluwa ng mga taong pinangangaralan niya . . . Siyanga. Iyan ang dahilan. At siya na ngayon ang nangunguna sa buong mundo.

50 Natatandaan pa ba ninyo hindi pa katagalan sa Tabernakulong ito, nangaral ako ng isang paksa mga dalawampung taon na ngayon ang nakalilipas, "Ipapakita ko sa inyo ang diyosa ng America" at may nakaupong kasama naming isang babaeng kaladkarin. Iyon na nga. Ngayon, pati nga . . . Nakukuha lang naman nila ang hinihingi nila, at mapapasakanila nga ito; iyon lang. 94 Hindi, hindi sila maniniwala. Hindi po. Ipapaalam nila sa iyo na mga mamamayan sila ng America, at may karapatan silang ku — kumilos sa paraang gusto nila. Sana lang . . . 95 Sasabihin ko sa inyo. Sasabihin ko na sa inyo ngayon. Hindi po, hindinghindi gagana ang pulitika. Hindi po, hinding-hindi maaaring gumana ang demokrasya. Sagad na sa buto ang kabulukan ng demokrasya. Kung sana puro Cristiano lang ang sakop nito, ayos sana; ngunit kung ilalagay mo ito roon sa sanlibutan, ang kalalabasan nito'y puro layag at walang angkla. Ganiyan nga. 96 Tingnan n'yo ang araw na ito, kahit ano'y maaaring mangyari at sila'y sadyang . . . At kung gagamit sila ng kaunting pulitika, matatakasan nila sa salang pagpatay.

51 Nang mangaral ako roon nung gabing iyon upang sikaping iligtas ang buhay ng dalawang kabataang iyon. Talagang nagkasala sila. Maging ang abugadong iyon ay tumayo pagkatapos ko, at ang sabi niya, "Tama nga." Ang sabi niya, "Hindi ako naniniwala na dapat kitlin ang buhay ng tao." Ang sabi niya,"Kung papansinin n'yo ang talaan ng mga kriminal, sino nga ba ang mga sinisilya elektrika at iba pa? Hindi ang mga mayayaman; kaya kasi niyang bumayad ng abugado at ng — makipagdayaan, at magpagulong dito, at ng iba pa roon, at manunuhol siya." Ang sabi niya, "Ang mga kawawang kabataang tulad ng mga iyan, na walang sapat na salaping pambili ng matinong pagkain; iyan ang uri ng mga taong napaparusahan. Sila ang nasisilya elektrika mga taong — ang bansag nila ay mga ignorante, at nagtatago sila sa pangalan ng pinakamataas na kaparusahan." 98 Ang sabi ko, "Ang unang pagpatay na naganap sa mundo, pinatay ng kapatid ang kaniyang kapatid, at hindi kinitil ng Diyos ang buhay niya dahil dito. Minarkahan Niya siya nang sa gayon ay walang makapatay sa kaniya." Tama. Iyan ang Kataas-taasang

Hukom. At nakita kong inalis nila ang sintensiya sa kanila. Ngayon, muli na namang didinggin ang kaso nila. Anupa't makukulong sila nang habang buhay, at labing isang taon iyon at marahil ay saka na sila hihingi ng parol. Nagkasala sila. Tiyak ngang nagkasala sila. Dapat talaga silang mabilanggo nang habangbuhay, ngunit hindi dapat kitilin ang buhay nila. Walang karapatan ang sinumang tao na kitlin ang buhay ng kaniyang kapuwa. Hindi po. Hindi ako naniniwala riyan. Hindi po

52 Oh, ang sabi nila . . . Aba, hindi sila naniniwalang nasa labas sila ng kalooban ng Panginoon, sapagkat iyon lang ang abot ng nalalaman nila at nais nilang pakinggan. Ipininid na nila ang kanilang tainga sa katotohanan at sila'y . . . Hindi rin alam ng Egipto na ang mga holly roller na iyon ay nasa kalooban ng Panginoon. Ang gusto lang nilang malaman ay may isang baliw na lalaking galing sa ilang at mahaba ang kaniyang balbas, at ang sabi, "Faraon, naparito ako sa Pangalan ng Panginoon; palayain mo ang Kaniyang mga anak." 100 Ang sabi ni Faraon, "Sino, ako ba? Itapon n'yo siya sa labas." Kita n'yo? "Ako pa ?" "Kung hindi mo sila palalayain, hahampasin ng Panginoon — hahampasin ng Diyos ang bansang ito." 101 "Itong matandang huklubang ito — isa siyang baliw, itaboy n'yo siya kung saan; palayasin n'yo siya. Nakurta na marahil ng sikat ng araw ang isipan niya." Kita n'yo? Ngunit nagdala iyon ng kahatulan, sapagkat ang lalaking iyon ay isang propeta at taglay niya ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Siyanga. Ayaw nilang paniwalaan iyon. Ayaw ding paniwalaan iyon ng Roma, ngunit nangyari nga.

53 Ayaw paniwalaan ng Israel na iyon na nga ang Mesiyas. Paanong mangyayari na ang isang lipon ng — lipon ng mga taga Galilea . . . Ang sabi nila, "Hindi ba't pawang mga taga Galilea ang mga ito? Saan galing ang mga ito? Ano' ng uri ng mga tao ba ang kasa-kasama Niya, ang pinakadukha sa lahat. Iyan ang mga taong sinasamahan Niya. Iyan ang mga klase ng taong nakikinig sa Kaniya, ang mga mahihirap, mga taong walang alam. Hindi sila pili. Hindi sila — hindi sila ang mga tipong intelektuwal na gaya natin. Mahihirap sila." Maririnig ninyo na ganiyan ang sinasabi nila sa revival ng araw na ito. "Ano'ng uri ba ng mga tao ang nakikinig sa kanila? Ano'ng uri ba ng mga tao ang dumadalo sa mga gawaing iyon? Ano'ng klaseng mga tao ba sila?"

54 Narinig ko na may nagsabi di pa katagalan . . . Buweno, para kasi siyang . . . Siya ang amain ni Hope, at ikinukuwento ko sa kaniya ang tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo. Ang sabi niya, "Ngayon, sino'ng maniniwala riyan, mapuwera na lang ang mga klase ng taong tagasunod mo?" Ang sabi niya, "Hayaan mong si Ganito-at-ganoon (isang negosyante dito sa bayan, pinakamakasalanan siya sa lahat . . .), hayaan mong siya ang magsabing natanggap niya ang Espiritu Santo, at maniniwala ako." 104 Ang sabi ko, "Huwag kang mag-alala, hinding-hindi niya sasabihin iyan." Kaagad namatay ang taong iyon nang walang Diyos. Kita n'yo?

Mag-ingat kayo sa ginagawa n'yo; mag-ingat kayo sa sinasabi n'yo. Nais n'yo ng buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo. Tama.

55 Hindi pinaniwalaan ng bayan ng Israel ang mga taong iyon, ang Lalaking baliw na ang Ngalan ay Jesus Cristo, isinilang Siyang — yun ang akala nila — bastardo . . . At pinaniwalaan naman ng mga tao, dahil ang sabi nila ay hindi raw siya ang Kaniyang . . . "Aba, si Jose ang ama Niya, at nagdalantao na si Maria bago pa man Siya isilang. Aba, hindi iyan lehitimo. At ano nga ba Siya, isa lamang taong nasisiraan ng bait. Isa Siya sa mga taong nakakatawa. Huwag n'yo Siyang pakinggan." Ano'ng ginawa nila? Ibinubulid na nila ang kaluluwa nila sa impiyerno. Nagsikuha sila ng . . . 106 Ang sabi ni Jesus, "Hayaan n'yo sila. Kung aakayin ng bulag ang kapuwa bulag, hindi ba't kapuwa sila mahuhulog sa hukay?" Siyanga. Hindi kasi nila alam. Ayaw nilang paniwalaan. Hindi nila iyon mapaniwalaan. Hindi nila makita na ang isang payak na bayan taglay ang payak na Mensahe, kung tatanggihan, ay maaaring maging dahilan ng pagkawasak ng isang dakilang bansa. 107 Ngayon, makinig kayo! Hindi nila maunawaan na ang isang payak, karaniwan, mga mababang uri ng tao . . . Alam n'yo, ayon sa Biblia ay malugod na pinakinggan ng mga karaniwang tao si Jesus.

56 May isang munting pangyayari sa Mexico di pa katagalan, si General Valdena, hinirang ng Diyos, sumilay ang Liwanag sa kaniyang landasin sa isa sa mga gawain. Ang dakilang mandirigmang Catolicong ito, isa sa pinakamataas na heneral sa Mexico, ay buong pagpapakumbabang dumulog sa altar at natanggap niya ang bautismo ng Espiritu Santo. Nagbalik siya sa Mexico; paulit-ulit ang pakiusap niya na magpunta ako roon. Nung huli ay nagpasya akong pumaroon; pinangunahan ako ng Panginoon — nagkaroon ako ng pangitain, sinabi ko iyon sa aking maybahay. Nagpunta siya roon, at pagdating niya, palibhasa'y isa siya sa pinakamataas na heneral nila — apat na bituing heneral, nagtungo siya sa punong-himpilan, ng gubyerno. At hi — hinihigpitan nila ang mga Protestante roon, alam n'yo. Kaya't alam nilang maganda ang kalalabasan ng gawain, kaya't nagpunta siya roon at kumuha siya ng mga guwardiyang militar. At ang nangyari, kumuha sila ng isang malaking arena. At dadalhin nila ako roon. Ang gubyerno ang maghahatid sa akin doon. Kaya't nang ihatid nila ako, ang — ang obispo, isa sa mga dakilang obispo ng Simbahang Catolico ang nagpunta sa kaniya — sa gubernador at ang sabi, "Ginoo, ayon sa unawa ko ay magpapapasok ka rito ng isang mangangaral na hindi Catolico." Aniya, "Opo,

eh, ano naman po? "Aba," aniya, "hindi ka maaaring magpapasok ng ganiyang tao rito. Hindi pa ginawa iyan ng gubyernong ito."

57 Ngunit ang sabi niya, "Ginawa na po naman ngayon." Ang sabi niya, "Aba," aniya, "pinagpipitagan ang taong ito. Nauunawaan ko na libu-libong tao ang dumadalo upang makinig sa kaniya. Si Heneral Valdena, kaibigan ko siyang matalik," ang sabi niya . . . At ang . . . Mangyari'y Protestante rin ang pangulo noon, alam n'yo, isa siyang Metodista. Kaya't ang — ang sabi niya, "Pinagpipitagan ang taong ito sa abot nang nalalaman ko." Aniya. "Itong si Heneral Valdena, nakumbert siya sa gawain ng taong ito." Aniya, "Aba, sa — sa abot ng nalalaman ko ay kagalang galang siyang tao." Aniya, "Libu-libong tao, ayon sa kanila ang dadalo upang makinig sa kaniya." 110 At ang sabi ng obispo, "Ano'ng klase po ba ng mga tao ang sinasabi n'yong magsisidalo? Mga taong ignorante, sila lang naman ang makikinig sa taong tulad niya." Ang sabi ng presidente. "Ginoo, limandaang taon po ninyo silang pinangaralan, bakit hanggang ngayon ay ignorante pa rin sila?" Sapat na iyon. Iyon na ang tumapos. Ay, naku. Nabali ang sungay nila. Opo. Siyanga po.

58 At nang mabuhay ang patay na sanggol, nagsugo ako ng tagatakbo sa lalaking iyon. Ang sabi ng babae sa salitang Kastila, "Namatay ang sanggol kaninang alas nuwebe ng umaga." At kasalukuyang bumubuhos ang ulan, mga sampung libo ang nagsisitanggap kay Cristo gabi-gabi. Nung sinundang gabi ay may isang matandang lalaking bulag na nakakita sa entablado. Oh, tatlo o apat na ulit na mas malaki kaysa sa tabernakulong ito, at ganiyang kataas ang mga lumang balabal at mga sumbrero na nakalapag doon, at ako'y . . . Gumamit sila ng mga lubid para maibaba nila ako sa ring. 112 Lumabas ako roon at nagsimulang mangaral sa pamamagitan ng pananampalataya. Lumapit si Billy, ang sabi, "Daddy, kailangang gawan mo ng paraan ang babaeng iyon." Aniya, tatlong daang usher ang nakabantay doon, at hindi nila kayang pigilan ang maliit na babaeng iyon na halos ay isandaang libra lang ang timbang. At maganda ang maliit na babaeng iyon mga ganiyan kataas, oh, marahil ay iyon ang unang anak niya. Puwede kong sabihing dalawampu 't tatlong taong gulang siya o kaya'y dalawampu't lima.

59 At nakatayo siya roon at nakalugay ang kaniyang buhok at karga niya ang maliit na sanggol. At nakipaggitgitan siya sa pila, at itinutulak siya ng mga lalaki. At sinasampahan niya sila, kilik ang sanggol sa kaniyang balakang, sa anumang paraan — lumulusot siya sa pagitan ng mga binti nila o anuman iyon. Hanggang sa makapanhik siya at pinaaalis nila siya sa entablado. At wala na silang prayer card na maibigay sa kaniya.

Ang sabi niya, "Kung papapasukin ko siya, daddy, na karga ang patay na bata at wala siyang hawak na prayer card," ang sabi niya, "ang mga iba na nakatayo roon, dalawa o tatlong araw na silang babad sa ulan at bilad sa araw — at pauunahin ko siya sa kanila," ang sabi niya, "baka magkagulo." 115 Ang sabi ko, "Ayos lang iyon." Naroon kasi si Brother Moore, at kapareho ko siyang panot. At ang sabi ko, "Hindi naman niya tayo kakilala, sa dami ng tao." Ang sabi ko, "Isugo mo . . ." At — kasama ng dalawang kapatid na lalaki . . . Isa sa kapatid na tagarito sa tabernakulo, na . . . Sumakabilang buhay na siya. Hindi ko maisip ang pangalan niya sa pagkakataong ito. Ngunit nakatayo siya roon. Kaya't ang sabi ko, "Brother Moore, magpunta ka roon, at ipanalangin mo ang bata; at hindi niya malalaman kung ikaw ba 'yon o ako, basta't pumunta ka roon — at hindi siya marunong magsalita ng Ingles." Kaya't ang sabi ni Brother Moore, "Sige, Brother Branham."

60 Nagsimula siyang maglakad. At ang sabi ko, "Habang nagsasalita ako, . . ." May nakita akong isang sanggol, isang Mexicanong sanggol na nakaupo sa harapan ko at tawa siya nang tawa; ang sabi ko, "Sandali lang." At ang sabi ko, "Padaanin n'yo ang babae." Ang sabi ni Billy, "Hindi ko maaaring gawin iyan, daddy, mangyari'y . . ." Ang sabi ko, "May nakita akong pangitain, Billy." Ang sabi niya, "Oh, iba na iyan." 117 Kaya't hinawi namin ang pila at pinadaan namin siya. Heto siya at paluhod na nananalangin hawak ang rosaryo. Ang sabi ko sa kaniya, "Tumayo ka." Kaya't ang sabi ko, "Makalangit naming Ama, hindi ko alam kung anong gagawin Mo; hindi ko alam kung gusto Mo lang na bigyang kasiyahan ko ang babae sa pamamagitan ng pananalangin sa sanggol o anuman iyon," ngunit ang sabi ko, "Pinapatungan ko ng kamay ang munting sanggol na ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus." Tulad din ng ginawa ko kay Brother Way, nang nakahandusay siya sa sahig, walang buhay, nung isang araw, at biglang sumikad ang kumot, at nagsimulang magpalahaw ng iyak ang bata, at nagbalik ang buhay nito.

61 Nang magpasugo ako ng tao, si Brother Espinosa, upang samahan siya sa duktor upang kunan ng sinumpaang salaysay ang duktor na totoo ngang namatay na ang bata (alas diyes na nang gabi noon) — namatay siya nung umagang iyon ganap na ikasiyam sa kaniyang opisina sanhi ng pulmonya. Kumuha siya ng sinumpaang salaysay sa duktor. At hindi pinalampas iyon ng mga pahayagan, alam n'yo, kaya't kailangan nilang magsipunta roon. At kinapanayam nila ako, at ang sabi nila sa akin; ang sabi niya, "Sa palagay mo kaya ding gawin ng mga santo namin iyan?"

Ang sabi ko, "Kung buhay sila." "Oh," ang sabi niya, "hindi ka maaaring maging santo kung hindi ka muna mamamatay." Iyon ay . . . Hayun. Kita n'yo? At ang mga tao . . .

62 Nakita ba ninyo nung makalawa nang kapanayamin nila ang madreng iyon na isinulat nila sa mga pahayagan? May bago na namang santong namatay, oh, isandaang taon na ang nakalilipas, o parang ganoon, at gumawa sila ng — kinanonize na nila siya ngayon at ginawa na siyang santa. At ang sabi nila — nagbalik umano siya mula sa mga patay at idinalangin ang isang taong may sakit na leukemia, hindi

nga ba? Nakalathala iyon sa isa sa mga magasin. Isipin n'yo kung paanong pinalalaki nila iyon, samantalang daan-daan ng kaso ang nasasaksihan ng mga taong ito. 120 Ano nga ba ang bagay na iyon? Isipin na lamang na nakikisali pa ang Simbahang Protestante dito (Kita n'yo?), pinalalabas nilang kung ano iyon. At ang mga tunay na gawa ng Panginoon na sakdal na sakdal ang pagkakabindika, napatunayan, ni hindi nila magawang ilathala ang mga ito. Hayan na kayo. Nakatanggap sila ng imbitasyon at tinanggihan nila ito. Opo. Hindi nila maunawaan kung paanong ang isang payak na Mensahe, ang isang payak na kalipunan ng mga tao, ang tanggihan ang isang bagay na tulad nito ay magiging dahilan ng pagtungo nila sa kaguluhan.

63 May nagsabing babae sa akin, sa Grants Pass, Oregon, di pa kalaunan, isang babaeng Catolico na lumantad upang kundenahin at isulat . . . Isa siyang reporter sa diyario, may hawak siyang isang kahang sigarilyo. At ang sabi niya, "Gusto kitang kausapin." Ang sabi ko, "Ano'ng gusto mong sabihin?" Ang sabi niya, "Gusto kitang tanungin ng ilang katanungan tungkol sa iyong relihiyon." At ang sabi ko, "Ano'ng gusto mong itanong?" At ang sabi niya, "Sa ano'ng kapamahalaan mo ginagawa ito?" 122 Ang sabi ko, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo dahil sa tawag ng Diyos." At sumige siya at nagmagaling. Ang sabi ko, "Sandali lang." Ang sabi niya, "Kung kailangan kong makisama sa lupon ng mga taong ignoramus na tulad ng mga taong iyon, " ang sabi niya, "Ayaw ko nang maging Cristiano." Ang sabi niya, "At kung sila . . . Ang sabi nila ay maghahari daw ang mga taong iyon pagdating ng araw." Ang sabi niya, "Sana wala ako rito pag nangyari iyon."

Ang sabi ko, "Huwag kang mag-alala, wala ka talaga rito." Ang sabi ko, "Hindi mo kailangang alalahanin iyan." "Aba," ang sabi niya, "kung anu-ano ang mga pinaggagagawa nila at nagsisigawan pa . . ." Ang sabi ko, "Catolico ka ba kamo?" Ang sabi niya, "Catolico nga." 124 Ang sabi ko, "Alam mo bang ang pinagpalang birheng si Maria, kinailangan niyang tanggapin ang Espiritu Santo, at magsalita ng ibang wika, at magsayaw sa Espiritu katulad ng ginagawa nila, bago siya tanggapin ng Diyos? Ina ng Diyos pa nga ang tawag n'yo sa kaniya." Ang sabi niya, "Walang kabuluhan iyan." Sa loob-loob ko, "Sandali Lang, ako'y . . ." "Hindi dapat ako nagbabasa ng Biblia." Ang sabi ko, "Kung gayon, paano mong malalaman kung ano'ng katotohanan at hindi?" Ang sabi niya, "Paniniwalaan ko ang sinasabi ng aking iglesia." 125 Ang sabi ko, "Ito ang Salita ng Diyos. Narito Ito. Hinahamon kita na tunghayan mo Ito. At kasama nila si Maria doon sa silid sa itaas at tinanggap niya ang bautismo ng Espiritu Santo tulad ng lahat sa kanila, at ang tawag n'yo sa kaniya ay Ina ng Diyos." Ang sabi ko, "Pagkatapos ay tatawagin mo iyong basura, isang walang kuwentang bagay?" Ang sabi ko, "Huwag kang magalala, hindi ka makakasama; huwag kang masyadong mag-alala; kung iyan ang inaalala mo. Makabubuting alalahanin mo ang iyong makasalanang kaluluwa, batang babae." At hinayaan ko siyang umalis.

64 Ngayon, isipin n'yo ang lahat ng ito. Isang payak na . . . Ginagawa itong napakapayak ng Diyos. Paanong magagawa ni Achab, paanong magagawa ni Jesabel, paanong magagawa ng mga taong iyon na nag-akalang isang mangkukulam si Elias, ang akala nila ay isa siyang espiritista . . . Ang sabi pa nga ni Achab, "Ito ang taong dahilan ng lahat ng suliranin ng Israel." Ang sabi niya, "Ikaw ang dahilan ng suliranin ng Israel." Paanong magagawang isipin ng bansang iyon na kung tatanggihan nila ang mensahe ng isang lalaking puno ng buhok ang mukha, hindi naman siya nakadamit pari at iba pa, na iyon ang hahatol sa kanilang sambayanan? Paanong magagawa ng Egipto na naghari sa buong mundo, si Faraon sa taas ng kaniyang kalibre at dignidad (Hindi pa muling naabot ng sanlibutan ang antas nila sa agham at iba pa.), paano nilang aakalaing ang pagtakwil nila sa isang matandang propeta na walumpung taong gulang, na mahaba ang balbas, maputi ang buhok, bigla na lamang siyang darating doon, isa siyang pugante, at lumabas siya roong dala ang kaniyang mensahe, "Kung hindi mo sila palalayain ay wawasakin ng Diyos ang bansang ito." Paanong magagawa iyon ni Faraon? "Susunod ka sa akin, Faraon."

65 Ang sabi ni Faraon, "Susunod?" Siya, si Faraon, at sa isang matanda, isang huklubang sira ang ulo, sa loob-loob nila, "Tatanggihan niya ang taong iyon at magiging dahilan iyon ng pagkawasak ng bansa?" Ngunit nangyari nga. Ay, naku. 128 Tumigil muna tayo, magpahinga tayo nang ilang sandali, at manalangin tayo, at mag-isip. Ano'ng araw na ba itong kinabibilangan natin? Nasaan na tayo? Narito na naman tayo sa isa na namang makabago, maka-agham na kapanahunan. Makabubuting mag-isip tayo. Marahil kung titigil kayo — kung titigil ang mga tao at mananalangin sandali at mag-iisip nang kaunti, gaganda ang pakiramdam n'yo pagkatapos. Tama. 129 Ang isang Cristiano ay hindi isang kasangkapan o isang uri ng liyabeng mekanikal sa isang malaking rehimeng panrelihiyon. Tama. Ang isang Cristiano ay hind isang uri ng kasangkapan na patuloy na nagpapakilos sa isang makarelihiyong organisasyon. Ang isang Cristiano . . . Hindi ganiyan ang Cristiano. Ang Cristiano ay dapat katulad ni Cristo. At ang isang Cristiano ay hindi maaaring maging Cristiano malibang pumasok si Cristo sa kaniya, ang Buhay ni Cristo ay nananahan sa kaniya. 130 Kung magkagayon ay ipinakikita nito ang Buhay na ipinamuhay ni Cristo, at gagawin ninyo ang mga bagay na ginawa ni Cristo. Ano'ng sinasabi ko? Ang personal na pakikipagrelasyon kay Cristo. Ano ito? Ang buhay mo ba ay karapat-dapat sa Ebanghelyo? Ngayon, inilalatag ko ang panlikod na larawan upang maipakita ko sa inyo na may mga lalaki't babae na kilalang mga kababaihan . . . 131 Mga kalalakihan . . .

66 Ang sabi ng Biblia . . . Napansin ba ninyo nung nakaraang Linggo ng gabi, may nakaligtaan akong

banggitin, sa Genesis, ikaanim na kabanata at ikaapat na talata? Ang mga lalaking iyon na nakipag-asawa sa mga kababaihan ay mga lalaking sinauna, kilala sila, mga kalalakihang kilala, nakahulang mangyayari itong muli. Gaya nung mga kaarawan ni Noe, magkakagayon din naman sa pagdating ng Anak ng tao — mga kilalang lalaki na nakikipag-asawa sa mga babae, hindi mga asawa, mga babae, naghahanap ng ligaw na laman. Tingnan n'yo ang nangyari sa Inglatera nung makalawang linggo. Tingnan n'yo ang Estados . . . Tumingin kayo sa lahat ng dako; punung-puno ito ng prostitusyon. Malalaking tao, dakila, matataas ang opisina, nagdadala ng kahihiyan sa mga bansa, nakikipagrelasyon sa mga babae. 132 Ang dakilang lalaking iyon sa Inglatera, isang uri ng pinuno ng mga mandirigma, aba, napansin ba ninyo, maganda naman ang asawa niya. Naroon ang litrato niya. At tingnan nyo ang Rusong patotot na iyon, ngunit napakaseksi ng suot niyang damit at ibinilad niya ang katawan niya, at nahumaling ang lalaking iyon.

Ang kailangan natin ngayon ay mga anak na lalaki ng Diyos. Kailangan natin ng kalalakihan sa gubyerno na mga anak ng Diyos. Siyanga. Kaya nga, patitigilin ng isang mabuti at makadiyos na hari ang lahat ng kalokohang ito. Wala siyang sasantuhin. Tulad ng ginawa ni David, ipinatigil niya iyon. Tiyak nga, pagkat isa siyang hari, at ang tanging . . .

67 Ang tunay na paraan ay kung maghahari ang Diyos, at magsusugo Siya ng mga propeta. Hindi ba't ang — sinabi ni Samuel sa kanila bago pa sila maghalal ng hari, ang sabi niya, "Ang Diyos ang hari ninyo. May sinabi na ba ako sa inyong anumang bagay sa pangalan ng Panginoon na hindi nangyari?" Ang sabi nila, "Wala pa, tama ka." 135 "Namalimos na ba ako ng kabuhayan n'yo ?" "Hindi. Kailan man ay hindi ka namalimos sa amin ng ikabubuhay mo." "At hindi pa ako nagsalita sa inyo ng anumang bagay na hindi tama, sa harap ng Panginoon." Ang sabi niya, "Ang Diyos ang inyong Hari." 136 "Oh, napagtatanto namin iyan, at alam naming mabuting tao ka, Samuel. Naniniwala kaming ang Salita ng Diyos ay dumarating sa iyo, ngunit talagang gusto naming magkaroon ng hari." Kita n'yo? Nagkaroon nga sila ng hari. Gusto talaga ng pentecostes ng isang organisasyon. Nagkaroon nga sila. Tama. Gusto kasi nilang matulad sa ibang mga iglesia. Katulad na nga kayo nila. Humayo kayo, iyan — iyan lang ang kailangang mangyari, ngunit ang Diyos ang ating Hari. Ang Diyos ang ating Hari. Opo.

68 Ano ito? Dahil ang mga tao, tulad ng ginawa nila nung panahon ni Cristo, tulad ng ginawa nila sa bawat kapanahunan, nagsihanap sila ng maidadahilan. Nagkaroon sila ng sarili nilang mga kredo. Maaaring hindi mo gustong sabihin, "Na — nakabili ako ng baka, at kailangan kong tingnan kung masipag siya o hindi, o kung magatas ba siya, o — o kung ano'ng lahi ang pinagmulan niya." Maaaring hindi ganiyan ang dahilan mo, ngunit ito ang gustung-gustong idinadahilan ngayon ng tao, halimbawa, "Presbyterian ako. Hindi kami naniniwala riyan." "Baptist ako. Hindi kami naniniwala sa mga ganiyan." O kaya naman, "Lutheran ako," buweno, walang kinalaman iyan dito. Hindi nangangahulugan iyan na Cristiano ka. Ang ibig sabihin niyan ay kabilang ka sa isang kalipunan ng mga tao na nagtatag ng samahan. At kabilang ka sa samahan ng mga Lutheran, o sa samahan ng mga Baptist, sa samahan ng mga Pentecostal. Ngunit iisa lang ang Iglesia, at isa lang ang paraan para ka makabilang dito, at iyon ay sa pamamagitan ng kapanganakan. Ipinapanganak ka sa Iglesia ni Jesus Cristo at bahagi ka ng Kaniyang Katawan, ng espiritwal na delegasyon ng langit. At ang mga tandang nagpapakitang si Cristo ay nasa iyo, ay nabubuhay sa pamamagitan mo.

69 Mga Cristiano, oh, kailangan n'yong magkaroon ng personal na pakikipagrelasyon kay Cristo. Para ka maging isang anak na lalaki ng Diyos, dapat kang magkaroon ng kaugnayan sa Diyos. Kailangang maging ama mo Siya para ka Niya maging anak. At tanging ang mga anak niyang lalaki at babae ang ligtas, hindi ang mga miyembro ng iglesia, kundi mga anak na lalaki't babae. Isang bagay lang — isang bagay lang ang makapagpapalitaw niyan; iyon ay ang bagong kapanganakan. Ang bagong kapanganakan lamang ang makapamumunga ng kaugnayan sa Diyos. Tama ba? Mga anak na lalaki't babae . . . 139 At kapag nangyari ito, kung gayon ang lalaki (Ito ang katanungang nais kong ipaabot sa inyo.) — ang sabi ng lalaki, "Ano'ng gagawin natin pagkatapos na tayo'y maipanganak na muli?" Napakaraming nagtatanong sa akin ng tanong na iyan. "Ano'ng gagawm ko pagkatapos, Brother Branham?" Kung ikaw ay ipinanganak nang muli, ang buong kalikasan mo ay mababago. Patay ka na sa mga dating kaisipan mo.

70 "Buweno," sasabihin mo, "Brother Branham, nang sumapi ako sa iglesia ay napasaakin iyon." Buweno, kung gayon, kung sinabi ng Diyos na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man; nagpapagaling pa rin Siya ng maysakit; nagpapakita pa rin Siya ng mga pangitain . . ." "Ngunit, Brother Branham, ang aking iglesia . . ." Ngayon, hindi ka pa ipinanganganak na muli. Kita n'yo? Hindi maaari, dahil kung ang Diyos, ang Buhay Niya ay nananahan sa iyo, tulad ng — ikaw ay nasa buhay ng iyong ama, at kung ang pinakabuhay ng Diyos ay nasa iyo at ang Espiritung na kay Cristo ay nasa iyo, paanong mangyayari na ang Espiritung nabuhay kay Cristo at nagsulat nito, at nagbalik ito sa iyo pagkatapos ay itatanggi mo iyon? Kita n'yo? Hindi maaari. Sasangayunan nito ang bawat Salita. 141 At kung sasabihin mo, "Buweno, ako'y mabuting miyembro ng iglesia." Walang kinalaman iyan dito. Alam kong ang mga pagano . . . Doon sa Africa sa mga kapatiran kong negro, natuklasan ko na ang moralidad nila

ay higit na mataas kaysa sa — sa siyamnapung porsiyento ng mga Americano. Aba, may ibang tribo

roon, kung ang isang babae ay hindi pa nag-aasawa isang takdang sukat, at wala pang nakakakuha sa kaniya, alam nilang may kung anong mali. Ititiwalag nila siya. Ipahuhubad sa kaniya ang pinta ng tribo, at pupunta siya sa bayan, at doon ay magiging isa siyang lagalag. At kapag nagasawa siya, susuriin ang kaniyang pagkabirhen. Kung wasak na ang tabing ng pagkabirhen, kailangan niyang sabihin kung sino ang may gawa nito. 142 At magkasama silang papatayin. Hindi ba't napakaraming mapapatay sa America kung dito iyan mangyayari? Kita n'yo? Pagkatapos ay mga pagano ang tawag n'yo sa kanila. Ay, naku. Maaari nga silang pumarito upang magturo sa mga tao sa simbahan kung paanong mamuhay nang malinis. Tama. Walang kahit isang kaso ng sakit sa babae sa buong paglalakbay ko sa South Africa. Walang ganoon sa kanila. Hayan ka na. Kita n'yo, sadya lang marumi at mahalay ang pamumuhay nating mga puti. Tama. Nalayo na sila sa Diyos.

71 Kapag nangyari ito, ang gagawin mo, matutuklasan mo na ang Espiritung papasok sa iyo sa iyong muling pagsilang, sasampalatayanan mo at gagawin mo ang lahat ng ipinagagawa ng Diyos sa iyo ayon sa Kaniyang Salita. At lahat ng sipi ng Biblia, tutugunin mo ito ng "Amen." At hindi ka mapapakali araw at gabi hanggang sa tanggapin mo ito. Tama. Tama. At sa lahat ng pagkakataong ito, tiyak na tiyak na higit sa anumang bagay ay mamumunga ka ng bunga ng Espiritu. 144 Sasabihin mo, "Magsasalita ba ako sa ibang wika?" Maaari, maaaring hindi. "Mapapasigaw ba ako?" Maaari, maaaring hindi. Ngunit isang bagay ang tiyak na mangyayari sa iyo. Mamumunga ka ng bunga ng Espiritu Santo; at ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pananampalataya, pagpapahinuhod, kaamuan, kagandahang loob, pagtitiis. Ang init ng ulo mo ay hindi na . . . ? . . . [Naglarawan si Brother Branham -Ed.] Aallahanin n'yo, kung nasa iyo na iyon, lalasunin niyan ang Espiritu Santo palayo sa iyo. Kita n 'yo? Kapag naroon ka na sa punto na gusto mo nang makipag-away sa lahat ng taong makakasalamuha mo, mayroon nang mali. Kung naroon ka na sa punto kung saan ang — may ministrong babasa sa Biblia na hindi tamang gawin ang isang bagay, at ikaw [Inilarawan ni Brother Branham ang pagsimangot -Ed.], alalahanin mo lang, wala nang Cristianismo riyan kaunti man. Iyan ay . . . Ngayon, iyan . . . "Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga makikilala n'yo sila," iyan ang sabi ni Jesus. Kita n'yo ?

72 Kung ang Salita iyon at sinabi ng Diyos, ang Espiritung nasa iyo ay aayon sa Salita, pagkat ang Salita ay Buhay at Espiritu. Ang sabi ni Jesus, "Ang Aking Salita ay pawang Buhay." At kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, at Siya ang Salita, paanong magagawang itanggi ng Salita ang Salita? Kita n'yo? A no'ng uri bang persona ang Diyos kung ganiyan? Isang bagay ang malamang ika'y Cristiano, kung kaya mong sumang-ayon nang lubusan sa bawat Salita ng Diyos, at masusumpungan mo ang sarili mong umiibig sa iyong mga kaaway. 146 May nagsabi, "Buweno, isa lamang siyang holy-roller." At maguumpisa kang . . . Oh, mag-ingat ka; mag-ingat ka . . . Ngunit kapag tunay na nasumpungan mong mahal mo siya, anuman ang gawin nila, mahal mo pa rin sila (kita n'yo?), kung gayon ay masusumpungan mong . . .

73 At ang pasensiya mo ay hahaba mula sa ganito kahaba hanggang sa mawalan na ito ng hangganan. May taong lagi na lang namimintas sa iyo, "Buweno, kahit ano pa ang sabihin mo . . ." Huwag kang mapipikon. Kung mapipikon ka, makabubuting manalangin ka muna bago mo sila kausapin uli. Kita n'yo? Siyanga. Huwag kang sasali sa alitan. Hindi mo gugustuhing makipag alitan. Kung gusto mong makakita ng isang tao na titindig sa iglesia at magsasabi, "Alam mo ba? Sinasabi ko sa iyo na si ganito-at-ganoon, ganitoat-ganoon ang ginawa nila," sasabihin mo, "Ngayon, kapatid nakakahiya ka." 148 At kung sasabihin mo, "Oh, siyanga ba?" Pakikinggan mo ang iskandalong iyon? Mag-ingat ka, ang Espiritu Santo ay hindi basurahan. Kita n'yo ? Hindi, hindi, hindi, hindi. Ang pusong pinananahanan ng Espiritu Santo ay puspos ng kabanalan, kadalisayan, hindi nag-iisip ng masama, hindi gumagawa ng masama, sumasampalataya sa lahat ng bagay, mapagtiis, mapagpahinuhod. Kita n'yo?

74 Huwag kayong makikipag-away. Kapag ang pamilya ay nasangkot sa alitan, huwag kayong lalahok. Ang sabi ng nanay mo, "Hindi na kita papayagang sumimba sa simbahang iyon. Ano ba ang iyong . . . Ang laging laman ng isip mo, nagpapahaba ka na ng buhok; mukha ka nang lola." Huwag kang makikipag-away sa kaniya. Sabihin mo, "Sige na po inay. Tama na po, mahal ko pa rin kayo, at ipananalangin ko kayo habang ako'y nabubuhay." Kita n'yo? 150 Ngayon, huwag kayong makikipag-away. Kita n'yo ? Ang init ng ulo ay aani ng init ng ulo. Bago mo pa malaman, pipighatiin mo ang Espiritu Santo palayo sa iyo at makikipag-away ka na. At mabubugaw ang Espiritu Santo. Tama. Ang galit ay aani ng galit at ang pag-ibig ay aani ng pag-ibig. Mapuspos kayo ng pag-ibig. Ang sabi ni Jesus, "Dito, malalaman ng lahat ng tao na kayo'y Aking mga alagad kung kayo'y may pag-ibig sa isa't-isa." Iyan ang bunga ng Espiritu Santo: pag-ibig.

75 At alam mo ba, na ikaw ay isang manlilikha? Alam ba ninyo iyan? Tiyak nga. May mga taong gustung-gusto ninyong makasama; hindi n'yo alam kung bakit, siya yung tipong taong mapagmahal. Nakakita na ba kayo ng gano'n? Napakabait nila . . . Gusto mo silang kasama. Kasi . . . Nakalilikha sila ng kapaligiran sa pamamagitan ng kanilang pamumuhay, sa kanilang pananalita, sa kanilang pakikipag-usap. Pagkatapos ay nakakita na rin kayo ng mga tao na sa tuwing — iniiwasan n'yo sila. Gusto nilang laging may pinaguusapang masama, at lagi silang may taong pinag-uusapan, at ang sabi, "Ay, naku, heto na naman ang mga ito, mayroon na naman silang pipintasan. Sila'y . . . Narito na naman siya, may sasabihin na

naman siya tungkol sa taong ito. Wala na silang gagawin kundi magkuwento ng malaswa, o ng tungkol sa babae, o — o anumang bagay na tulad nito." Ayaw na ayaw mo silang makasama. Kita n'yo ? Nakalilikha sila. Mukha naman silang mabubuting tao, ngunit lumilikha sila ng gayong kapaligiran. At ang mga bagay na iniisip ninyo, ang mga bagay na ginagawa ninyo, ang ikinikilos ninyo, at ang mga bagay na ipinangungusap ninyo ay lumilikha ng kapaligiran . . .

76 Nagtungo ako sa opisina ng isang lalaki dito sa lungsod na ito, at ang lalaking iyon ay isang trustee — o isang diyakuno sa isang magandang simbahan. At pumasok ako roon upang kausapin ang lalaking iyon tungkol sa isang kalakal, at may radyo doon na tumutugtog ng rock-nroll o twist, anuman iyon, at napakalakas, at wari ko'y may apatnapung litrato ng mga babaeng nakahubad nakasabit sa opisina niya. Ngayon hindi mo maaaring sabihin sa akin na siya ay diyakuno o kung ano man siya . . . Ipakita mo sa akin kung ano'ng tinitingnan mo, ano'ng binabasa mo, ang uri ng musikang pinakikinggan mo, ang mga taong sinasamahan mo, at sasabihin ko sa iyo kung ano'ng uri ng espiritu ang nasa iyo. Kita n'yo? Siyanga.

Maririnig mong sinasabi ng isang tao, "Ako, gagawa ng ganito at ganiyan? Ang lupong iyon ng . . ." Alalahanin lang ninyo, kahit ano pa ang sabihin niya; ang salita niya ay mas malakas pa — ang ikinikilos niya ay mas malakas kaysa anumang maaari niyang sabihin. Maaari niyang ipatotoo, sabihing isa siyang Cristiano (Siyanga.), at kahit ano pa ang gawin niya, ngunit tingnan n'yo lang ang uri ng pamumuhay niya. Iyan ang magsasabi kung ano siya.

77 Ngayon, maiisip mo ba ang isang taong kung mamuhay sasabihin niya, "Ang maniwala sa Pagpapagaling ng Diyos, iyan ay isang bagay na para lang sa mga ibon. Noon pa iyan, maraming taon na ang nakalipas; wala nang ganiyan sa araw na ito." Ang buhay bang iyan ay karapat-dapat sa Ebanghelyo na nagsasaad na nasugatan si Cristo para sa ating mga pagsalangsang at sa Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo?

Sasabihin mo, "Ngunit ako'y isang diyakuno." Kahit pa nga; kahit nga obispo ka pa. Nang marinig kong sinabi ni Bishop Sheen dalawang taon na ngayon ang nakararaan habang papunta siya rito . . . Hindi na ako muling nakinig sa kaniya nang sabihin niya, "Ang taong maniniwala at magsisikap ipamuhay ang Biblia ay tulad ng isang taong nagsisikap na lumakad sa maputik na tubig . . ." — si Bishop Sheen. Pagkatapos av saka niya sinabi. "Pagdating ko sa langit . . . Alam n'yo ba? Kapag nakatagpo ko si Jesus, sasabihin ko sa Kaniya, 'Ako si Bishop Sheen,' at sasabihin Niya. 'Oh, siyanga, narinig kong nangusap ang aking ina tungkol sa iyo.'" Paganismo, mga taong namumusong sa Salita, mahabag nawa ang Diyos. Hindi ako ang hukom. Kita n'yo? Ang Salita ang Katotohanan. Tama. At kikilalanin ng Espiritu ng Diyos ang Sarili nitong sulat. Ipinakikilala Siya ng Kaniyang sulat. Na — na — nangungusap ito tungkol sa Kaniya. At napagkikilala kayo sa pamamagitan ng pagsampalataya Rito. Iyan ang magbibigay sa inyo ng kredensyal ng inyong pagkakakilanlan.

Huwag kayong makikipag-alitan sa iba at huwag — huqag kayong sasali sa mga pampamilyang away gaya ng sinabi ko. Ang pag-ibig ay aani ng pagibig, at ang galit ay aani ng galit.

78 Ngayon, masdan natin. Tingnan n'yo si Jesus sandali. Siya ang inyong halimbawa. (Sana ay hindi pa kayo masyadong pagod.) Tingnan n'yo. Tingnan natin sandali si Jesus. Siya ang halimbawa natin. Iyan ang sabi Niya. "Sapagkat nagbigay Ako sa inyo ng halimbawa, na dapat n'yong gawin sa iba kung ano ang ginawa Ko sa inyo."

Ngayon, masdan n'yo. Nang pumarito Siya sa sanlibutan, kung kailan mas marami o sindami ng kawalang pananananampalatayang nasa atin ngayon ang nasa kanila noon, tulad ng nasa lahat ng panahon, hindi Siya napabagal nito. Nagpatuloy pa rin Siya sa pangangaral: hindi Niya alintana iyon. Naroon ang mga kritiko. Pinintasan nila ang Taong iyon mula pa nung Sanggol Siya hanggang sa mamatay Siya sa krus. Napigilan ba Siya nito? Hindi po. Ano ba ang layunin Niya? "Laging gawin ang isinulat ng Ama, laging gawin kung ano ang kalugud-lugod."

79 Tingnan n'yo si Jesus. Pag-usapan natin ang pagpapakumbaba natin sa ating mga sarili, samantalang ang Diyos Mismo ay naging isang Sanggol, sa halip na dumating sa — sa isang munting kuna sa loob ng isang disenteng tahanan, doon Siya isinilang sa tambakan ng dumi ng hayop sa isang sabsaban kasama ng mga guyang baka. Ibinalot nila Siya sa panaping sako na galing sa batok ng pamatok ng baka. Pinakadukha sa lahat ng dukha, gayon man ay nilalang Niya ang langit at lupa . . .

Isang malamig, maulang gabi, ang sabi nila, "Guro, sasama kami sa Iyong tahanan." Ang sabi Niya, "Ang lobo ay may lungga, ang ibon ay may pugad, ngunit ni wala Akong mapaghimlayan ng aking ulo.

Ang Diyos na Jehova ay nagpakumbaba sa Kaniyang Sarili at naging isang Tao, naikatawan sa makasalanang laman upang tubusin ikaw at ako. Sino nga ba tayo kung gayon? Siya ang ating Halimbawa. Sino nga ba ako? Wala.

80 May pinagsabihan ako kaninang hapon sa isang munting pagtitipon; ang sabi ko, "Ang bawat anak ng

Diyos ay dapat munang subukin, parusahan." At natatandaan ko nang ako'y parusahan. Sa aking pinakadakilang oras . . . Kapag ang isang tao ay ipinanganak na muli, may isang maliit na batik na singlaki ng kaniyang kuko sa daliri na iniiniksiyon ng Diyos sa kaniyang katauhan, at ito'y tutuloy sa kaniyang puso at doon ay aangkla ito. At sinusubok siya ni Satanas. At kung wala iyon doon, wala ka na. 163 Natatandaan ko roon sa ospital; ako noon ay dalawampu't dalawang taong gulang, marahil ay dalawampu't tatlo, bata pa ako noon. At ang aking ama ay naghihingalo sa aking mga bisig at ako'y nangungusap na ang Diyos ay nagpapagaling . . . At ang sarili kong ama ay inatake sa puso, nakahilig ang kaniyang ulo sa aking bisig at ipinagdarasal ko siya, at nakita ko nang itirik niya ang kaniyang mga mata, at tumingin siya sa akin, at nalugmok siya at pumanaw at kinatagpo niya ang Diyos. Kinuha ko siya at inilibing ko siya sa tabi ng aking kapatid na lalaki, at sariwa pa nga ang bulaklak sa kaniyang puntod, at ako'y nangangaral na nagpapagaling ang Diyos ng maysakit, nagtatrabaho ako noon sa Public Service Company at ang sahod ko ay dalawampung sentimo bawat oras, at ang asawa ko naman ay nagtatrabaho sa pagawaan ng kamisadentro, para makatulong sa pagtataguyod ng aming anak na lalaki na noon ay labingwalong buwan pa lamang, si Billy Paul, at ng walong buwang sanggol na ipinagbubuntis niya.

Nakita ko si Sister Wilson na tumango. Nalala nya iyon; Pati si Roy Slaughter at ang mga ibang datihan.

81 Ano'ng ginawa ko? Naglakad ako sa mga lansangan hawak ang tinapay sa aking kamay, bumaba ako sa poste, nagpatotoo sa lahat ng taong nagdaraan tungkol sa pag-ibig ni Jesus Cristo. Nagpupunta ako sa mga garahe at nagpapaalam ako kung maaari ko bang gamitin ang — kinakausap ko ang mga mekaniko, papasok ako roon at ang sabi ko, "Mga kalalakihan, naligtas na ba kayo? May isang bagay akong nasumpungan sa aking puso." Nagpupunta ako sa mga tindahan ng groseri kung gabi, uuwi ako ng mga alas dos o alas tres ng umaga mula sa magdamag na pagbisita sa mga taong maysakit. Hindi ba . . . Uupo lang ako, magbibihis at isusuot ko ang damit kong pangtrabaho, at uupo ako roon sa upuan at magpapahinga ako

hanggang sa sumikat ang araw, tatayo akong muli at hahayo at . . . Napakapayat ko na dahil sa kaaayuno at kapapanalangin hanggang sa kailangan ko pang manalangin para ko maikabit ang panusok sa aking mga sapatos at nang makapanhik ako sa poste. Nangangaral ako at nangangaral ako na dakila ang Diyos, ang Diyos ay mahabagin, ang Diyos ay pag-ibig, sa pag-ibig, at narito't naghihingalo ang aking ama sa aking mga bisig at kamamatay pa lang ng aking kapatid na lalaki, namatay siya habang nakatayo ako sa pulpito doon sa isang munting iglesiang Pentecostal ng mga kapatirang itim, nangangaral ako. Dumating sila at sinabihan ako, "Namatay ang iyong kapatid doon sa highway. Nabundol siya ng kotse at namatay siya." Ang dugo ng aking sariling kapatid ay tumulo sa aking kamiseta nang damputin ko siya sa highway. Pagkalibing ko sa kaniya, ang ama ko naman ang namatay. At pagkatapos ay ang asawa ko naman ang kasunod na naratay.

82 At nagtungo ako sa tabernakulong ito. Mula rito, sa kinatatayuan ng entabladong ito, sinabi ko sa mga tao anim na buwan bago iyon mangyari, na magkakaroon ng baha. At may nakita akong anghel na may hawak na tungkod na panukat at sinukat niya ang taas ng tubig sa Spring Street. 166 Si Sandy Davis at ang kaniyang mga kasama, nakaupo siya rito, nagtatawa, ang sabi, "walo o sampung pulgada lang ang baha noong 1884, bata, ano ba ang kumausap sa iyo?" 167 Ang sabi ko, "Mangyayari ito, dahil nakakita na ako ng isa sa mga pangitaing iyon. At iyon ang sabi nito at mangyayari nga ito." At may marka sa Spring Street ngayon na nagbaha ng dalawampu't dalawang piye ang taas ng tubig. Ang sabi ko, "Sumakay ako sa ibabaw ng tabernakulong ito sa isang bangka," at nangyari nga. 168 Sa pagkakataong iyon ay nagkasakit ang aking maybahay. Idinalangin ko siya at nagpunta ako sa tabernakulong ito, mayroon noong . . . May mga taong naghihintay sa akin. Ang sabi ko, "Ang — Naghihingalo na siya." "Oh, ang asawa mo lang ang . . ." Ang sabi ko, "Naghihingalo na siya." Nagpunta ako roon at nanalangin ako nang nanalangin. At inunat ko ang aking mga kamay; at inabot niya ang aking kamay, ang sabi niya, "Billy, magkikita tayo sa umaga, tatayo ako roon. Ipunin mo ang mga bata at magkita tayo sa pintuan." 169 Ang sabi ko, "Basta sumigaw ka lang ng 'Bill', dodoon ako." Kita n'yo? At nawalan na siya ng malay. Inihiga ko siya roon sa morge, umuwi ako upang mahiga; at nang ako'y mahiga . . . Ang batang si Billy Paul ay doon tumitigil kina Mrs. Broy, malala ang sakit niya at inaabangan ng mga

duktor ang kaniyang pagkamatay anumang oras. Ipinagdasal ko si Billy, at siya naming dating ni Brother Frank, sinusundo ako, ang sabi, "Naghihingalo na ang sanggol mo." ang batang babae.

83 At nagpunta ako sa ospital. Ayaw akong papasukin ni Dr. Adair, ang sabi, "Ikaw . . . Mayroon siyang meningitis; baka madala mo ang sakit kay Billy Paul." Pinabigyan niya ako sa nars ng mapulang gamot na dapat ko raw inumin, isang uri iyon ng anesthetic para daw kumalma ako. At nang umalis na sila sa silid, itinapon ko iyon sa bintana at palihim akong lumabas sa pintuan sa likuran, at bumaba ako sa basement. Doon nakahiga ang sanggol — doon sa ospital, sa isolated ward, maraming nakadapong langaw sa kaniyang mga mata. At itinaas ko ang kulambo, at binugaw ko ang mga iyon at ibinaba ko iyong muli. Bumaba ako, ang sabi ko, "Diyos, naroon at nakalibing ang aking ama at kapatid, at may bulaklak sa

kanilang mga puntod. Naroon si Hope at nakaratay, at heto ang aking sanggol naghihingalo. Huwag Mo po siyang kukunin, Panginoon." 171 At ibinaba niya ang tabing na para bang sinasabi Niya, "Tumahimik ka; ayaw Kitang pakinggan." Ni ayaw Niyang makipag-usap sa akin. 172 At nang ayaw Niyang makipag-usap sa akin, si Satanas naman ang kumausap sa akin. Ang sabi niya, "Ngayon, akala ko ba sabi mo ay mabuti Siyang Diyos. Ano na ang nangyari sa pinagsisigawan mo? Isa ka lamang bata. Tingnan mo ang buong lungsod; lahat ng babae at lahat ng lalaking nakakikilala sa iyo, iniisip nilang nawala ka na sa katinuan. Nawala ka na nga sa katinuan." Ngayon, hindi niya masabi sa akin na walang Diyos, sapagkat nakita ko na. Ngunit ang sabi niya ay hindi Siya nagmamalasakit sa akin.

84 Naupo ako roon buong magdamag, buong maghapon, ganito ang sabi ko sa Diyos, "Ano ba ang nagawa ko? Ipakita Mo sa akin, Panginoon. Huwag Mong hayaang magdusa ang mga taong walang kasalanan dahil sa pagkakamali ko." Hindi ko kasi alam na sinusubok pala Niya ako. Ngunit bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kailangang subukin. Ang sabi ko, "Sabihin Mo sa akin kung ano'ng nagawa ko; Itutuwid ko iyon. Ano ba ang nagawa ko maliban sa mangaral buong maghapon at magdamag at walang humpay kong ipinagkakaloob ang aking buhay. Ano ba'ng nagawa ko?" Ang sabi ni Satanas, "Ganiyan nga, pagdating pala sa iyo, at pinagsabi mo sa kanilang lahat naisa Siyang dakilang manggagamot at naroon ang iyong sanggol, nakaratay doon at naghihingalo, ni ayaw ka Niyang pakinggan. Namatay ang asawa mo sa sakit na tuberculous pneumonia. Ang sabi mo'y nakapagpapagaling Siya ng cancer, at hayan siya. Ngayon, lagi mong ipinangungusap na Siya ay mabuti at mabuti Siya sa mga tao. Paano ka naman?"

At nagsimula akong makinig sa kaniya. Iyan ay pangangatuwiran. Naisip ko, "Siyanga naman." "At sa dami ng nagawa Mo para sa Kaniya, heto naman ang ginagawa Niya sa iyo." 175 Ang sabi ko, "Tama." Nagsimula akong mag-isip, "Buweno, ano . . ." Kita n'yo, lahat ng bagay ay nagsisimulang mawasak pagdating sa pangangatuwiran. Ngunit pagdating doon, nabitin iyon. Nanatili iyon doon. Handa ko na sanang sabihin, "Kung gayon ay titigil na ako." Ngunit nagpatuloy iyon hanggang sa humulagpos ang lahat ng kapangyarihan ng pangangatwiran, narating nito ang Buhay na Walang Hanggan, ang bagong kapanganakan. Ano kaya kung wala iyon doon? Ano kaya't wala iyon? Disin sana'y hindi tayo magkakakakilala gaya ng pagkakilala natin sa isa't isa ngayon. Dapat sana'y hindi umabot sa ganito ang iglesiang ito. Libu-libo at milyunmilyon sa buong mundo . . . Ngunit salamat sa Diyos at naroon iyon.

85 At nang mapag-isipan ko, "Ano . . . Sino nga ba ako? Sino ba ako upang kuwestiyunin ang Kaniyang kamahalan? Sino ako upang kuwestiyunin ang Manlilikha na nagbigay sa akin ng buhay dito sa ibabaw ng lupa? Saan ko ha nakuha ang batang iyon: sino ba ang nagbigay nito sa akin? Hindi naman iyon sa akin. Pinahiram lang Niya siya sa akin sandali." Ang sabi ko, "Satanas, layuan mo ako." Pinuntahan ko ang sanggol at pinatungan ko siya ng kamay. Ang sabi ko, "Pagpalain ka ng Diyos, mahal ko. Sa isang saglit lang ay dadalhin kita roon at ihihimlay kita sa mga bisig ng iyong ina. Ipaghehele ng mga anghel ang iyong munting kaluluwa, at kakatagpuin kita pagsapit ng umaga." Ang saki ko, "Panginoon, ipinagkaloob Mo siya sa akin; ngayon ay kinukuha Mo na siya; at kahit pa nga paslangin Mo ako, gaya ng sabi ni Job, gayon man ay mahal kita at sinasampalatayanan kita. Sakaling ibulid Mo ako sa impiyerno, mamahalin pa rin kita. Hindi ko iyan matakasan." Hayan ka na. Isa lamang iteliktuwal, masisisra lamnag ito. Ngunit mankaroon ka ng sariling relasyon. Kailangan momn maipanganank na muli.

86 Iyan ang dahilan ang mga ministro ay umaalis, malaking gampanin at iba pa. Walang ganitong mga bagay-hagay, hindi pa kasi nila nararating ang sagradong lupaing ipinangungusap ko kaninang umaga; wala silang alam dito. Paano nilang nasasabing mga anak sila ng Diyos samantalang itinatanggi nila ang Salita ng Diyos? Paano n'yong nagagawa iyan, itinatanggi n'yo ang Espiritu Santo na siyang tumubos sa inyo. Oh, alalahanin lang ninyo; nagpakumbaba si Jesus hanggang kamatayan alang-alang sa iyo. Hindi Siya mahilig makipagtalo. Nang duraan nila Siya sa mukha, hindi Siya gumanti ng pagdura. Nang bunutin nila ang Kaniyang balbas, hindi Siya gumanti. Nang sampalin nila Siya sa isang pisngi, at sa kabilang pisngi, hindi Siya gumanti ng sampal bagkus ay idinalangin Niya sila, nagpatuloy Siya sa paglakad nang buong pagpapakumbaba. 178 Isa siyang halimbawa ng pagpapakumbaba. Puspos Siya ng pananampalataya. Bakit? Alam kasi Niya na hindi mabibigo ang kaniyang mga Salita. Namuhay Siya sa pamamagitan ng Salita hanggang sa Siya ay maging Salita. Oh, Diyos, hayaan Mong maitaas ko ang aking dalawang kamay sa Diyos sa harap ng mga tagapakinig na ito, hayaan Mong mamuhay ako nang gayon. Nawa ang Salitang ito ay lubusang maging kaisa ko hanggang sa Ito at ako ay wala ng pagkakaiba. Nawa ang aking mga salita ay maging mga Salita Niya. Nawa ang pagmumuni-muni ng aking puso . . . Nawa ay manahan Siya sa aking puso, sa aking isipan. 179 Nawa'y matali ang Kaniyang mga utos sa poste ng aking katalinuhan, matali nawa ang mga ito sa poste ng aking puso. Nawa'y makita ko Siya. Kapag dumating ang tukso, makita ko nawa si Cristo. Kung ang mga bagay-bagay ay nagiging mali, nawa'y makita ko Siya. Kapag ako'y naghahanda, at ang kaaway ay magsisikap na galitin ako, makita ko nawa si Jesus, ano kaya ang gagawin Niya?

87 Lubos Siyang nasa Salita hanggang sa Siya at ang Salita ay maging isa. Pagmasdan n'yo. 181 Hindi na Niya kailangang makipagtalo. Alam Niyang Siya at ang Salita ay iisa. Alam Niyang Siya ang Salita ng Diyos na naipamalas, at sa wakas ay malulupig din ng utos ng Diyos ang sanlibutan. Alam Niyang ang

Kaniyang Salita . . . Mayroon Siyang pananampalataya; Alam Niya kung saan Siya nakatayo. Hindi na Niya kailangang makipagdiskusyon at sabihing, "Halika, pumarito ka." 182 Ang sabi ng diablo, "Ngayon, tignan mo, nakagagawa ka ng himala. Alam mong malaki ang iyong pananampalataya. Kaya mong gumawa ng himala. Itatayo kita ng gusaling doble ang laki kaysa kay Oral Roberts, sapagkat magbibigay ang mga tao. Ang tanging kailangan mong gawin . . . ipakita Mo sa kanila, tumalon ka sa gusaling ito at magpatihulog ka sa ibaba, sapagkat nasusulat, 'Sasaluhin ka ng mga Anghel baka sa anumang pagkakataon ay matisod ka sa bato.'" Kita n'yo? Alam kasi niyang mayroon Siyang kapangyarihang taglay. Alam niyang kaya Niyang gawin iyon. Alam Niyang nasa Kaniya iyon, ngunit ayaw Niyang gamitin iyon hangga't di inuutos ng Diyos sa Kaniya. Kita n'yo, nais Niyang maging Diyos at dahil Siya ang Salita at lahat . . . At alam Niyang kung magsasalita Siya ng anumang bagay, na iyon ay Salita ng Diyos; at bagama't ang langit at lupa'y lumipas, ang Salitang iyon ay mananaig balang araw.

88 Hindi siya palaaway at magagalitin. Tanging Salita ng Diyos ang Kaniyang ipinangungusap. Lahat ng salitang lumalabas sa Kaniyang mga bibig ay pawang mga Salitang pinahiran. Hindi ba napakaganda kung kaya nating sabihin iyan? "Ang aking Salita at ang Salita ng Diyos ay magkapareho. Anumang sabihin ko, kinikilala Niya, sapagkat wala akong anumang ginagawa malibang sabihin muna Niya sa akin." Oh, iyan ang inyong Halimbawa. Iyan ang Buhay na karapatdapat sa Ebanghelyo. 184 Hindi ang mga saserdoteng iyon na napaka-edukado at napakapino, at taglay ang lahat ng kanilang mga dakilang parangal, at tatayo sila at mananalangin ng mahaba, at nilalapa nila ang tahanan ng mga biyuda, at nauupo sa mga matataas na upuan sa — sa kongregasyon, sampu ng lahat ng iba pang bagay na ginagawa nila — hindi iyon ang buhay na karapatdapat sa Ebanghelyo. Ngunit Siya ang karapatdapat sa Ebanghelyo, kaya nga ang sabi ng Diyos, "Ito ang Aking sinisintang Anak na Siyang Aking kinalulugdan. Pakinggan n'yo Siya. Ang Aking Salita ay Siya; Siya ang Aking Salita. Ako at Siya ay iisa."

89 Hindi. Masdan n'yo ito ngayon. Alam Niya na sa wakas ay lulupigin ng Kaniyang Salita ang buong mundo. Alam Niya kung saan nagmula ang Kaniyang Salita. Alam Niyang hindi ito mabibigo kailan man; kaya nga ang sabi Niya, "Kapuwa langit at lupa ay lilipas ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas kailan man." Kita n yo? Kaya Niyang sabihin iyon. Siya ang Taong naging kaisa ng Salita ng Diyos. Ang sabi Niya sa kanila . . . "Dapat ay ganito, ganiyan ang gawin ninyo." 186 Ang sabi Niya, "Sino ang makapagpaparatang sa Akin ng kasalanan? Sino ang makapagbibintang sa Akin? (Ang kasalanan ay ang kawalan ng pananampalataya.) At kung Ako sa pamamagitan ng daliri ng Diyos ay nakapagpapalayas ng mga diabio, sa kaninong kapangyarihan nagpapalayas ang inyong mga anak na lalaki?" Kita n'yo, kung hindi iyon 'yon, may ibang pinanggalingan iyon. Kita n'yo? "Kung Ako . . ." Ang sabi nila, "Buweno, nagpalayas kami ng mga demonyo." 187 Ang sabi Niya, "Kung ginagawa Ko iyon sa pamamagitan ng daliri ng Diyos (isang bindikadong Salita ng Diyos) kung gayon ay sa ano'ng kapangyarihan nagpapalayas ng demonyo ang inyong mga anak? Kayo ang humatol." 188 Ang mga tao sa Kaniyang panahon o ang mga tao sa — sa — pinagtawanan nila Siya, pinag-usapan nila Siya, ngunit Siya . . . Hiniya nila Siya sa lahat ng paraan. Pinagwikaan nila Siya ng — lahat ng uri ng masasamang salita, ngunit nagpatuloy Siya. 189 Ngayon nais kong magwakas sa loob ng isang sandali sa pagsasabi nito:

90 ang mga tao sa araw na ito ay isa nang lipon ng mga taong nasisiraan ng bait. Natatakot silang kunin ang mga pangako ng Diyos. Mga taong iglesia, mga organisasyon ng iglesia, ang mga organisasyon ng iglesia ay takot humarap sa hamon ng Kasulatan ng Diyos para sa — sa araw na ito. Napagtatanto nila — napagtatanto nila na ang kanilang makabagong kalagayan at ang ebanghelyong panlipunang ipinangangaral nila ay hindi nlakatutugon sa hamon ng oras na ito, tulad din naman ni Samson na hindi nakatugon sa hamon gawa ng kalagayan niya. Kinailangang ang Diyos ang tumugon, at ito ang programang nangako nito. (Dadako tayo riyan sa loob lamang ng isang sandali.) 190 Bagama't tinatawag nilang Cristiano ang kanilang sarili, tumatanggap sila ng mga kredo, mga kredong gawa ng tao, upang siyang ipamalit sa Salita ng Diyos. Kaya't kaya nilang tanggapin ang kredo, sapagkat gawa ito ng tao, ngunit takot silang ilagak ang kanilang pananampalataya sa Diyos na sinasabi nilang iniibig nila. Tama. At pagkatapos ay sasabihin n'yo na ang ganiyang buhay ay karapatdapat sa Ebanghelyo? Hindi maaari. 191 Kahit pa nga mga miyembro sila ng iglesia, ngunit hindi iyan karapatdapat sa iglesia. Hindi nga.

91 Ang Ebanghelyo . . . Ang sabi ni Jesus, "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal; ang mga tandang ito ay lalakip sa mga mananampalataya." At kung tatanggihan n'yo iyan upang sumunod kayo sa mga mananampalataya, paano kayong magkakaroon ng buhay . . . Kahit pa nga, marahil ay hindi ka nagsalita ng isa mang masamang salita. Maaaring natupad mong lahat ng Sampung Utos. Walang anumang kinalaman iyan dito; hindi pa rin iyan karapatdapat sa Ebanghelyo. Kita n'yo, hindi maaari. Tinupad iyon ng mga paring iyon at hindi pa rin sila karapatdapat. Ang sabi niya, "Ika'y sa iyong amang diablo." Nang ang Ebanghelyo ay dumating sa . . . 192 Bagama't Cristiano ang turing nila sa sarili, inibig nila ang manghawakan sa mga kredo. Ang kanilang mga kredo . . . Oh. Ang mga kredo ang nagtatatag at tumutupad sa kaisipan ng mga makabagong tao sa araw na ito. At ang taong nais magtagumpay sa araw na ito, ay kailangang umayon sa takbo ng modernong kaisipan. Hayaan n'yong sabihin ko iyan nang mainam at maliwanag. Kita n'yo? Ang isang tao, kung gusto mong magtagumpay, kailangan mong umayon sa modernong kaisipan ng araw na ito. Ito . . . Nagpupunta sila roon at sasabihin, "Oh, hindi ba't nakakatuwa siya. Hindi ba't kahanga-hanga siya. Kaya niyang mangaral

nang tahasan at hindi siya lumalampas ng labing limang miuuto. At hindi kami laging kinagagalitan ng pastor namin tungkol sa mga bagay na ito." Nakakahiya kang pastor. Ang sinumang taong tatayo sa pulpito at makakakita sa kasalanan ng araw na ito na hindi sisigaw laban dito, may mali sa taong iyon. Hindi siya karapatdapat sa Ebanghelyong sinasabi niyang ipinangangaral niya. Tama. Kaya't dahil ginagawa nila ito, gumagawa sila ng maidadahilan sa pagsasabi, "Ngayon, tingnan n'yo, ang aking kongregasyon . . .

92 May — may isang lalaking naparito kamakailan lang sa isang malaking iglesia, at sumusulat siya ng tisis; at ang sabi niya, "May isinusulat ako tungkol sa pagpapagaling ng Diyos." Ang sabi niya, "Brother Branham, mahal ka namin sa aming denominasyon." Isa iyon sa pinakamalaking denominasyon, isa sa pinakamalaki sa buong bansa, o sa buong mundo. At ang sabi niya, "Mahal ka namin sa denominasyong ito." Galing siya rito sa Jeffersonville. Ngunit ang sabi niya, "May natuklasan ako tungkol sa pagpapagaling ng Diyos." Ang sabi niya, "Isa lang ang maling nakita ng aking iglesia." Kita n'yo? Ang sabi niya, "Masyado ka kasing malapit sa mga Pentecostal." Ang sabi ko, "Buweno ngayon, alam mo, tama nga." Ang sabi ko, "Totoo nga. Alam mo, noon pa ako naghahanap ng pagkakataong makalayo sa kanila." Ang sabi ko, "May sasabihin ako sa iyo; pupunta ako sa bayan ninyo; ipataguyod mo ako sa iyong iglesia." "Oh," ang sabi niya, "Ayaw nila . . ." Ang sahi ko, "Iyan na nga ang iniisip ko; iyan na nga ang iniisip ko." Ang sahi niya, "Nauunawaan mo ba na hindi iyan tatayuan ng aking denominasyon." 194 Walang kaibahan ang dahilang iyan sa, "Kakakasal ko lang, kabibili ko lang ng isang lupon ng mga baka." Kahit pa ilang titulo ng pagkadalubhasa ang nasa iyo, at kahit gaano ka tinitingala ng iyong denominasyon; ang ganiyang uri ng ministeryo ay hindi karapatdapat sa Ebanghelyong nakasulat sa Aklat na ito. Tama.

93 Sinumang miyembro ng iglesia na kakampi sa ganiyan at pagkatapos ay magsasabing isa siyang Cristiano, at lalabas siya roon at mamumuhay . . . At ang kababaihan ay naggpapaputol ng buhok at nagsusuot ng mga kasuotang ipinagbabawal ng Bibliang isuot nila; ang kalalakihan ay nagwawala gaya ng ginagawa nila ngayon na may anyo ng kabanalan, tumatagay, at naninigarilyo, at ilang ulit nang nagpakasal, at nagigingdiakuno ng iglesia, at pastor pa nga at iba pa; at ang mga taong nangungunsinti nito, ang ganiyang uri ng buhay ay hindi karapatdapat sa Ebanghelyo. 196 Ang babaeng maglalakad, at hahawak ng telepono at magdadadaldal at pinagmumulan ng away sa iglesia at ng iba pang tulad nito, hindi iyan ang buhay na karapatdapat sa Ehanghelyong sinisikap nating ikatawan. Sinumang tao na pagmumulan ng pagkawasak ng iglesia at pagmumulan ng away ng mga tao at ng iba pang bagay na gaya nito, ay hindi karapatdapat sa Ebanghelyong ipinangangaral natin. Ganiyan nga. Isa iyang anyo ng pagkamakadiyos, itinatanggi ang kapangyarihan nito, ang kapangyarihan ng Diyos na naglalayo sa inyo sa mga bagay na tulad nito.

94 Pansinin n'yo. Ngayon, ayaw nilang gawin; sadyang ayaw nilang gawin ito. Ang idinadahilan nila ay hindi raw kasi naniniwala ang iglesia nila rito. Sila'y . . . Aba . . . Ngunit ang — ang sasabihin ni Jesus sa tao ngayong gabi, mangungusap Siya sa kaniyang puso at sasabihin Niya, "Nais kung ikaw ay humayo at ipangaral mo ang buong Ebanghelyo." 198 Hindi kasi ganiyan ang tayo ng aming iglesia, Panginoon. Oh, pinupuri namin ang Iyong Pangalan doon. Opo, talaga po. Hindi ko po iyan magagawa." Dati pa ring dahilan, iyon pa rin. Kaya hindi sila dumudulog sa espiritwal na piging ng Kaniyang ipinangako, binindikang Salita. 199 Hindi ba't sinabi ni Jesus na kung nasaan ang bagong paslang na hayop, doon nagkakatipon ang mga agila, hindi mga buwitre ha, kundi mga agila. Kung nasaan ang maruming pagkain at ang — ang bulok na bangkay, doon naman nagkakatipon ang mga buwitre. Ngunit kung nasaan ang sariwa, malinis na karne, doon nagkakatipon ang mga agila. Kaya't ayaw nilang dumalo sa espirituwal na piging kung saan ay inaanyayahan sila. Naniniwala ba kayo na nagbigay na ang Diyos sa America ng paanyaya sa nakaraang labing limang taon upang dumalo siya sa isang dakilang revival, sa isang espiritwal na piging? Dumalo ba sila? Hindi po, hindi po. At kung tatanggi silang dumalo, karapatdapat ba ang buhay na iyan sa Ebanghelyo, bagama't sinasabi nilang gayon sila?

95 Nang may isang lalaking nagpunta sa akin di pa kalaunan at naupo siya sa mesa at nagsabi, "Brother Branham, nais kitang abutin patawid ng mesang ito (isa siyang dakilang lalaki); nais kong hawakan ang iyong kamay. Mahal kita (Naroon ako noon sa isang iglesia at nakinig ako sa pangangaral niya.)"

Ang sabi niya, "Mahal kita. Naniniwala akong lingkod ka ng Diyos." Ang sabi ko, "Salamat po, doctor. Mahal din kita." Ang sabi niya, "Nais kong sabihin sa iyo kung gaano kita kamahal bilang kapatid." At ang sabi niya, "Nakikita mo ba ang aking munting reyna na nakaupo rito, ang aking maybahay, natatandaan mo pa ba siya?" Ang sabi ko, "Oo." Ang sabi niya, "Tinaningan siya ng duktor ng dalawang linggo gawa ng sarcomas cancer; at dumating ka sa bayan at ipinanalangin mo siya, at tumingala ka, at may nakita kang isang pangitain, at nilingon mo ako at sinabi mo sa akin, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON, gagaling siya.': may malaki siyang uka sa likod, parang may isang malaking — parang — isang bahagi ng dibdib ng babae na hinatak papasok sa kaniyang likuran, sa mismong gulugod niya. Ni wala kang makitang bakas nito ngayon." Ang sabi niya, "Hayan at nakaupo riyan ang aking reyna." Ang sabi niya, "Paano kitang hindi maiibig dahil nanalangin ka ng panalanging may kalakip na pananampalataya. Paano akong hindi maniniwala na isa kang lingkod ng Panginoon samantalang nakita mo ako at sinalita mo nang tamang-

tama kung ano ang mangyayari." Ang sabi niya, "Ngayon ay mayroon akong ibibigay sa iyo, Brother Branham." Ang sabi niya, "Kabilang ako sa pinakamalaking liga ng mga Pentecostal. Ang sabi ko, "Opo. Alam ko po." Ang sabi niya, "Kinausap ko ang mga kapatiran kamakailan lang, at sinabihan nila ako na hanapin ka at sabihin sa iyo na sayang naman at dinala mo ang lingkuran mong kaloob ng Diyos sa isang lupon ng mga taong tagatabing-ilog at sa paligid nito." Ang sabi ko, "Siyanga ba?" Ang sabi, "Oo." Ang sabi, "Isinugo ng Diyos ang lingkurang iyan para patamaan ang mga sentrong lugar, ang malalaking lugar, ang mga sikat na lugar."

96 Nakita kong ang diablo ang nagsasalita sa pagkakataong iyon. Naisip ko, "Siyanga, tumalon ka sa bundok na ito at magpasikat ka, alam n'yo, tumalon ka sa gusaling ito." Kita n'yo. Kita n'yo? Inisip kong aakayin ko siya nang kaunti pa. Ang sabi ng nanay ko noon, "Bigyan mo ng sapat na haba ng lubid ang baka at bibitayin nito ang sarili." Ang sabi ko, "Siyanga ba?" "Oo, sayang. Ngunit ang ginagawa mo kasi . . ." Ang sabi niya, "Ano na nga ba ang kinalabasan mo? Ngayon ay halos hindi ka makabili ng pagkain." At ang sabi niya, "Tingnan mo si Oral Roberts at ang iba pa na nagsihakbang at humayo sila roon na — isang daang bahagi lamang ng ministeryo mo ang nasa kanila, at tingnan mo kung ano ang nasa kanila, at tingnan mo kung ano na ang narating nila." Ang sabi ko, "Siyanga, tama nga." Kita n'yo? At ang sabi niya, "Tatanggapin ka ng aming grupo. Kaagad ka naming tatanggapin bi — bilang isa sa aming mga miyembro. Ibibigay nilang lahat sa iyo ang kanang kamay ng pakikisama, at uupa kami ng eroplano at pasusuwelduhin ka namin ng limang daan linggu-linggo at higit pa nga kung gusto mo, at isusugo ka namin sa lahat ng malalaking siyudad sa bansang ito." Nangyari ito sa Phoenix, Arizona, magkaharap kami sa mesa. At ang sabi niya, "At babayaran namin ang iyong . . ." Ang sabi, "At ang sanlibutan ang daigdig ng mga tagalabas, ang mga matataas na tao, ang malalaking tao, ang mga naroon sa itaas . . ." Ang sabi, "Lagi mo kasing nababanggit ang tungkol sa mga aba; ang mga kasama namin ay ang mga sikat.'' Ang sabi pa, "Ipakita natin sa kanila ang kamay ng Panginoon. At pasasamahin ko sa kanila ang aking maybahay, at ang iba naman ay makapagpapatunay na ang mga bagay na sinasabi mo ay totoong naganap."

97 Ang sabi ko, "Opo, napakaganda sana." Ngayon, kita n'yo, ang lalaking iyon ay may hawak na posisyong D.L., L.L.D., may akda ng mga aklat (Kira n'yo?), dalubhasa sa Panitikan, mahusay na manunulat, mahusay na tao . . . Kita n'yo, hindi kasi niya alam ang Kasulatan. Alam ba ninyo na ang Anghel na nagpakita ng mga gawang iyon ay hindi nagpunta sa Sodoma? Nanatili siya sa grupo ng mga tinawag palabas, kay Abraham. Sadyang hindi niya alam iyon. Hinayaan ko lang siya, naupo ako roon ng ilang sandali. Gusto ko kasing malaman kung ano ang sasabihin niya sa hulihan. At ang sabi ko, "Buweno, ano ba ang kailangan kong gawin?" Ang sabi niya, "Buweno, Brother Branham, ang — ang sabi lang nila, pinag-usapan kasi namin iyon: ilang mga bagay lang naman, mga mumunting bagay na itinuturo mo, na kailangan mong isantabi." "Halimbawa'y ano, kapatid?" "Oh," ang sabi niya, "ang bautismo mo, alam mo na. Alam mo kasi, para kang oneness kung magbautismo, parang gano'n," at ang sabi niya, "yun bang maliliit na bagay na tulad nito." Ang sabi ko, "Oh?" Nagpatuloy ako. At ang sabi niya, "Ang pangunahing katibayan, at mga babaeng mangangaral at ang mumunting — kaunting maliliit na bagay na tulad nito."

98 Ang sabi ko, "Ah-ha." Ang sabi ko, "Alam mo, nakakagulat na ang isang lingkod ng Diyos ay hihiling sa isa pang lingkod ng Diyos, matapos mo akong papurihan at tinawag mo pa nga akong propeta, at alam mong ang Salita ng Panginoon, o ang kapahayagan ng Salita ay dumarating sa isang propeta, pagkatapos ay bigla kang iikot, Doctor Papa, hindi maganda ang sinasabi niyan tungkol sa iyong katalinuhan, at hihilingin niya sa isang lingkod ng Diyos — hinihilingan mo ang isang lingkod ng Diyos na ikompromiso niya ang isang bagay na sa litiral na saysay ay itinuturing niyang mas mahalaga pa kaysa sa buhay." Ang sabi ko, "Hindi po, Brother Pope, sa anumang paraan ay hindi ko iyan magagawa. Hindi, po." Ano ito? Mayroon kasi roong butil ng Buhay na Walang Hanggan, mamatay man o mabuhay, dakila ka man o hindi . . .

99 Napadaan ako roon nung makalawa, mawalang galang na sa dalawang lalaking ito, tumingin ako roon at may isang malaking larawan doon sa Tulsa, Oklahoma, ang bagong gusali ni Oral Roberts — may itatayo silang gusali, isang seminaryo na magbibigay ng edukasyon sa mga ministro. Ang halaga umano nito (at alam kong sina Demas Shakarian, si Brother Carl Williams, at ang iba pa ay kabilang sa board of trustees nila) limampung milyong dolyar; tatlong milyong dolyar ang magiging halaga ng gusali, isa siyang batang Pentecostal. Napakalaki ng ginawa ng Diyos para sa kaniya. 205 At napag-isipan ko, "Ako, magkakaroon ng seminaryo. Laban ako rito unang-una."

100 At ang sabi, "Ang magiging tahanan ng dakilang seminaryo ni Oral Roberts." 206 Sa gawing unahan ng daan, naroon ang isang malaki at modernong lugar, at itong si Oral Roberts ay dumalo sa aking mga gawain sa Kansas City, Kansas, sa isang munting lumang tolda. Ang sabi, "Ang magiging tahanan ni Tommy Osborn," ay, naku, mga tatlo o apat na milyong dolyar ang halaga ng gusaling ipinatatayo nila. At naroon . . . Si Tommy Osborn, isa sa pinakamainam na Cristiano, isa siyang tunay na lalaki, isang tunay na sugo ng Diyos, nakatayo ako sa kabila ng daan, isang batang nerbiyoso, at sakay ang anak niyang lalaki at babae sa kotse, umaandar iyon sa tabi ng daan, ang sabi, "Brother Branham, naroon ako at nakita ko nang magtatakbo palabas ang maniac na iyon; at nakita ko nang duruin mo siya sa mukha at

ang sabi mo, 'Sa Ngalan ni Jesus Cristo, lumabas ka sa kaniya.' Nakita ko nang magpatirapa siya sa iyong paanan matapos niyang ipahayag ang kaniyang propesiya at sinabi niya, 'Ngayong gabi ay itutumba kita sa harap ng tagapakinig na umaabot sa anim na libo't limang daang katao.'" At ang sabi, "Nakita kitang nakatayo roon, ni hindi tumaas ang boses mo, at ang sabi mo. 'Sa Pangalan ng Panginoon, dahil hinamon mo ang Espiritu ng Diyos, sa

gabing ito ay magpapatirapa ka sa aking paanan.' Ang sabi niya, 'Ipapakita ko sa iyo kung kaninong paanan ako magpapatirapa.'" 207 At ang sabi ko, "Lumabas ka sa kaniya, Satanas"; natumba siya nang patalikod at nadaganan niya ang aking mga paa sa sahig. Ang sabi niya, "Ang Diyos ay Diyos, Brother Branham; iyon lang." Ang sabi niya, "Nagkulong ako sa loob ng bahay sa loob ng dalawa o tatlong araw." Hindi siya nagpapaliguy-ligoy. Ikinukuwento niya ito. Hindi niya ito ikinahihiya. Ang sabi niya, "Sa palagay mo ba mayroon akong kaloob ng pagpapagaling?" 208 Ang sabi ko, "Kalimutan mo na, Tommy, isinugo ka upang ipangaral ang Ebanghelyo; humayo ka at ipangaral mo Ito. Sumama ka kay Brother Bosworth."

101 Tumingin ako roon at nakita ko . . . Mas nauna ako sa mga ito. Naisip ko, "Hayun si Oral Roberts at limang daan ang mga makina niya, at walang kamay ng taong kailangang humipo sa mga sulat, apat na milyong dolyar ang nakuha niya sa buson nung nakaraang taon, apat na milyon." Ika-apat na bahagi iyon ng lahat ng salaping nalikom sa buong sangkacristianuhan sa buong mundo, ikaapat na bahagi ng salapi ng buong sangkacristianuhan ang napasakamay ng isang tao. Ano'ng gandang lugar nito. Nagpunta ako roon upang makita ko iyon, at . . . 210 Ngayon, kapatid ko si Oral. Aba, mahal ko siya. Isa siyang tunay na kaibigan, tunay na lalaki, at mahal ko siya. At mataas ang pahalaga niya sa akin, at gano'n din naman ako sa kaniya. Hindi nga lang talaga kami magkasundo pagdating sa Kasulatan. At itong si Tommy Osborn, wala nang huhusay pa sa kaniya, mataas ang pahalaga ko sa kaniya; isa siya sa pinakamahusay na lalaking nakilala ko, itong si Tommy Osborn. 211 At ang mga lalaking iyon . . . At naisip ko, "Nang magtungo ako sa kanilang opisina at nang makita ko kung ano ang mga pag-aari nila, inisip kong nakakahiya kung makikita nila ang aking opisina, isang maliit na makinilya lang ang gamit ko, sa pagsagot sa mga sulat at — at . . ." Gaano kaaba ang bagay na iyon, nakalapag sa dulo ng isang trailer noong mga panahong iyon. Naisip ko, "Ano ang kabuluhan nito?" At lumabas na ako, at naisip ko, "Buweno, ang magiging tahanan ni Oral Roberts, ang magiging tahanan ni Tommy Osborn, hindi sila nag-uusap na dalawa." Kaya't nagpatuloy ako sa daan, at sa loobloob ko, "Ngunit paano naman ako?" At may kung ano'ng nagsabi, "Tumingala ka." 212 Naisip ko, "Opo, Panginoon, hayaan Mong mag-ipon ako ng kayamanan sa Langit, dahil naroon ang aking puso." Hindi ko sinasabi iyan dahil naaawa ako sa sarili ko; sinasabi ko iyan dahil nangyari kasi, at alam ng Diyos na tumpak ito. Kita n'yo? 213 Nasaan ba ang inyong yaman? Nais mo bang maging sikat? Kung sikat ka, wala kang kabuluhan. Kapag naabot mo na ang lugar kung kailan ayaw mong sumikat, ang gusto mo lang ay ang maging mapagpakumbabang abang lingkod ni Cristo. Iyan ang daan palabas. Iyan lang . . .

102 Sina Brother Boze at ang mga kasama niya ay bumubuo ng isang iglesia sa Chicago. Kinailangan nilang isuko ang Iglesiang Philadelphia sa denominasyong iyon. Ngayon ay nag-uusap sila na umano'y kukuha sila ng isang lalaki na mahaba ang balabal na ganito, isang taong may titulong D.D. Ang sabi ko, "Papalabas na kayo. Kung gusto n'yong makakita ng tunay na pastor para sa iglesiang iyan, kumuha kayo ng isang mapagpakumbabang lalaki na halos hindi mabasa ang kaniyang pangalan at ang puso niya ay nagaalab para sa Panginoon. Iyon ang piliin n'yo; iyan ang gusto n'yong makuha, isang tao na walang malay tungkol sa lahat ng mga bagay na ito, isang tao na hindi magdidikta, at manunulak, at magbabaon sa inyo sa lahat ng uri ng pagkakautang at lahat na, at magpapakain sa inyo ng Salita ng Diyos. Iyan ang uri ng taong dapat n'yong kunin." Kaya't ayaw nilang dumulog sa espirituwal na piging . . . Kailangan ko nang magwakas. Lumampas na ako sa oras; sa loob ng anim na minuto ay magtatapos na tayo, kung kalooban ng Panginoon.

103 May narinig akong nagsabi, "Ngunit Brother Branham, makabubuting tigilan mo na ang pahayag na iyan na ang sabi mo . . . Hindi baliw ang mga tao. Hindi baliw ang mga taong ito; may pinag-aralan lang sila." Sila'y mga nag-aral na baliw. Tama. Siyanga. "Hindi sila mga baliw; nakapag-aral lang sila." Kung gayon ay may itatanong ako sa inyo. Ipaliwanag nga ninyo ang ikinikilos nila sa araw na ito kung hindi sila baliw? Sabihin n'yo sa akin kung ano ang nagtutulak sa kanila upang kumilos gaya ng ikinikilos nila kung hindi sila baliw. Kita n'yo? Bawat isa ay humahatak para sa kaniyang denominasyon, ganid . . . Hindi ganiyan si Jesus. Hindi Siya nagmamadali tungkol sa anumang bagay. Kita n'yo? Hindi Siya ganid, Siya ang ating Halimbawa.

104 Krimen, mas marami ang krimeng nagaganap sa bansa ngayon kaysa dati, at ano ba ang mali? Mga teen-ager, mga miyembro ng iglesia, pumapatay, mga lalaking namamaril ng sariling asawa at pamilya, nanununog ng mga anak . . . At tingnan n'yo ang taas ng kriminalidad. At hindi baliw ang mga ito? Kung gayon ay ano'ng nangyayari? Masdan n'yo ang kanilang ikinikilos, ang mga bansang hayok sa kapangyarihan. Bawat isa ay nais kunin ang bawat — ang iba upang pagkaisahin sa iisang watawat, isang bansa, at iyon ang kanilang watawat at bansa: hibang sa kapangyarihan?

Ang imoralidad, aba, higit ang pagka-imoral ng sanlibutan ngayon kaysa alin mang panahon. Mga babaeng hubad sa lansangan, mga babaeng hubad, at sinasabi nilang nasa tama silang katinuan? Hindi

maaari. Sadyang hindi maaari.

105 Makinig kayo. May isang tao sa Biblia na naghubad ng kaniyang damit, iyon ay si Pulutong: wala siya sa katinuan. Nang masumpungan siya ni Jesus at ibalik sa kaniya ang kaniyang katinuan, nagbihis siya ng damit. Tama. Ano'ng nagbubunsod sa iyo upang hubarin mo ang iyong damit? Ang diablo. Tama. Pagkatapos ay sasabihin n'yong hindi sila baliw? Mag-umpisa ka sa kalsadang ito at magmaneho ka ng apat na bloke sa lungsod na ito at kung wala kang makikitang babaeng hubad ay sabihin mo sa akin. Kita n'yo? Tama. Tuklasin n'yo. 219 Pagkatapos ay sasabihin n'yong hindi sila baliw? Kung gayon ay ano'ng mali? Hindi maaaring nasa wasto silang pag-iisip. Hindi iyan magagawa ng isang babaeng nasa tamang katinuan. Alam niya kung ano ang mas mabuti. Alam niyang itinatambad niya ang kaniyang sarili. Ang isang bungkos na mga diablong hayook na naroon sa labas ay sadyang marumi, nakapandidiri, madungis, mga lasing, mga mamamatay-tao at lahat na . . . 220 At sasabihin mo . . . Mas maraming alak ang iniinom ng sanlibutan ngayon. Mas maraming salapi ang tinutustos ng mga tao sa Estados Unidos, kaysa sa groseri. Wari ko'y . . . nalimutan ko na kung gaano tumataas ang pagkakautang ng bansa sa alkohol bawat taon. At ano ang ginagawa ng alkoholismo? Dinadala kayo nito sa mga pagamutan ng mga baliw.

106 Ang cancer . . . Kapag ang mga duktor ng medisina mula sa iba't ibang bansa ng mundo ay nagsisipagsulat sa mga magasin at ang sinasabi nila sa inyo, "Trak-trak na cancer," ang mga sigarilyo, ipinahid nila iyon sa mga daga at napatunayang sanhi ito ng kanser sa baga. Pitumpung porsiyento sa kanila ang nagkakanser gawa ng paninigarilyo. At ang mga lalaki't babaeng iyon, panay ang hithit nila nito at ibinubuga nila ang usok sa inyong mga mukha. Kung hindi iyan kabaliwan, ano nga ba ang kabaliwan? 222 Kapag ang Ehanghelyo ni Jesus Cristo ay naipangaral at napatunayan at ang Diyos ng Langit sa anyo ng Haliging Apoy ay lumilitaw sa mga tao at nagpapakitang si Jesus Cristo ay nasa huling yugto na ng Kaniyang pagdating, ibinibigay sa kanila ang huling tanda, at pinagtatawanan nila Ito, at pinagkakatuwaan nila Ito, at sinasabi nilang mga miyernbro sila ng iglesia, pagkatapos ay sasabihin nilang hindi sila baliw? Ipaliwanag n'yo iyan. (Patuloy sa pagtakbo ang oras ko.) Ngunit tanungin n'yo kung hindi nga ba sila mga baliw. Siyanga, sila'y mga aral na baliw. Ganiyan nga.

Ipaliwanag n'yo ang kalagayan nila. Hindi n'yo kaya.

107 Nagpapagupit sila ng buhok, nagsusuot ng makasanlibutang damit, saka lalakad nang ganiyan sa lansangan. At ang Biblia ng Diyos ay nagbababala laban dito, at pinagbabawalan pa nga nito ang babaeng manalangin kung maikli ang kaniyang buhok. At ang sabi kung ang isang lalaki . . . Kung gagawin ito ng isang babae, inaamin niya sa kaniyang asawang lalaki na imoral siya, at nasa kaniya ang lahat ng karapatan upang idiborsiyo siya at palayasin. Tama nga. Iyan ang sabi ng Salita ng Diyos, at naririnig iyan ng babae at patuloy pa rin siya sa pagpapaikli ng buhok at tinatawag pa rin niyang Cristiano ang kaniyang sarili, kung hindi baliw iyan, ano nga ba ang baliw? Nais kong may magsabi sa akin kung ano ang ibig sabihin ng baliw kung gayon. 224 Oo. Mga baliw sila, matataas ang pinag-aralan, titulado, tapos ng kolehiyo. Mas maraming oras pa ang ginugugol natin sa pagtuturo sa ating mga anak ng — ng algebra at biology kaysa oras na ginugugol sa pagtuturo sa kanila ng Biblia at tungkol kay Jesus Cristo. Walang isa mang bata sa bansang ito ang hindi makapagsasabi sa iyo kung sino si David Crocket. Wala sa ikatlong bahagi ng mga ito ang makapagsasabi sa iyo kung sino si Jesus Cristo. Pagkatapos ay hindi sila mga baliw? Tiyak ngang mga baliw sila. Maaari tayong magpatuloy nang magpatuloy kung ano ang ginagawa nila. 225 Alalahanin lang ninyo. At iniindurso pa ito ng mga iglesia samantalang kinukundena nga ito ng Biblia. Ang ministeryo ba ay nababaliw na? Mga aral na baliw. Ganiyan nga. Iniindurso ito ng mga simbahan.

108 Alalahanin n'yo si Lot; isa siyang taong matalino. Tingnan lang natin siya sandali. Huwag — huwag n'yong . . . Huwag nating .. . Ipagpaumanhin n'yo kung lalampas ako ng dalawang minuto pa. Ito'y — ito'y — napakahalaga nito. Lalabas ito sa . . . Naparito kayo upang pakinggan ako sa paggawa ko ng tape na ito. 227 Tingnan n'yo, tingnan n'yo. Tumigil muna tayo sandali; manalangin kayo sandali sa inyong mga puso, "Panginoon, ipakita Mo sa akin ito." Buksan n'yo ang inyong pang-unawa; nawa ay gawin ito ng Diyos. Tingnan n'yo ang . . . Kunin nating halimbawa ang bansang ito na lang. Sabihin natin kung ano'ng sinabi ng Diyos. 228 Sinabi ng Biblia na ang mga kasalanan ng Sodoma ay lubhang nahapis sa matuwid na kaluluwa ni Lot araw-araw. Wala siyang lakas ng loob upang labanan ito. Tama ba? Hindi niya kayang gawin iyon, sapagkat siya ang alkalde ng lungsod na iyon. Hindi niya kaya, ngunit ayon sa Biblia ang mga kasalanan ng — ng mga Sodomita ay lubhang nagpahapis sa kaniyang kaluluwa. Alam kasi niyang mali, ngunit wala siyang lakas ng loob na salangsangin iyon, at lumantad upang labanan iyon.

109 Ngayon, tingnan n'yo. Ilan bang mga Lot ang nasa America sa kahapon; na nagbabasa ng Biblia upang maghanda ng mensahe nila para sa araw na iyon at nababasa nila ang bautismo sa tuhig sa Pangalan ni Jesus Cristo? Ilan sa kanila ang nakababasa ng tungkol sa Bautismo ng Espiritu Santo, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man; ng Marcos 16, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya"; sa Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya"; "Kung kayo'y mananatili sa Akin at ang Aking Salita ay mananatili sa inyo, hilingin n'yo ang nais n'yo at matutupad ito"? Ilan bang mga Lot ang nakakita nito, ngunit dahil sa kanilang mga dahilan na siyang kanilang mga denominasyon, ito'y . . . 230 Saliksikin n'yo

at nang makita n'yo ito sa Biblia. Tingnan n'yo ang kanilang mga kongregasyong puno ng mga babaeng maiikli ang buhok, at alam nilang kinukundena ito ng Biblia. Tingnan n'yo sa pagdaan n'yo sa lansangan ang mga miyembro ng kanilang iglesia, naglalakad sa lansangan nang naka-syort, at alam nilang laban dito ang Salita. Ngunit wala silang lakas ng loob na ipagsigawan ang paglaban nila dito. Gayon man, ang taong iyon, nagsasabing isa siyang Cristiano, ang kaniyang kaluluwa sa kaniyang kalooban ay sumisigaw laban dito. Ngunit wala siyang lakas ng boob. Kung di ba naman iyan ang modernong Sodoma, nasaan na ito? Diyos, bigyan Mo po kami ng isang tao na sisigaw laban dito. Tama. Gaya ng sabi ni Juan Bautista, "Ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng punong-kahoy." Iyan ang kailangan natin sa araw na ito.

110 Masdan n'yo. Ito ang modernong Sodoma. Alalahanin n'yo. Kita n'yo, ang buong lupain ay nagmistula nang isang modernong Sodoma at Gomora. Si Lot na naman, nabubuhay sa — si Noe — muli na namang nauulit. Sapagkat ang kaniyang tapat na paniwala ng kaniyang puso ang nagsasabi sa kaniya sa pamamagitan ng Salita na mali siya. Tingnan n'yo sa Chicago, sa kalakhang Chicago, nang ang tatlong daang nangangaral na nakaupo roon, at sila'y . . . Sinabi ng Panginoon sa akin nung gabing iyon kung ano ang gagawin nila. Naghanda sila ng isang patibong para sa akin. Ako, nagpunta ako roon. At sinabi ko iyon kay Brother Carlson; ang sabi ko, "Hindi kayo matutuloy sa hotel na iyan. Kakailanganing ilipat mo sa ibang lugar, at kulay berde ang silid na iyon. At may inihanda silang patibong sa akin, hindi nga ba, Brother Carlson?" Napayuko siya.

Nakaupo siya sa loob ng aking opisina ilang taon pa lamang ang nakalilipas para anyayahan akong dumalo sa gawain sa Chicago. Ang sabi niya, "Hinding-hindi ko malilimutan iyon, Brother Branham." At ang Sabi ko, "May hinanda silang patibong sa akin. Bakit, Brother Carlson? Natatakot ka bang sabihin sa akin kung bakit, kayong dalawa ni Tommy Hicks?" Napayuko silang pareho. Ang sabi ko, "Tommy, ba't di na lang ikaw ang mangaral doon?" Ang sabi niya, "Hindi maaari." 233 Ang sabi ko, "Akala ko ba'y handa mo akong gawan ng pabor?" Ang sabi ko, "Kagabi ay sinabi sa akin ng Panginoon, 'Pupunta ka roon sa araw na ito, at matutuklasan moug hindi n'yo makukuha ang gusaling iyon. Lilipat kayo sa ibang gusali. Si Dr. Mead ay uupo sa gawing ito, at lalaking itim at ang asawa niyang mang-aawit ay dito naman sa gawing ito mauupo at iba pa, at kung saan magsisiupo ang lahat.'" Ang sabi ko, "May dadalo roong paring budista." At ang sabi ko, "Ngayon, matutuklasan mo. Laban sila sa akin dahil nangangaral ako ng bautismo sa tubig sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Laban sila sa akin dahil nangangaral ako ng binhi ng serpente, at laban sa pagsasalita ng ibang wika bilang pangunahing katibayan ng bautismo sa Espiritu Santo at iba pa." Ang sabi ko, "Halika't panoorin mo ang Diyos."

111 Naroon ang . . . Nagpunta sila roon at ang . . . Dalawang oras pagkatapos noon o marahil ay mahigit pa, kinahapunan, tinawagan nila si Brother Carlson at ang sabi niya . . . Ang lalaking nagpaupa sa kanila ng — binayaran na niya ang paunang bayad — ang sabi, "Kailangan nating ikansela ito, sapagkat ayon sa manedyer ay naipangako na niya iyon sa — sa isang banda para sa gabing iyon — o sa umagang iyon." At hindi nila iyon makuha. 235 Kaya't nalipat kami sa Town and Country. At nung umagang iyon nang dumating kami roon at tumayo kami roon at ako'y . . . At ang sabi ni Brother Carlson, "Isang bagay lang, maaaring hindi kayo sang-ayon kay Brother Branham," ngunit ang sabi niya, "hindi siya natatakot sabihin kung ano'ng pinaniniwalaan niya." Ang sabi niya, "Sinabi niya sa akin na ang mga bagay na ito ay mangyayari kung paano itong nangyayari ngayon." Ang sabi niya, "Ngayon, heto na siya. Hayaan n'yong siya na ang magsabi."

112 Binasa ko ang Kasulatan, "Hindi ako naging masuwayin sa makalangit na pangitain," gaya ng sabi ni Pablo. Ang sabi ko, "May tanong kayo sa akin tungkol sa bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo. Mahigit kayong tatlong daan na nagpakilala bilang Doctor ganito at Doctor ganoon." Ang sabi ko, "Wala akong natapos kahit mababang paaralan, ngunit hinahamon ko ang sino mang taong naririto ngayon na dalhin mo ang Biblia,

at tumayo ka rito sa aking tabi, at pamalian mo ang isa man sa mga salitang nabanggit ko." Naka-tape iyan, kung gusto ninyong marinig. Iyon ang pinakatahimik na kalipunang nakaharap ko. Ang sabi ko, "Ano'ng nangyayari?'' Mayroon bang isa rito sa gabing ito, na naroon sa pang-umagang gawaing iyon, tignan nga natin ang inyong mga kamay. Siyanga, tingnan n'yo — aba siyanga, tingnan n'yo sa paligid. Ang sabi ko, "Kung gayon, kung hindi ninyo kayang suportahan ito, kung gayon ay tantanan n'yo na ako. Tama. Ang lalakas ng sigaw nila habang alam nilang naroon ka pa sa panulukan, ngunit kapag hinarap na sa kanila ang usapin, iba na iyon. Tama. Ito'y . . . 237 Nagsilabas ang mga lalaking iyon.

113 Ang sabi ni Tommy Hicks, "Nais kong kumuha ng tatlong daang kopya ng tape na iyan para ipadala ko sa lahat ng kilala kong trinitariang mangangaral." Ang mga lalaking iyon, kinamayan nila ako at ang sabi, "Dadalo kami sa Tabernakulo para magpabautismong muli." Nasaan na sila? Mga dahilan. "Hindi ko magagawa. Hindi ako papayagan ng aking denominasyon na gawin iyan." "Nagpakasal ako." "Bumili ako ng isang pares na — o pares ng baka," iyon pala. "May — may nabili akong lupain; kailangan kong tingnan." Kita n'yo? Ang iba pang mga bagay na tulad nito . . . Mga dahilan ito, tama ba? Karapatdapat nga ba ang buhay na iyon sa Ebanghelyo? Kung tama ang Ebanghelyo, ipagbili na natin ang lahat ng nasa atin at mabuhay tayo para dito. Maging Cristiano kayo. Opo. Amen. Pansinin n'yo ngayon habang nagwawakas tayo.

114 Ngunit ang idinadahilan nila ay ang kanilang mga kredo at mga denominasyon. Tulad ito ng isang punong kahoy. Tinitingnan ko si Brother Banks nung isang araw. Mayroon kasi akong i — isang pine tree na itinanim ko nang una akong lumipat doon mga, oh, mga labing limang taon na ang nakalilipas o higit pa marahil. At hinayaan kong ang mga baging — ang mga sangang iyon ay tumubo sa pine tree, at hindi namin mailagay ang pantabas ng damo sa ilalim nito. At wala rin namang damo roon kahit kaunti. At lumabas ako roon at nagdala ako ng lagari, at pinaglalagari ko ang mga sangang iyon hanggang sa tumaas ang silong ng pine tree at maaari ka nang lumakad sa silong nito kung hawak mo ang pantabas ng damo; at ang pinakamagagandang damo ay nagsisitubo sa silong nito ngayon. Ano nga ba iyon? Naroon na kasi ang binhi, Kailangan lang nitong makakuha ng liwanag.

115 At habang ang denominasyon, ang inyong mga dahilan, nilililiman ng mga ito ang binhi na alam mo namang nakahimlay doon, kinukuha mo

ang bahagi ni Lot. Itapon mo ang mga bagay na iyan at hayaan mong sumilay doon ang liwanag ng Ebanghelyo, ang kapangyarihan in Jesus Cristo. Oo. Kung hindi mo pasisinagin ang liwanag doon, hindi ito mabubuhay, sapagkat kung mararating ito ng Liwanag, sisibol ito at mabubuhay. Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi ng mga tao, "Huwag kayong dadalo sa mga gawaing iyan." Natatakot kasi sila na baka mahagip ng Liwanag ang isa sa mga miyembro nila.

116 Alalahanin n'yo ang babae sa balon. Isa siyang patotot. Naroo't nakatayo ang mga saserdote, at nakita nila nang sabihan ni Jesus si Nataniel, "Nakita kita, nung naroon ka pa lang sa silong ng puno ng igos." At ang sabi ng mga saserdote, "Siya si Beelzebub. Isa siyang manghuhula. Ang diablo iyon." Ang abang babaeng ito nang lumapit siya roon sa kalagayan niyang imoral, nakikisama siya sa anim na lalaki, at nang lumapit siya roon sa imoral niyang kalagayan — sa kasalukuyan niyang kalagayan at ang sabi ni Jesus, "Bigyan mo ako ng maiinom," nagsimula ang pag-uusap nila. Ang sabi Niya, "Humayo ka at kunin mo ang iyong asawa at pumarito ka." Ang sabi niya, "Wala akong asawa." Ang sabi niya, "Katotohanan ang sinabi mo. Lima na ang kinasama mo, at ang isang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa." Ang sabi niya, "Napaghahalata kong isa Kang propeta, Ginoo. Alam kong gagawin iyan ng Mesiyas sa Kaniyang pagdating." Ang sabi ni Jesus, "Ako nga." 241 Iyon na ang tumapos niyon. Nang ang Liwanag na iyon ay sumilay sa binhing iyon na nakahimlay sa abang patotot na iyon, ang mga araw ng pagkapatotot ay tapos na. Nagtatakbo siya sa lansangan, niluluwalhati niya ang Diyos, ang sabi, "Halikayo tingnan n'yo ang isang Lalaki na nagsabi sa akin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi ba't Siya ang Mesiyas?" Ano ba iyon? Nahagip ng Liwanag ang binhi sa silong ng anino ng lilim ng patotot. Opo. 242 Ngayon, nagtatapos na ako sa pagsasabi nito: Hindi ko alam kung ilang pahina pa ang natitira, ngunit — tinitiyak ko sa inyong hindi ko uubusing lahat. May mga sampu pang pahina, ngunit halos ay nangalahati na ako. Ngunit magtapos tayo sa pagsasabi nito.

117 Ihambing natin ang isang bagay na minsang naganap, isang buhay na karapatdapat. Ihambing natin ang buhay ni San Pablo sa mayamang binatang tagapamuno.

Iisang liwanag ang tumama sa dalawang lalaki. Kapuwa sila binisita ni Jesus Cristo. Tama ba? Kapuwa sila bihasa sa Kasulatan. Kapuwa sila teologo. Alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus sa tagapamunong binatang mayaman, "Tuparin mo ang mga utos." 244 Ang sabi, "Tinupad ko iyan mula pa sa pagkabata." Isa siyang lalaking sanay. Gayon din naman si San Pablo. Kapuwa mahusay ang kasanayan nila sa Kasulatan; ngunit — nasa kanilang kapuwa ang Salita. Ang isa ay nagtaglay nito mula sa kaalaman; ang isa naman ay taglay ang binhi ng Buhay sa kalooban niya. Nang ang liwanag na iyon ay suminag sa harapan ni Pablo, ang sabi niya, "Panginoon sino Ka?" Ang sabi, "Ako si Jesus." "Narito ako kung gayon." Handa na siya.

118 Nahagip ng liwanag ang dalawang lalaki. Ang isa ay nabinhian, ang isa ay hindi. Ganiyan din ang nangyayari sa araw na ito: may Iglesiang espiritwal, may iglesiang natural. Nagdahilan ang binatang mayaman. Hindi niya iyon magawa. Masyado siyang nadaganan ng napakaraming kaibigan sa sanlibutan. Hindi niya magawang itigil ang pakikisama. Iyan ang nangyayari sa napakaraming tao ngayon. Ang akala ninyo dahil kasapi kayo ng isang samahan, sadyang hindi ninyo maiwan ang kapatirang iyon: "Lahat sila ay umiinom at gumagawa ng mga bagay na tulad nito, at ginagawa nila ang ganito." Sige, magpatuloy ka. 246 Wala akong anumang laban sa samahan, wala akong laban sa iglesia, ang tinutukoy ko ay ikaw. Kita n'yo, siyanga. Kita n'yo? Wala akong laban diyan. Sapagkat ang isa . . . anim ng isa at kalahating dosena ng isa. Kasasabi ko pa lang sa inyo na ang iglesia ay walang iba kundi isang samahan, ang denominasyon, kung itatanggi nila ang Salita ng Diyos.

119 Pansinin n'yo. May mga dahilan din ang lalaking mayaman. Hindi nga lang niya pinabayaan ang kaniyang patotoo. Makikita nating pumasok siya sa malakihang negosyo. Maalam siya, at gayon na lang ang pag-asenso niya hanggang sa kinailangan niyang magtayo ng mga bagong kaban na paglalagyan ng kaniyang yaman. At nang mamatay siva . . . Isang binatang baligtad ang kuwelyo ang nangaral sa kaniyang libing, pihado. At nang mangaral siya, marahil ang sabi niya . . . itinaas nila sa kalahati ang watawat at ang sabi, "Ang ating minamahal na kapatid, ang meyor ng lungsod na ito, ay nasa mga bisig na ng Makapangyarihan sa lahat, sapagkat isa siyang dakilang miyembro ng simbahan. Ganito-at-ganiyan ang ginawa niya." At ang sabi ng Biblia, "Sa impiyerno ay tumingala siya dahil nasa pagdurusa." Kita n'yo?

120 At alalahanin n'yo, hanggang sa impiyerno ay nais pa rin niyang panatilihin ang kaniyang propesyon. Nakita niya si Lazarus sa sinapupunan ni Abraham, at ang sabi niya, "Amang Abraham, isugo mo si Lazarus dito sa ibaba," (Kita n'yo?) ama pa rin ang tawag niya sa kaniya. Kita n'yo? Pinili niyang maging maalam at nagsimba siya sa isang iglesiang intelektuwal. Nang mahagip siya ng Liwanag, tinanggihan niya Iyon. Kung hindi ba naman iyan ang modernong kalakaran ng iglesia sa araw na ito, ewan ko kung ano. Kahit ano pa ang pasilayin ng Diyos sa kanilang landasin, ang Haliging Apoy o anuman iyon, nagagawa pa rin nilang sa pamamagitan ng kanilang kaalaman, kaya nila iyong ipaliwanag at tuloy pa rin ang simba nila sa grupong intelektuwal para gumanda ang katayuan nila sa lipunan. 249 Ngunit si Pablo, maganda na ang katayuan niya sa lipunan, taglay niya ang dakilang kaalaman, isa siyang dakilang iskolar sa ilalim ng pagtuturo ni Gamaliel, kanang kamay siya ng punong saserdote at kumuha pa nga siya ng atas sa saserdote upang ipakulong lahat ng mga holly-rollers. Ngunit nang tumama ang Liwanag sa kaniyang landasin, at naunawaan niyang iyon palang Haliging Apoy na nanguna sa Israel sa paglalakbay nito sa ilang ay si Jesus Cristo, iniwan niyang lahat ang nalalaman niya. Nagkaroon siya ng Buhay.

121 Masasabi ba ninyo na ang buhay ng lalaking mayaman ay isang buhay na karapatdapat sa Ehanghelyong kaniyang narinig? Bagama't isa siyang mananampalataya, masasabi ba ninyong ang buhay na iyon sa piling ng mga intelektuwal at mga taong tagapagbigay ng kasiyahan at . . . Nung gabing iyon doon sa — habang papalubog ang araw, pinag-uuntog ang mga baso at marahil may paring nagdarasal doon sa itaas . . . at itinaas niya ang kaniyang baso ng alak at nangusap siya tungkol sa kaniyang dakilang pananampalataya sa Diyos, at bago magliwanag kinabukasan, bago pa sumikat ang araw, nasa impiyerno na siya. Tama. Hayan ang inyong mga intelektuwal.

122 Ngunit si Pablo. nang mahagip siya ng Liwanag, ihambing natin ang kaniyang huhay at nang makita natin kung karapatdapat siya. Ano'ng nangyari? Nang si Pablo, nang tamaan siya ng Liwanag, iniwan niyang lahat ang kaniyang kaalaman at nilayuan niya ang intelektuwal na grupong iyon, at lumakad siya sa Espiritu ni Jesus Cristo. (Luwalhati sa Diyos.) Ngunit kahit napakatalino niya, hindi siya gumamit ng mga matatayog na salita. Nang mapasama siya sa mga tagaCorinto, ang sabi niya, "Hindi ako napariyan sa inyong dala ang karunungan ng tao. Hindi ako napariyan dala ang matatayog na

pananalita, dahil baka diyan masalig ang inyong pananampalataya, ngunit napariyan ako sa kapayakan, sa kapangyarihan ng pagkabuhay na magmuli ni Jesus Cristo, upang ang inyong pananampalataya ay diyan masalig." Hayan ang Buhay. Pagmasdan n'yo. 252 Hindi niya ginamit ang kaniyang edukasyon. Hind siya nakisama sa lupong intelektuwal. Lumakad siya sa Espiritu ni Cristo, mapagpakumbaba, masunurin sa Salita ng Diyos kahit pa nga salungat na salungat iyon sa kaniyang mga kredo. Ngunit nakita ni Pablo ang Liwanag at lumakad siya rito (Tama nga ba?), hinayaan niyang ang Buhay ni Cristo ang sumalamin kay Jesus Cristo sa kapanahunang iyon na kinabilangan niya, nang makita ng mga tao ang Espiritu ng Diyos sa kaniya. At pinaniwalaan iyon ng mga mapagpakumbaba hanggang sa nagsipagdala sila ng mga panyo. Idinadampi nila iyon sa kaniyang katawan. At gayon na lamang ang sampalataya nila . . . Siya ang kinatawan ni Jesus Cristo hanggang sa ang bawat mahipo niya ay sinampalatayanan nilang pinagpala. Oo. Ano'ng dakilang lalaki. Ibinigay niya ang kaniyang huhay, ang kaniyang yaman, lahat ng nasa kaniya, ang kaniyang edukasyon, kinalimutan niyang lahat para magawa niyang makisama sa mga mangingisda, at mga pulubi, at mga taong palaboy sa lansangan, upang ang kaniyang mga liwanag ay sumalamin sa pag-ibig ni Jesus Cristo. Ang sabi niya, "Hinaplit nila ako ng latigo sa aking likuran nang apatnapu't siyam na ulit. Hindi ako natinag, pagkat dala ko sa aking katawan ang mga tatak ni Jesus Cristo." Ibang-iba kaysa sa mataas na taong ito na napapaligiran ng mga pari.

123 At noong siya ay nasa Roma at walang sinumang kumampi sa kaniya at hinahanda na nila ang batong-sangkalan kung saan ay pupugutan siya ng ulo, doon niya iyon sinabi. Oh, naku. Ang sabi niya, "May naghihintay sa aking putong ng katuwiran, na igagawad sa akin ng Panginoon, ng Matuwid na Hukom sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin kundi pati sa kanila — lahat ng nagsisiibig sa Kaniyang pagpapakita." Iyan ang buhay na karapatdapat sa Ebanghelyo. 254 Ano pa ang tungkol sa kaniya? Nanindigan siya para kay Cristo. Hinayaan niyang masalamin ang Ebanghelyo sa pamamagitan niya. Bago iyon, humayo muna siya upang matutunan ang Ebanghelyo. Nagtungo siya sa Arabia at tumigil siya roon ng tatlong taon, at kinuha niya ang Lumang Tipan at ipinakita niya sa pamamagitan ng Lumang Tipan na si Jesus Cristo pala iyon. At hinayaan niyang maisalamin ito sa pamamagitan niya sa isang mapagkumbabang lupon ng mga tao na kaniyang — nang sabihin niya, "Alam ko kung paanong magpakabusog, at alam ko kung paanong magutom at magdahop." Ang isang taong tulad niya na may pinag-aralan at ang isang

iskolar na tulad niya ay nagawang tumayo sa tabi ng — taglay niya ang pagiging aral ni Gamaliel, isa sa pinakamahusay na tagapagturo ng panahong iyon, at kasa-kasama siya ng punong saserdote . . . Kapatid, marahil ay milyunmilyong dolyar ang halaga ng yaman niya at pag-aari niya ang lahat ng uri ng gusali. Tama. Ngunit ang sabi niya, "Ako . . ." Ni wala nga siyang — iisa lang ang balabal niya. 255 At nakita iyon ni Demas. Ang isang lalaki na mayroong gayon kadakilang ministeryo, sa ikatlong kabanata ng II Timoteo ay sinabi niya, "Iniwan ako ni Demas, at ng lahat ng tao, dahil mas inibig pa nila ang kasalukuyang sanlibutang ito." Ang sabi niya, "Kung paparito ka, dalhin mo ang aking balabal na naiwan

ko riyan. Gumiginaw na." Ang isang lalaking may ministeryong tulad nito, isa lang ang balabal niya . . . Luwalhati sa Diyos.

124 Naalala ko tuloy si San Martin noong nagsisikap siyang manindigan para sa Ebanghelyo at lahat, bago siya manampalataya. Sa — sa Pre-Nicene — o sa Konseho ng Nicaea, ang mga Ama sa Nicea, sa kasaysayan . . . Isang araw ay papasok siya sa pintuang daan . . . Taga roon siya sa Tours, sa Francia. At may mga tao roon — may isang matandang palaboy na nakahiga roon, naghihingalo, wala siyang suot na damit, at nagsidaan ang mga tao na may kakayanang magbigay sa kaniya ng damit ngunit hindi nila ginawa. Daandaanan lang nila siya at hindi nila pansin ang matanda. At tumayo roon si San Martin at tiningnan niya siya. Ang sabi nila siya raw ay . . . 257 Bawat kawal noon ay may kasamang tagalinis ng kaniyang bota, at siya ang nagpapakintab ng bota ng kaniyang alipin. Hinubad niya ang kaniyang balabal at sa pamamagitan ng isang punyal ay hinati niya ito — ng kaniyang tabak, binalot niya nito ang matandang palaboy, ang sabi niya, "Maaari tayong mabuhay na dalawa." Umuwi siya at nahiga siya sa kama. Habang nakahiga siya roon at pinag-iisipan ang tungkol sa matandang lalaki, napaiyak siya; biglang may gumising sa kaniya. Nang tumingin siya ay nakita niyang nakatayo sa loob ng silid si Jesus Cristo na nababalabalan ng piraso ng damit na pinambalabal niya sa palaboy. Ang sabi Niya, "Dahil ginawa mo sa pinakamaliit kong lingkod, sa Akin mo ito ginawa." Iyan ang buhay na karapatdapat sa Ebanghelyo. Alam n'yo rin kung paano niyang sinelyuhan ang kaniyang buhay, hindi ba?

125 Tingnan n'yo si Polycarp na nanindigan para sa bautismo sa Ngalan ni Jesus laban sa Iglesiang Romano Catolico, at ipinasunog nila siya, giniba nila ang isang bahay-paliguan at doon siya sinunog. Tingnan n'yo si Ireneo, at ang iba pa na nagdusa alang-alang sa adhikaing ito. Iyan ang mga buhay na karapatdapat.

Tingnan n'yo kung ano'ng sinabi ni Pablo sa Aklat ng mga Hebreo sa ika-11 kabanata, ang sabi niya ay nilagari ang mga iyon at hinatak ang kanilang mga katawan hanggang malasog ang mga ito, nagpagala-gala silang ang suot ay balat ng tupa at balat ng kambing sa — sa ilang at nagdahop sila at lahat, mga buhay na hindi karapatdapat sa mundong ito. Hayan ka na. Ang buhay na iyon ay karapatdapat sa Ebanghelyo. Paano kaya maihahambing ang buhay ko at buhay mo sa araw ng paghatol sa mga taong tulad nila?

126 Tingnan natin si Pablo ngayon sa ating pagpapatuloy. Nanindigan siya para sa Ebanghelyo at pinadaloy niya si Jesus sa kaniyang katauhan kahit pa gaano — anuman — kahit ano pa ang sabihin ninuman tungkol dito, kahit pa nga ang punong saserdote . . . Aba, pumaroon siya at pinugutan siya ng ulo dahil dito. Siya ay karapatdapat na kinatawan ng Ebanghelyo, hinayaan niyang (Tingnan n'yo riyan.) — kahit ano pa ang isipin ng mga tao — pinadaloy niya ang kuryente ng Buhay na Walang Hanggan sa kaniyang katauhan nang lubos hanggang sa magawa niyang sabihin, "Mamarapatin kong masumpa kay Cristo alang-alang sa aking mga kapatiran." Ngayon, alam n'yo kung ano'ng gagawin n'yo kung nasa inyo ang Buhay na Walang Hanggan, hayan ang inyong tanong; hayan ang inyong sagot. Maaari ninyong piliin ang panig ng intelektuwal o ang panig na ito. Kung talagang kayo'y may Buhay na Walang Hanggan, iyan ang nangyayari. Iyan ang nangyayari. 261 Si Pablo, handa siyang masumpa kay Cristo upang ang kaniyang bayan, ang bulag, walang alam na mga tao na ayaw makinig sa kaniyang Ebanghelyo . . . At naisip ko nahihiya ako sa aking sarili. Handa ko na sana silang isuko dahil ayaw nilang makinig sa akin. Nadarama kong kailangan kong magsisi at nagsisi na nga ako. Kita n'yo?

127 Pansinin n'yo, kahit ano pa ang isipin ng iba, ang ganitong uri ng buhay ay karapatdapat sa Ebanghelyo. Ngayon, magwawakas na ako. 263 Ang lalaking mayaman, tulad ng karamihan sa atin ngayon, pinagsarhan niya at tinanggihan ang Salita ng Buhay, at naging isa siyang miyembro ng iglesia, at ipinakita niya ang buhay na napatunayan ng Biblia na hindi karapatdapat sa Ebanghelyong pinatatanggap sa kaniya. Tama ba? Paanong makasisinag ang Ebanghelyo sa nadilimang liwanag na tulad niyan, itinatanggi ang kapangyarihan ng Diyos?

128 Ngayon, ang tanging paraan upang makapamuhay ng isang buhay na karapatdapat, at ang hayaang si Cristo at ang Kaniyang Salita, na siyang Salita, na maisalamin ang Sarili nang buong kasakdalan sa iyo, hanggang sa ibindika ng Diyos na Siya ang Salita. Sapagkat namatay si Cristo upang ialay Niya ang

Kaniyang Sarili sa harap ng Diyos bilang isang Hain, at nagbalik ito sa anyo ng Espiritu Santo upang isalamin ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan mo upang matupad ang Kaniyang Ipinangakong Salita sa mga darating na araw, tulad ng napakinggan ni Juan Bautista nang nabalitaan niyang dumating si Cristo . At lumusong si Cristo sa tubig, at ang sabi ni Juan, "Narito, ang Kordero ng Diyos." Walang ibang nakakita nito, sa Liwanag na iyon na bumababa mula sa Langit na parang kalapati, at may tinig na nagsabi, "Ito ang Aking sinisintang Anak, na Aking kinalulugdang panahanan." Nakita niyang dumarating Iyon, at lumusong si Jesus sa tubig, si Emmanuel, sa harapan ng — ng mangangaral na umano ay radikal, lumusong Siya sa tubig sa paningin ng mga tao na ang sabi, "Nais kong magpabautismo sa iyo." 265 Ang sabi ni Juan, "Panginoon, ako ang kailangang bautismuhan Mo. Bakit Ikaw ang naparito sa Akin?" Nagpanagpo ang kanilang mga mata, ang propeta at ang kaniyang Diyos. Amen. Maiisip ba ninyo — sana naroon ako upang panoorin iyon, ang makita ang matapang, malalalim na mga mata ni Juan ay kumurap

at nasumpungan ng mga ito ang matapang, malalalim na mga mata ni Jesus, magpinsan silang makalawa sa laman. 266 Ang sabi ni Jesus, "Juan, ipahintulot mong mangyari ito ngayon, sapagkat nararapat na tuparm natin ito. Tayo ang mga sugo sa oras na ito. Nararapat nating tuparin ang buong katuwiran." 267 Naisip ni Juan, "Oo, Siya ang Hain. Kailangan munang hugasan ang Hain bago ito ihandog." Pagkatapos ay sinabi niya, "Halika rito." At binautismuhan niya Siya. Amen. Sa ibang salita, "Nararapat nating tuparin ang buong katuwiran." Dahil alam ni Jesus na ang lalaking iyon ay tunay, ang sabi Niya, "Wala pang taong isinilang ng babae na katulad niya. Higit pa siya sa isang propeta. Kung kaya ninyong tanggapin ito, higit pa siya sa isang propeta." 268 At tumingin si Jesus sa puso niya at dahil batid Niya ito, kinatagpo Siya nang mukhaan ng sarili niyang pinsan. Ang sabi ni Juan, "Panginoon, ako ang kailangang magpabautismo sa Iyo, at bakit Ikaw pa ang naparito sa akin?" 269 Ang sabi Niya, "Ipahintulot mo'ng maganap ito, Juan, ngunit alalahanin mo, nararapat na tuparin natin ang lahat ng ipinangako ng Diyos, at Ako ang Hain. Kailangang mahugasan muna Ako bago ako ihandog." Ay, naku, naku.

129 At sa araw na ito kung kailan ang mga panggabing Liwanag ay sumisikat na, kung kailan walang taong nasa wastong katinuan na hindi makapagsasabing . . . Sinumang mag-aaral ng Biblia ay nakababatid na ito na ang huling araw. Kung gayon ay nararapat para sa atin na lumayo sa naglalakihang mga pader na ito o lumayo sa mga bagay na ito at pumasok tayo

sa katuwiran ni Jesus Cristo sa mga huling araw at tanggapin natin ang Tatak ng Diyos bago tayo matatakan ng diablo ng tatak ng hayop. 271 Ay, naku. Siyanga. Manalangin kayo sa Diyos na pasilayin nawa Niya ang Liwanag ng araw na ito na lumago sa kalooban n'yo upang maging masunurin kayong lingkod ng Diyos, at pagkatapos ay hayaan n'yo ang bunga ng Espiritu Santo ay manatili sa inyong mga buhay. At iyan ay isang buhay na karapatdapat sa Ebanghelyo.

130 Hayaan n'yong sabihin ko ito sa aking pagwawakas. Ang tanging paraan — ang tanging paraan upang makapamuhay ka ng buhay na karapatdapat sa Ebanghelyo ay ang hayaan mong ang Mismong Ebanghelyo, ang bawat bahagi ng Ebanghelyo, ay pumasok sa inyo upang isalamin Nito ang Kaniyang mga pangako, ibindika ang mga ito. Hayaan n'yong ang Diyos ay manahan sa inyo upang siyang bumindika sa mga pangako ng araw na ito. Kung paanong si Juan — at sinabi ni Jesus kay Juan, "Hayaan mong mangyari ito, Juan, tama, ngunit tayo ang mga Sugo sa araw na ito, at kailangang tuparin natin ang buong katuwiran." At kung tayo ang mga Cristiano sa araw na ito, tanggapin natin si Jesus Cristo sa ating mga puso. At Siya ang Salita. Huwag ninyong tatanggihan ang alin mang bahagi Nito, sabihin n'yo, "Katotohanan Ito." At isapuso ninyo Ito, at masdan n'yo ang pag-usbong ng Espiritu sa inyo, at tutuparin Nito ang bawat pangako Niyang nakapaloob sa Biblia. Nais ng Diyos na tuparin ang Kaniyang Salita, at wala Siyang kamay maliban sa mga kamay ko at mga kamay mo. Wala Siyang dila maliban sa dila ko at dila mo. "Ako ang Puno; kayo ang mga sanga." Ang mga sanga ang siyang namumunga. Ang Puno ang nagbibigay lakas sa sanga. Iyan ang buhay na karapatdapat.

131 Ang dalangin ko ay nawa ang mga nakikinig sa radyo — o sa tape at sa mga naririto ngayon, nawa ang Diyos ng lahat ng biyaya ng kalangitan, pasilayin nawa Niya ang Kaniyang mapagpalang Espiritu Santo sa ating lahat, upang tayo, mula sa gabing ito, ay makapamuhay ng buhay na masasabi ng Diyos, "Lubos Akong nalulugod; pumasok ka sa walang hanggang kaligayahang hinanda para sa iyo mula pa nang itatag ang sanlibutan." Nawa ang Diyos ng kalangitan ay magpadala ng Kaniyang mga pagpapala sa inyong lahat. 274 Dalangin ko na nawa'y pagpalain kayo ng Diyos sa gabing ito, kayong mga kababaihang maiikli ang buhok nang sa gayon ay maunawaan ninyo ito at nang magawa ninyong layuan ang modernong kalakaran ng araw na ito at mapagtanto ninyo na sinabi ng Diyos na hindi n'yo dapat ginagawa iyan. At kung nagkasala kayo ng pagsusuot ng mga kasuotang imoral, nawa ang Diyos ng kalangitan ay magpadala ng biyaya sa inyong puso upang huwag

mo nang gawin pang muli. Nawa buksan ito ng Espiritu Santo sa iyo at ipakita Niya ito sa iyo. Nawa kayo na hindi pa nababautismuhan ng Espiritu Santo . . .

132 Nawa kayong mga kalalakihang may asawa at pinapayagan n'yong sila ang maging amo sa inyong tahanan at pinangungunahan niya kayo, nawa bigyan kayo ng Diyos ng kalangitan ng biyaya upang maging matatag kayo at nang maibalik mo ang wastong pag-iisip sa asawa mo, at nang mapagtanto niya na iyan ang lugar mo kay Cristo. Hindi bilang amo, kundi ikaw ang ulo ng tahanan. Alalahanin n'yo, hindi siya kabilang sa orihinal na paglalang; isa lamang siyang ikalawang produktong nagmula sa iyo, na ipinagkaloob ng Divos sa iyo upang mangalaga sa iyo, upang panatilihing malinis ang mga damit mo, at maghain ng iyong pagkain, at iba pa. Hindi siya diktador sa iyo. 276 Kayong mga babaeng Americana na gumagalang puno ng pintura ang inyong mga mukha at ang tataas ng mga ilong ninyo; kung uulan ay malulunod kayo, at ang akala n'yo yata ay kung sino na kayong diktador. Diktador lang kayo sa isang lalaking binabae, ngunit hindi sa isang tunay na anak na lalaki ng Diyos. Tama, tama. Nawa ay pagkalooban kayo ng Diyos, kayong mga kalalakihan ng biyaya bilang mga anak ng Diyos na tigilan n'yo na ang ganiyang kawalang saysay. Tama.

133 Nawa ay pagkalooban Niya kayo ng biyaya upang magawa ninyong itapon ang mga sigarilyo, tigilan ang pakikinig sa mga malalaswang biruan, sa lahat ng bagay na walang kawawaan. Maging mga anak

nawa tayo ng Diyos upang makapamuhay tayo ng buhay na karapatdapat sa Ebanghelyo. Kapag nakita nila kayong naglalakad sa daan, masabi nawa nila, "Kung mayroong mga taong totoong Cristiano, isa siya sa kanila. Iyan ang isang tao na ginagamit ng Diyos upang ipakita ang Kaniyang Sarili, at ang taong iyan ay isang tunay na Cristiano." Kung mayroon taong matatawag na Cristiano . . . Maaaring iniisip mong makaluma ang ayos niya. Isa siyang tunay na binibini. Hayun. 278 Maging Cristiano kayo na maganda ang reputasyon, sapagkat dayo lang tayo dito. Hindi ito ang tahanan natin. Ang tahanan natin ay nasa itaas. Tayo ay mga anak ng Hari, ng kataas-taasang Hari. Nawa ang buhay natin ay maging — isang buhay na kapuri-puri, mamuhay nawa tayo ng isang uri ng buhay, na makapagbibigay ng karangalan sa bagay na sinasabi nating tayo, isang Cristiano. At kung hindi mo kayang mamuhay ng ganitong uri ng buhay, kung gayon ay huwag ka nang patatawag na Cristiano, dahil nagdadala ka lang ng kahihiyan sa adhikaing ito.

134 Salamat sa inyo. Sa init ng gabing ito at nakaupo kayo rito, umaasa akong walang kahit isa sa inyo na mapapahamak sa araw na iyon. U — u — umaasa akong ikaw at ako ay magkasamang makasumpong ng biyaya sa harap ng Diyos, nang sa gayon ay magawa kong laging manindigan para sa Katotohanan, nawa'y hindi ko kayo magawang saktan, at hindi ko rin pigilan ang pagsaway sa inyo. Kita n'yo? Kung gagawin ko ito, lalabas na hindi ako mabuting ama kung pababayaan kong gawin ng aking mga anak ang anumang maibigan nila. Itutuwid ko sila. Iyan ang gagawin ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay nagtutuwid. Natatandaan ko pa nang isulat mo ang talang iyon sa akin, Pat. Hawak ko pa rin iyon hanggang ngayon. Na ang pag-ibig ay nagtutuwid, iyan ang sabi ng Biblia. At kung hindi tama iyan . . . Kaya nga itinutuwid tayo ng Diyos; Mahal kasi Niya tayo. 280 Nawa ay makapamuhay tayo mula sa oras na ito ng buhay na karapatdapat, taglay ang pagiging magiliw at banayad. Huwag n'yong papansinin, ang nagsasabi . . . "Buweno, purihin ang Diyos, alam kong taglay niya iyon; nagsalita kasi siya ng ibang wika; nagsayaw siya sa Espiritu." Walang masama riyan, ngunit kung wala sa kaniya ang bunga ng Espiritu Santo; iyan lang ang maaari Niyang gawin.

135 Pagpalain kayo ng Diyos. Magsiyuko tayo sumandali. Hayaan nating ang Diyos na nagpasilay ng Kaniyang Liwanag sa huling araw na ito, at nakalapag sa aking harapan ang Kaniyang Biblia, at ang larawan ng Anghel, ang mahiwagang liwanag na Ito na hugis piramid, na maging ang mga scientist, hindi nila alam kung paano iyong napunta rito . . . Hindi nila maipaliwanag ito, ngunit Ama, nagpapasalamat kami; sinabi Mo ito sa amin maraming buwan bago ito maganap; at nagpapasalamat kami sa Iyo. Nawa lahat ng tao na tinatawag sa Aking Pangalan ay lumayo sa kasalanan sa gabing ito, Panginoon, sa kawalan ng paniniwala. Nawa, at naging matalas ang aking pananalita laban sa aking mga kapatid na babae, hindi dahil hindi ko sila mahal, Panginoon, ngunit ayaw ko kasing nakikitang pinipilipit sila ng diablo hanggang sa baka bigla na lamang silang tumimbuwang at mamatay isa sa mga araw na ito at pagkatapos ay magtatangka silang katagpuin Ka sa ganoong kalagayan, matapos nilang mapakinggan ang Katotohanan ng Diyos tulad nito. 282 Nawa ay madama nilang kailangan nilang saliksikin ang mga Kasulatan at tingnan nila kung tama ito, lumuhod nawa sila at buong katapatan nilang sambitin, "Diyos, totoo nga ba iyon?" Kung magkagayon ay iyon lang ang kailangang gawin, Panginoon, kung magiging sinsero lang sila tungkol dito, pagkat ang Iyong Salita ay Katotohanan.

136 Naupo rito ang mga tao; marami sa kanila marahil ay nasaktan sa narinig nila. Ngunit ang Espiritu ng Diyos ay nangusap sa kanila, at naupo silang tahimik at nakinig. Pahuli na nang pahuli ang oras. Gumagabi na, at huli na rin sa — sa panahong kinabubuhayan natin. Palubog na ang araw; nanlalamig na ang sanlibutan. Diyos, hindi maglalaon at kakagat na ang dilim, at darating na ang Panginoon upang kunin ang Kaniyang Iglesia. Pinasasalamatan Ka namin dahil dito, Panginoon. 284 Dalangin namin ngayon, na pagpalain Mo ang bawat taong naririto sa Makadiyos na Presensiya. Lahat ng nakaririnig ng tape na ito, Panginoon, sa buong mundo, nawa ay magawa nilang lumayo sa mga lumang kredo at mga bagay-bagay, at dumulog sila at maglingkod sa buhay na Diyos, dumulog nawa sila at mamuhunan dito, gawin nawa nila ang ginawa ng reyna ng timog. Dumulog siya, inabot siya ng tatlong buwan bago niya marating ang isang lalaking kumakatawan kay Jesus Cristo, o ang Diyos ng Kalangitan, si Solomon. Sinabi ni Jesus na dumating siya mula sa dulo ng sanlibutan upang pakinggan ang karunungan ni Solomon, at narito, higit pa kay Solomon ang naririto ngayon. At batid naming higit pa kay Solomon ang naririto ngayon, ang dakilang Espiritu Santo Mismo ay naririto, kumikilos sa pamamagitan ng mga tao. Pinasasalamatan Ka namin dahil dito, Ama. Dalangin ko na ang mga pagpapala . . .

137 Ngayon, pagpalain Mo po ang mahal naming pastor, na si Brother Neville. Panginoon, ha — habang tinitingnan ko siya at nakikita ko ang kaniyang pagpapagal na may lakip na pag-ibig, lumulukso ang aking puso. Mahal ko siya. Nakikita ko siya habang tinitingnan niya ang kaniyang maybahay at ang mumunti niyang mga anak, da — dalangin ko, Diyos, na palakasin Mo nawa siya, bigyan Mo siya ng lakas ng loob, pagpalain Mo siya upang makapaglingkod siya nang marami pang taon sa anihan ng dakilang bukiring kinaroroonan namin. 286 Nariyan din si Junie, at si Brother Ruddell, at ang mga minamahal kong mga kalalakihan, na kapatid na babaeng iglesia ng iglesiang ito, na naninindigan at nagtataguyod ng Liwanag ng Ebanghelyo sa iba't ibang bahagi ng lungsod na ito sa palibot, para sa Liwanag ding Ito, ipinakikipaglaban Ito. Salamat po sa mga lalaking ito, Panginoon. Palakasin Mo po ang loob nila upang mapagkalooban sila ng biyaya upang malampasan nila ang mga dakilang pagsubok na nagsisidating sa

ibabaw ng lupa upang subukin ang lahat ng Cristiano. 287 Pagalingin Mo po ang maysakit at ang mga nagbabata, Panginoon. Sumaamin Ka nawa sa darating na linggo. Bigyan Mo po kami ng lakas ng loob. Nawa ang munting patid-patid na araling pang Sunday school na narinig nila sa araw na ito ay hindi mawaglit sa kanilang mga puso. Nawa ay magmuni-muni sila rito araw at gabi. Itulot Mo po ang mga

pagpapalang ito, Ama. Sa Ngalan ni Jesus Cristo, hinihiling ko ito. Amen.

138 Mahal n'yo ba Siya? Sumasampalataya ba kayo? Awitin nating muli ang maganda nating awitin. "Mahal Siya, Mahal Siya," habang nagkakaisa tayong lahat. Nasaan si Sister Ungren, nandito ba siya? Isa sa kanila, ang sister na nagpipiano . . . Isa sa mga babaeng ito . . . Hindi ko makita . . . Siyanga, heto siya, ang babaeng ito. Tama. 289 Nais ko sanang sa gabing ito, mawalang galang na, ngunit hindi ko nakita si Brother Ungren, nais ko sanang awitin niya ngayong gabi ang, "Dakila Ka." At wari ko'y umuwi na ang kapatid natin. Kita n'yo? Narinig ko ang awiting iyon kaninang umaga at tiyak ngang pinahahalagahan ko iyon. Naku, oh, tumimo iyon sa aking puso. At na — na — nais ko siyang marinig na umaawit ng, "Dakila Ka."

139 Ngayon, magsi-awit tayo ng, "Mahal Siya." Lahat tayo, sabaysabay. Ngayon, ipikit lang ninyo ang inyong mga mata at tumingin tayo sa Kaniya ngayon. Sabihin n'yo, "Panginoon, kung mayroon pang mga karnalidad na ito sa akin, alisin Mo po ito ngayon din. Alisin Mo po ito." At sa mga nakikinig sa tape, kapag narinig ninyo ang awiting ito, sabayan n'yo kami sa pag-awit, diyan mismo sa silyang kinauupuan n'yo, kung mayroong — kung kayo'y nakundena ng Salita . . . Kung sa palagay ninyo'y hindi ito ang Salita, saliksikin n'yo ang Kasulatan, tingnan n'yo kung tama ito. Nararapat lang na gawin n'yo ito; nangangahulugan ito ng buhay o kamatayan. At habang inaawit natin ang awiting ito, kung may karnalidad sa inyong buhay, maaari bang itaas mo ang iyong kamay sa upuan mo. Ipataas mo sa iyong asawa't mga anak ang kanilang mga kamay, habang katabi mo ang mga mahal mo sa buhay, awitin n'yo ang, "Mahal Siya," at isuko mo ang buhay mo sa Kaniya, at sabihin mo, "Linisin Mo ako, Panginoon, mula sa lahat ng kasamaan." Habang umaawit tayo ngayon, magsitayo tayo. Mahal siya, Ma — (Panginoong Jesus, dalangin ko na pagalingin Mo ang mga taong — magsusuot ng mga bandanang ito. Binabasbasan ko ang mga ito sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.) Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

140 Ngayon, sa dakilang pagpapalang ito (Magpatuloy ka sa pagtugtog, Sister.), ipikit n'yo lang ang inyong mga mata at mag-isip lang kayo sandali. Manalangin tayo sa ating mga puso. "Panginoong Jesus, saliksikin Mo po ang aking kalooban. Talaga bang mahal Kita? Ang Sabi Mo, 'Kung mahal mo

Ako, tutuparin mo ang Aking mga Salita. Kung mahal mo ako, tutuparin mo ang Aking Salita.'" At sa iyong puso ay sambitin mo, "Panginoon, itulot Mong matupad ko ang Iyong Salita. Hayaan Mong ingatan ko ito sa aking puso, huwag nawa akong magkasala laban sa Iyo (huwag nawang di ako maniwala sa anumang bagay na sinalita Mo.)." 292 At ngayon, habang umaawit tayo, "Mahal Siya," makipagkamay tayo sa katabi natin; iabot mo ang kamay mo at sabihin mo, "Pagpalain ka ng Diyos, brother o sister." Buong katahimikan ngayon. Ma- (Pagpalain ka ng Diyos, brother.) Ma-(Pagpalain ka ng Diyos, brother. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, sister.) At (Pagpalain ka ng Diyos, sister. Pagpalain ka ng Diyos . .. ? . . . Pagpalain ka ng Diyos.) Sa Kalbaryo. 293 Ngayon nama'y itaas natin ang ating mga kamay sa Kaniya. Mahal Siya, Mahal Siya, Pagkat (. . . ? . . . ang ginawa mo sa iyong . . . ? . . .) 'ko, Nagbayad ng kaligtasan Sa kalbaryo.

141 Mahal n'yo ba Siya? Hindi ba't kahanga-hanga Siya? Idadalangin ko ang bawat isa sa inyo, mga bata. Ano'ng buti ang maidudulot kung ako'y tatayo rito at ipangungusap ko ang mga bagay na ito kung — kung sa aking puso ay hindi ko iniisip na matutulungan ko kayo? Sa tuwing ako'y napapagod at nanglulupaypay . . . Halos ay hindi ko na kayang tumayo rito. Nananakit ang aking mga paa, at ang aking mga sapatos, nababad na ang mga ito ng pawis hanggang sa mamanhid na ang aking mga paa. At pa — pagod na pagod na ako. Hindi na ako bata, at kung mangaral ako ay tatlo, apat na oras ang baba ng aking mga sermon at saka ako mananalangin sa mga maysakit at maghapon magdamag kong ginagawa ito. Bakit ako tatayo rito upang gawin ito? Alam n'yo ito sa nakalipas na tatlumpung taon, kung ito'y para lang sumikat, tinanggihan ko iyan. Alam n'yong hindi ako tumatanggap ng salapi; alam n'yo iyan. At hindi pa ako . . . May sinabi na ba ako sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi natupad? Alam n'yong tama iyan. Mahal ko kayo. Ang pag-ibig ng Diyos ang narito sa puso ko para sa bawat isa sa inyo. Sana ay kaya kong . . . Sana ay magawa kong tumayo sa harapan ng Diyos at sabihing,

"Diyos, I— I — itulot Mo pong matulungan ko sila. Ha — hayaan Mong gawin ko ito. Hindi ko ito kaya. Bawat tao ay kailangang tumayo para sa kaniyang sarili. Kita n'yo?

142 Na — na — naniniwala akong aakyat na tayong lahat, isa sa mga araw na ito. At kung sakaling makatulog tayo bago dumating ang oras na iyon, sakaling kunin na ako sa piling n'yo, alalahanin n'yo, magkikita tayo sa dakong iyon. Ang pangitain ko na nagsabi sa inyo ng lahat ng bagay, sakdal iyon, kailangang matupad iyon kung paano Niyang sinabi. Walang sinuman sa inyo dito sa loob ng maraming taong nakalipas ang makapagsasabi na may sinabi akong anuman sa inyo na hindi natupad. Alam iyan ng buong mundo. Wala kayong nakita sa entabladong anumang nasabi na hindi nagkatotoo. Kita n'yo?

Laging ganiyan. Ang Diyos ding iyon, pinayagan Niya akong sumilip sa likuran ng tabing ng panahon, at nakita ko ang mga babae't lalaki na nagsisiyakap sa akin, ang sabi ni la, "Oh, Brother Branham" Sad — sadyang hindi ako makaupo. Kung pagod na ako, lilisan na rin naman ako. 296 Nananakit ang aking likod at a — ako'y . . . Araw-araw . . . li — li — li — lim — limampu't apat na taong gulang na ako. Alam n'yo, araw araw ay nadaragdagan ang nararamdaman kong sakit. Ang dalangin ko: Diyos, ingatan Mo ako; ingatan Mo ako upang makapangaral ako ng Salita at makapanindigan ako sa Katotohanan hanggang sa makita ko ang aking anak na si Joseph ay sapat na ang gulang at puspos ng Espiritu Santo, upang magawa kong kunin ang luma at gutay nang Bibliang ito at ilalagay ko ito sa kaniyang mga kamay at sasabihin ko, "Anak, dalhin mo ito hanggang sa wakas ng iyong buhay. Huwag kang magkokompromiso."

143 Ang akala ko ay mangangaral si Billy ng Ebanghelyo. Hindi siya tinawag ng Diyos, ngunit naniniwala ako na si Joseph, kahit nga — kahit nga napakasalbahe ng batang ito, naniniwala ako na tinawag siya ng Diyos. Kaya hindi siya makasundo ng ibang bata. Tagapamuno kasi siya. At a — a — alam kong tinawag siya ng Diyos. Nais ko siyang sanayin sa daan ng Salita — sa daan ng Salita ng Panginoon, upang hindi niya iwanan ang Salita, nais kong ako mismo ang gumawa nito, kung loloobin ng Diyos. At sa aking pagtanda at ako'y mauupo at makikita ko — makikita ko siyang tatayo sa pulpito at sasabihin niya, "Ang Ebanghelyo ring Ito na tinayuan ng Aking Ama. Nakaupo siya riyan at matanda na siya at gastado na ngayong gabi, ngunit nais kong kunin ang kaniyang lugar at isuot ang kaniyang panyapak." Tatayo siya roon. Kung magkagayon ay titingala ako at sasabihin ko, "Panginoon, hayaan Mong lumisang mapayapa ang Iyong alipin." Iyan ang gustung-gusto kong makita. Hanggang sa dumating ang pagkakataong iyon . . .

144 At kung ako'y magbabangon sa panibagong salinglahi. Hindi ko ito magagawa. Kailangan kong dumulog kasama ng salinlahing ito. Kailangan kong tumayong kasama ninyo. Kayo ang mga taong kailangan kong tayuan at ipagsulit sa harap ng Diyos tungkol sa Ebanghelyong ipinangaral ko. Sa palagay n'yo ba ay magagawa kong tumayo rito at pilipitin kayo upang ilayo kayo sa isang bagay na inaakala kong tama? Palalakasin ko pa ang loob n'yo na gawin iyon, ngunit alam ko na kung ito'y mali, nais kong alisin kayo rito at dalhin kayo sa kung ano ang tama. Sa katunayan, mula sa kaibuturan ng aking puso, ang Diyos ang aking saksi, mahal ko ang bawat isa sa inyo ng tunay na Makadiyos at Cristianong pagmamahal. Pagpalain kayo ng Diyos. Idalangin n'yo ako. Hindi ko alam kung ano'ng mangyayari sa aking hinaharap, ngunit alam ko kung Sino ang may hawak ng aking hinaharap, kaya't diyan ako nakasandig. 300 Ibinibigay ko ang — ang pulpitong ito sa lalaking pinaglalagakan ko ng pinakamataas na pagtitiwala bilang lingkod ni Jesus Cristo, ang ating pastor, si Brother Neville.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7